



July 2021

Pakkawawan Anna Passalba: Kalagayan ng Wikang Gaddang sa Siyudad ng Cauayan, Isabela

Janine M. Villanueva

Philippine Normal University - North Luzon

Follow this and additional works at
pnu-onlinecommons.org/omp/index.php



Online Commons Citation

Villanueva, J. M. & Palting, J. D. (2021)
Pakkawawan Anna Passalba: Kalagayan ng Wikang Gaddang sa Siyudad ng
Cauayan, Isabela
(Master's Thesis, Philippine Normal University)
Retrieved from pnu-onlinecommons.org/omp/index.php/pnu-oc/catalog/book/1326



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY
The National Center for Teacher Education

**PAKKAWAWAN ANNA PASSALBA: KALAGAYAN NG WIKANG GADDANG
SA SIYUDAD NG CAUAYAN, ISABELA**

Isang TESIS
na iniharap sa
Fakulti ng Gradwadong Pag-aaral at Pananaliksik
sa Edukasyong Pangguro sa Edukasyong Pangkatutubo
Pamantasang Normal ng Pilipinas
Hilagang Luzon
Isabela

Bilang Bahagi ng Katuparan
Sa mga Pangangailangan sa Titulong
MASTER NG SINING SA EDUKASYON SA PAGTUTURO NG FILIPINO

JANINE M. VILLANUEVA

Hulyo 2021



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang tesis na ito ay may pamagat na **“PAKKAWAWAN ANNA PASSALBA: KALAGAYAN NG WIKANG GADDANG SA SIYUDAD NG CAUAYAN”** na inihanda at iniharap ni **JANINE M. VILLANUEVA** bilang bahagi sa pagtupad sa pangangailangan para sa titulong **MASTER NG SINING SA EDUKASYON**, espesyalisasyon sa **Pagtuturo ng Filipino** ay nasuri at itinagubiling tanggapin at pagtibayin para sa isang pasalitang pagsusulit.

JULIEVIC D. PALTING

Tagapayo

Pinagtibay bilang bahagi ng katuparan sa mga pangangailangan sa titulong **Master ng Sining sa Edukasyon**, espesyalisasyon sa **Pagtuturo ng Filipino** ng Lupon ng Pasalitang Pagsusulit.

JOHN A. FURUC
Kagawad

MARISSA R. GUIAB
Kagawad

MA. LINA P. SARIO
Kagawad

VIRGILIO F. REYES, JR.
Tagapangulo

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng mga pangangailangan sa titulong **Master ng Sining sa Edukasyon**, espesyalisasyon sa **Pagtuturo ng Filipino**.

ROLDAN S. CARDONA
Katuwang na Dekano, Fakulti ng
Gradwadong Pag-aaral at Pananaliksik
sa Edukasyong Pangguro sa
Edukasyong Pangkatutubo

MADONNA C. GONZALES
Dekana, Akademiko at Edukasyong
Pangkatutubo



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

KABANATA I

ANG SULIRANIN AT ANG KALIGIRAN NITO

*“Ang wika ay isang behikulo
at instrumentong ginagamit ng mga tao at institusyon
sa lipunan – sa halos lahat ng ugnayan at talastasan ng mga ito.”*

Constantino P. at Atienza M.

1.1 Kaligiran ng Pag-aaral

Ang bawat grupo ng mga indibidwal ay may kani-kaniyang kultura’t paniniwala na nakatutulong sa pagbuo o paglinang ng wikang umaangkop sa kanilang pangangailangan. Batay na rin sa isang lumang kasabihan na, “Walang taong nakapag-iisa,” ang pinaka-esensyal na sandata upang matugunan ito ay ang pagkakaroon ng wikang magdurugtong sa bawat tao sa isang komunidad.

Ayon nga kay Lumbera (2003), Pambansang Alagad ng Sining sa Literatura, “parang hininga ang wika, sa bawat sandali ng buhay natin ay nariyan ito. Palatandaan ito na buhay tayo, at may kakayahang umugnay sa kapwa nating gumagamit din dito”. Ang bawat wika ay pinagyayaman mismo ng mga taong kasangkot sa isang komunidad na nalilintang sa iba’t ibang aspekto. Isa ang sarili nating wika na siyang bumubuo sa ating pagkatao. Nang dahil dito, nagkakaroon tayo ng tiyak at tunay na identidad na nagmumula mismo sa atin at hindi maituturing na hiram. Nagiging ganap ang ating pagkatao sapagkat tiyak ang dahilan nito – ang wika at kultura.

“Ang wika ay nanggaling sa kaibuturan ng kaluluwa at sa pamamagitan ng sariling wika ay naibubunyag ng tao ang kaniyang malalim na kalungkutan o



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

pighati” (Quito, 2009). Kung gayon, sa kaloob-looban ng pagkatao nagmumula ang wika kung saan ang pagkakaroon ng sariling wika ay nagsisilbing instrumento upang maipahayag nito ang kanyang saloobin. Kaugnay nito, ang wika ay maituturing na isang pangunahing instrumento upang ibahagi ng isang tao ang kanyang nasasaloob o nararamdaman sa ibang tao. Dito nag-uugat ang kahalagahan ng wika sa lahat ng bumubuo sa mundo. Ito ang nagsisilbing tulay sa lahat ng aspekto sa buhay ng tao. Katulad ng aspektong ispiritwal kung saan dahil sa wika ay nagkakaroon tayo ng malayang pag-aaral at pagbibigay kahulugan sa mga aral mula sa Diyos. Sa pamamagitan ng wika, nagagawang gabayan ng mga magulang ang kanilang mga anak. Nagkakaroon din ng pagsasalubong ng pagtuturo at pagkatuto nang dahil sa wika. Pinayayaman at pinananatili rin ng wika ang mayamang kultura ng ating bayan. Ang wika rin ang siyang dahilan kung paano nagkakaroon ng magandang pakikipag-ugnayan sa kapuwa, pagpapatatag sa samahan ng mga magkakaibigan, magkakapamilya, makakapitbahay, magkakabaranggay at magkababayan. Ito rin ang instrumento ng isang lingkod-bayan upang pamahalaan niya ang kaniyang nasasakupan. Ang wika ay nagmimistulang sasakyan o behikulo upang makarating sa ninanais na destinasyon ng gumagamit nito. Sa kabuoan, ang wika ang siyang nagsisilbing panali upang pagbukludin ang mga mamamayan.

Sa aklat nina Fromklin, Rodman, at Hyams (2013) na, “*An Introduction to Language*”, nakasaad na:

“...when you know a language, you can speak and be understood

by others who also know that language...”.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Sa madaling salita, ang tao ay nabubuhay sa mundo ng wika. Ano man ang ginagawa, sa tuwing nagkakaroon ng pakikisalamuha, pakikipaglaro, pakikipag-away, paglilibang o maging sa pagtulog, ang tao ay nakadantay sa wika. Malayang nakapagpapahayag ng saloobin kung kaya't ito ang siyang nagpapatunay na ang wika ang siyang pinagmumulan ng buhay at kapagyarihan ng isang tao .

Ang wika rin ang isa sa mga basehan ng pagkakaroon ng kaibhan sa tao at sa hayop. Isang paniniwala ng ilan sa Africa na ang isang sanggol ay tinatawag na **kintu** (bagay/thing) at hindi pa matatawag na **muntu** (tao/person) hanggat hindi pa niya natutunan o alam ang wika. Kung gayon, kaugnay ng tradisyong ito, masasabing mapabibilang lamang sa tinatawag na tao kung matututo ng wika (pasalita man o pasulat) na siyang magagamit sa pakikipag-ugnayan sa iba pang mga indibidwal. Ito ang magiging susi upang magkaroon tayo ng pakikisama sa ibang tao.

Batay sa aklat ni Chomsky (1972) na Language and Mind, kaniyang inilahad na:

“When we study human language, we are approaching what some might call the “human essence,” the distinctive qualities of mind that are, so far as we know, unique to man.”

Ang pinakaesensyal na tungkulin ng pagkakaroon ng wika ay magsilbing hanguan ng mga saloobin na siyang ginagamit upang magkaroon ng koneksyon sa komunidad. Isa ito sa mga nagpapagaan sa buhay ng tao na magagamit niya sa pagdaan dito sa mundo at ang pagkakaroon at pagkatuto ng wika (Zafra, G.S. at



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Enriquez ,A.M.,2019) ay isang katangian na tanging pag-iisip lamang ng tao ang siyang makaaabot.

Sa mensahe naman ni Almario (2018) sa pagpapasinaya sa ika-4 na Bantayog ng Wika sa lalawigan ng Kalinga, ganito ang kaniyang pahayag *“Isang napakalungkot na bagay, dahil kung iisipin natin na ang wika ay parang bodega, parang kaban ng karunungan ng isang pangkat ng tao, kapag namatay ang isang wika ay para tayong nawalan ng isang bodega ng karunungan.”* Kung ang wika ay nagsisilbing imbakan, nilalaman nito ang kasaysayan, karanasan, konsepto, paniniwala at lahat ng mayroon ang isang pangkat ng tao. Kung ito ay mawawala, para na ring nawaglit ang identidad o pagkakakilanlan. Samantala, ang wika ay kasangkapan ng pagbabagong anyo ng pulitika ng kapangyarihan sa isipan at puso ng tao (Fortunato at Valdez ,1995).

Ang mga talinhagang ito tungkol sa wika mula sa mga tagapagtaguyod nito ay mga patunay sa kahalagahan ng wika hindi lamang sa mga gumagamit nito kundi maging sa lipunang kanyang ginagalawan. Sa kabilang banda, ano kaya ang mangyayari kung ang isang partikular na wika ng isang bayan ay malagay sa bingit ng panganib o ang mas masaklap ay tuluyan itong mawala? Paano kaya maitatawid ang mga kaalamang nakapalaman dito? Malalagay din ba sa panganib ang bayang nakadantay sa kaniya? Hindi biro ang usapin ng pagkamatay ng wika sa daigdig. Batay sa datos na inilahad ni Crystal (2000) sa kanyang aklat na *Language Death*, 600 lamang mula sa humigit kumulang 6,000 na wika sa buong mundo ang maituturing ngayon na ligtas mula sa banta ng panganib o paglalaho sa susunod na



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

dantaon. Mula sa datos na inilahad ni Crystal, 90 bahagdan sa mga wika sa mundo ang malalagay sa peligro.

Ang Pilipinas alinsunod sa pinakahuling pag-aaral na isinagawa ng Summer Institute of Linguistics (SIL) ay may 181 buhay na wikang sinasalita sa Pilipinas, 171 sa mga ito ang katutubo (indigenous) habang sampu (10) naman ang itinuturing na hindi katutubo (immigrant) (Lewis at Simons, 2009). Sa kabilang banda, may 131 na wikang ginagamit sa iba't ibang kapuluan ng Pilipinas batay sa Atlas ng Komisyon sa Wikang Filipino. Samantala sa datos na inilatag ng *Ethnologue*, mayroong 186 na wika sa Pilipinas na kung saan 182 sa mga ito ay maituturing na buhay pa samantalang apat (Agta, Dicamay; Agta, Villa Viciosa; Ayta, Tayabas; at Katabaga) ay tuluyang naglaho na. Mula sa mga naitalang buhay na wika, 175 ay katutubo at walo ang banyagang ginagamit sa bansa dala ng *diaspora*. Kung kalagayan ng wika naman ang pag-uusapan, lumabas na 41 sa mga nasabing wika ay institusyunal, 72 ay umuunlad, 45 ay masigla, 14 ay mga nanganganib, at 11 ay malapit nang mawala. (<https://www.ethnologue.com/country/PH/status>).

Batay sa pag-aaral na isinagawa ng Komisyon sa Wikang Filipino noong 2015, isa sa 37 na wikang nanganganib na mawala ang Gaddang at nangangailangan ng higit pang mga pag-aaral. Mayroong 140, 218 ang populasyon sa Cauayan (2016), wala pang tala ng bilang ng mga monolinggwal ng wikang Gaddang ngunit mayroon silang tatlong wikang ginagamit (Ilocano, Tagalog at ang Gaddang). Samantalang malinaw na nakatala sa atlas ng KWF na mayroon lamang 10, 451 ang maituturing na Gaddang batay sa etnisidad ang naitala nito



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

lamang 2018 dito sa Rehiyon II. Malawak man ang sakop ng wikang Gaddang kung ang pagbabasehan ay ang kalat-kalat nitong tagapagsalita alinsunod sa aspektong heyograpikal, mariin ang istatus nito sa atlas ng KWF na hindi ito ligtas.

Saad pa ni Atezora (2018) sa kanyang pag-aaral na pinamagatang *“Paka’mët tan Pangisalba: Kaso ng Wikang Bolinao sa Bayan ng Anda, Pangasinan”*, “ang mga bernakular na wika ay salamin ng ispiritwal at kultural na pamumuhay, pagpapahalaga, kapaligirang pisikal at panlipunan ng mga partikular na etnoliggwistikong grupo ng bansa. Sa kaso ng Wikang Bolinao, nakaamba rin ang pagkabura ng kultura ng mga taong gumagamit nito,”

Ang mga Gaddang ay ang mga unang mamamayan sa siyudad ng Cauayan kabilang ang mga bayan ng Angadanan, Luna, Alicia, Santiago at mga bahagi ng Aurora, Gamu (Dalig), Reina Mercedes, Naguilian, at Tumauini. Ang pangalan ay nagmula sa isang kumbinasyon ng mga salitang “*ga*” na nangangahulugang “init” at “*dang*” na nangangahulugang “sinunog”. Ito ay tumutukoy sa kanilang mas maiitim na kutis kumpara sa ibang mga tao ng Cordillera at lambak ng Cagayan.

Kung lilingunin ang kasaysayan nang pagkatatag ng syudad ng Cauayan, nag-ugat ito sa Gaddang na pinagmulan ng pangalan mismo ng syudad. Kung tuluyang mamamatay ang wikang Gaddang sa Cauayan, maliwanag na hindi mapangatawanan at mapangalagaan ng Cauayan ang kaniyang pinagmulan at mapapabayaang mamatay rin ang kaniyang mayamang kultura. Batay nga sa sanaysay ni Agcaoili (2008), “mahalaga ang wika- mahalaga ang lahat ng mga wika – at ang kahalagahang iyan ng mga wika ay nakaugat sa pangyayari na ang



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

mga wika ay bahagi ng buod at ubod ng identidad.” Mariin namang nakasaad sa artikulo ni Fishman (2007) na *“What is Lost When You Lose Your Language?”*:

“...most of the culture is in the language and is expressed in language. Take it away from the culture, and you take away its greetings, its curses, its praises, its laws, its literature, its songs and riddles, its proverbs, its cures, its wisdom, its prayers. The culture could not be expressed and handed on in any other way.”

Kung tuluyang mamamatay ang wikang Gaddang sa siyudad ng Cauayan, malaki ang posibilidad na mawala ang paraan ng pamumuhay, pag-iisip at ang pagpapahalaga sa kulturang minana pa nila sa ating mga ninuno.

Sabi nga ni Gonzales (2009) sa kanyang akdang *“Ang Kahalagahan ng Wikang Pambansa sa Pagbubuo ng Kakanyahang Pilipino”*, “ang isang wikang pansarili, isang wikang taal at di-dayuhan, ay mahalaga sa pagkakaroon ng *self-identity* at kakanyahan.” Kung gayon, hindi lamang pagtataguyod sa wikang pambansa ang tungkulin ng lahat ng Pilipino kundi maging ang pagpapanatili sa lahat ng lokal na wika para sa preserbasyon ng ating kultura.

Binigyang-diin din ni Nolasco (2008 nabanggit sa Cristobal,2020) sa kaniyang talumpati sa pampinid na palatuntunan ng Buwan ng Wikang Pambansa 2008 ang kahalagahan ng lokal na wika. Ayon sa kanya:

“Ituring nating yaman sa halip na pabigat ang ating lokal na wika upang mabigyan ng edukasyon ang ating lipunan at mapaangat ang pamumuhay ng mamamayan...Ang katutubong mga Sistema na nakaimbak sa mga lokal na wika ay nagkokompleto sa ating kaalaman sa agham at teknolohiya ng Kanluran. Ang pinagsamang kaalamang ito ay tumitiyak na ano



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

mang kaunlarang maidudulot nito ay magiging pangmatagalan at makakalikasan.”

Dagdag pa rito, ayon kay Bayani Santos (2008) sa kanyang sanaysay na *Linguistic Enfranchisement: Saligang Etika, Moral at Pulitikal ng Karapatang Pangwika:*

“Dito ay kailangang sabihin ko na ang obligasyon sa pagpapaunlad ng wikang rehiyonal ay nasa-kamay ng mga nagsasalita nito. May obligasyon ang pamahalaang nasyonal sa ating mga wika, tulad rin ng obligasyon nito sa pambansang wika, ngunit natural na obligasyon ng mga nagsasalita ng isang katutubong wika ang mahalin ito at pagyamanin.”

Kung gayon, may pananagutan ang pamahalaan sa pangangalaga sa mga lokal na wika tulad sa ating pambansang wika, ngunit higit lalong dapat pangalagaan at pagyamanin ito ng mga tagapagsalita ng mga partikular na wika. Bilang isang guro sa wika na nakadestino sa siyudad ng Cauayan, nais gampanan ng mananaliksik ang obligasyong tinuran ni Santos at makapagsagawa rin ng pagkilos bilang tugon sa inilahad ng KWF na kailangan ng mga pag-aaral sa mga wikang nanganganib mamatay. Dahil dito, isinagawa ang pag-aaral na ito upang malaman ang kalagayan ng wikang Gaddang partikular sa siyudad ng Cauayan.

Hinangad ng pag-aaral na ito na malaman ang sitwasyon ng *pakkawawan* ng wika sa pamamagitan ng pagsusuri sa tatlong domeyn. Ang mga ito ay pinili mula sa tatlong pangkat ng language domains na inilahad nina Sibayan at Gonzales (1985). Sa controlling domains, pinili ang edukasyon at pamahalaan samantalang sa *non-controlling domain* ay ang tahanan. Sinikap din ng pag-aaral na ito na



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

alamin ang mga ginagawang hakbang sa pagliligtas sa wikang Gaddang nang sa gayon ay mapatatag at mabura na ito sa mga listahan ng mga wikang malapit ng mamatay. Nilalayon din ng pananaliksik na ito na mabuksan ang mga mata ng mga kinauukulan upang gumawa ng hakbang hindi man mapaunlad o mapagyaman ay mapanatili ito at maisalba sa panganib na kinalalagyan nito.

Si Earvin Pelagio (2015 nabanggit nina Tupas, & Martin, 2016) isang mananaliksik ng KWF, ay nagwikang:

“Ang bansa ay mayroong 130 katutubong wika at 39 ay nasa magkakaibang yugto ng pagkapanganib na nangangailangan ng pag-iingat at pagpapasigla. Ang bilang na ito ay higit na sa isang-kapat (1/4) ng kabuoang bilang ng lahat ng wika sa bansa.”

Ang mga pahayag na ito mula kay Pelagio ay lubhang nakababahala. Idagdag pa rito ang nauna ng binanggit mula sa pag-aaral na isinagawa ng KWF noong 2015, na ang wikang Gaddang ay isa mula sa 37 na wikang nanganganib na mawala at higit na nangangailangan ng mga pag-aaral. Sa kasamaang palad, wala pang kahit na anumang pag-aaral ukol sa wikang Gaddang ang nailalathala kung kaya’t ito ang nag-udyok at nagbigay motibasyon sa mananaliksik upang ito ay pag-aralan.

Sa kabila ng pagiging Ilokano ng mananaliksik, tumatak sa mananaliksik ang mga kataga ni Almario (2018) na,

“...mahalagang bahagi ng ating pagkabansa ang mahigit 130 katutubong wika ng Pilipinas. Ito ang una at pangunahing pamanang pangkultura ng sangkatauhan. Ito ang nagbibigay artikulasyon sa ating nakaraan, sa ating kasaysayan ng mga pagkabigo.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

*Nasa wika ang yaman n gating nakaraan na hitik sa
katutubong karunungan.”*

Naniniwala ang mananaliksik na sa kabila ng pagkakaroon ng iba’t ibang katutubong wika bilang L1, hindi ito dapat maging hadlang upang magkaroon ng interes sa pagsasagawa ng mga pag-aaral tungo sa pagsasalba ng iba pang mga katutubong wika kung ito ay malalagay sa panganib. Naganyak ang mananaliksik sa paksang pagsasalba ng Wikang Gaddang dahil sa hangarin niyang magpasimula ng mga hakbang upang maialis ito sa mga nanganganib na wika, mapangalagaan at mapahalagahan ang kulturang mayroon ang mga Gaddang na naninirahan sa siyudad ng Cauayan na itinuturing na niyang ikalawang tahanan.

Isa sa mga naging pagsubok sa mananaliksik ang makahanap ng mga kaugnay na literatura upang maging batayan ng pag-aaral na ito. Iilan pa lamang ang mga pananaliksik na naisagawa na tumatalakay sa pagkawala, pagkamatay at/o panganganib ng wika dito sa Pilipinas. Karamihan sa mga pananaliksik na may kaugnay sa pag-aaral ay batay sa karanasan ng ibang bansa. Wala ring pananaliksik na may kaugnayan sa wikang Gaddang kung kaya’t maituturing na malaking kontribusyon ang pag-aaral na ito upang makagawa ng mga angkop na hakbang mula sa panganganib nito at mapanatili itong isang buhay na wika. Ang pag-aaral na ito ay bukod tanging pagtatangka sa pagdalumat ng *pakkawawan* (pagkawala) at *passalba* (pagliligtas) sa nasabing wika.

Ang pag-aaral na ito ay maaaring magbukas sa mga mata ng mga taga-Cauayan na malaman ang kalagayan ng kanilang wika at ang kanilang pananaw sa paggamit nito. Dagdag pa rito, maaaring makahikayat ang pananaliksik na ito sa



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

iba pang mananaliksik lalong-lalo na ang mga Gaddang mismo upang pag-aralan ang *pakkawawan at passalba* ng wikang Gaddang at maging sa iba pang mananaliksik sa iba pang wika sa Pilipinas.

Isa pang ambag ng pananaliksik sa mga taga-Cauayan ay ang maging batayan ito sa pagbabalangkas ng mga hakbangin at/o gawain sa pagsagip sa wikang Gaddang mula sa kinakaharap nitong panganib na paglalaho.

Malaking tulong din ang pag-aaral na ito sa larangang pagpaplanong pangwika para sa mga bernakular na wika partikular sa mga maaaring gawing programa upang mapatatag kundi man ay mapanatili ang mga wikang nanganganib. Ang magiging resulta ng *pakkawawan* ng wikang Gaddang sa pananaliksik na ito ay maaaring pagbatayan sa pagpaplano ng mga hakbangin sa pagpapayaman ng mga bernakular na wika.

At panghuli, ang pag-aaral na ito ay tumutugon sa tungkulin ng edukasyon na nakapaloob sa *Universal Declaration on Linguistic Rights* ng UNESCO na maliwanag na nagtatakda na : (1) tumulong sa pagpapaunlad ng mga pansariling kakayahang panlinggwistika at pangkultura ng isang *language community*, at (2) tumulong sa pagpapanatili at pagpapayaman ng wikang ginagamit ng isang *language community*.



1.2 Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Kasaysayan ng mga Gaddang

Mabibigyan ng dalawang kahulugan ang salitang Gaddang. Ito ay parehong tumutukoy sa tao at wika ng mga etnolingwistikong pangkat na naninirahan sa ilang bayan ng Isabela, Cagayan at Nueva Vizcaya. Ang Gaddang bilang tao ay mga katutubo na mayroong mayamang kultura na ipinagmamalaki at ibinabandera sa pamamagitan ng kanilang natatanging wika, ang wikang Gaddang.

Mula sa pananaliksik ni Miano (2014), ang lupain na kilala ngayon bilang siyudad ng Cauayan na matatagpuan sa kalagitnaan ng katimugang bahagi ng Lalawigan ng Isabela sa Lambak-Cagayan sa Hilagang bahagi ng Pilipinas, ay unang nilibot at naayos ng mga taong may maitim na balat at kulot na buhok na mga *pygmy* na dumating sa isla ng Luzon. Ang mga taong Negrito, Atta (Aeta) ng modernong panahon ay kamag-anak ng mga unang nanirahan sa hilagang-silangan ng Luzon.

Ayon pa rin sa kanya, sa pagitan ng 200 B.C. at 300 A.D., ang pagsakop ng mga taong Indo-Malay, ang pinaniniwalaang mga ninuno ng mga nagtatag ng Cauayan, ay dumating sa hilagang baybayin ng Luzon. Ang mga Gaddang ay isa sa maraming mga tribo ng Indo-Malay. Natagpuan nila ang Ilog Cagayan na dati ay sakop ng mga Aeta, habang ang mga burol ay naokupahan na ng mga Igorot (na ipinagpalagay na nagmula sa Taiwan noong huling bahagi ng 500 B.C.).



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Nagsagawa ang mga Indo-Malay ng pamamaraan sa pagsasaka (*slash-and-burn based shifting cultivation*) at nakabuo din ng matagumpay na mga *littoral* at *riparian societies*. Tuwing mayroong mga pagtaas ng populasyon kasunod ng tagumpay sa ekonomiya o patuloy na migrasyon, ang mga Indo-Malay ay napipilitang lumipat. Sa paglipas ng maraming henerasyon ay kumalat sila papasok sa mga baybayin kabilang ang Ilog ng Cagayan at ilan pang lugar kung saan mayroong umaagos na tubig. Sa pagsakop ng mga Gaddang sa mga lupain na mas malayo sa bukana ng ilog kaysa sa karamihan sa mga pangkat na Indo-Malay, maaaring maituring silang mga unang taong dumating at nanirahan dito sa Pilipinas.

Dagdag pa rito, ang mga Gaddang ang kinikilalang mga unang mamamayan sa Lungsod ng Cauayan at ilan pang mga bayan sa lalawigan ng Isabela kabilang ang mga bayan ng Angadanan, Luna, Alicia, Carig na ngayon ay Santiago at mga bahagi ng Aurora, Gamu (Dalig), Calanusian na ngayon ay Reina Mercedes, Naguilian, at Tumauni. Ang Gaddang ay nagmula sa isang kombinasyon ng mga salitang *ga* na nangangahulugang "init" at *dang* na nangangahulugang "sinunog" na tumutukoy sa kanilang mas maitim na kutis kumpara sa ibang mga tao ng Cordillera at lambak ng Cagayan.

Ang etimolohikal na pagpapakahulugan sa *Cauayan* ay "kawayan" o "bulo" sa wikang Iluko. Nagmula ito sa salitang Gaddang na "kawayan". Ito ang napiling ipangalan sa syudad dahil ang lugar na ito ay isang plantasyon ng mga kawayan. Ayon sa tradisyonal na kuwento ang "*Bulod, Sipat, Bungkol at Marabulig*



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Creeks” ay ang mga sapa na puno ng kawayan at karaniwang makita ang mga buwaya na naglisaw at gumagala sa madaling araw sa ilalim ng mga makakapal at mayayabong na mga kawayan.

Ang bayan ay orihinal na pinaninirahan ng mga Gaddang, Itawis at Ibanag ngunit sa paglipas ng mga taon, maraming indibidwal mula sa iba’t ibang etnolinggwistikong grupo ang nanirahan dito. Ngayon, ang bayan ay totoong masasabi bilang isang *melting pot*.

Bagaman karamihan sa mga Gaddang ay Kristiyano na, mayroon pa ring sinaunang kaugalian ng Gaddang na tinawag na "*Gagangay Na Manananacamira*". Sa mga Gaddang, ang mga hindi maipaliwanag na nilalang ay tulad ng mga tao na may parehong pagnanasa at panlasa, kagalakan at kalungkutan tulad ng mga Gaddang. (Cagayan Valley Today, 1977).



Ang Wikang Gaddang




Figura 1.1. Mapa ng mga etnolinggwistik na pangkat ng Northern Luzon
(Reid, Lawrence A.)

Tinatayang nasa 30, 000 ang bilang ng mga katutubong nagsasalita ng wikang Gaddang na karaniwang naninirahan sa Lambak ng Cagayan, Nueva Vizcaya at Isabela. Karamihan sa mga Gaddang ay gumagamit din ng Iloko sapagkat ito ang *lingua franca* ng Hilagang Luzon, ganoon din sa Tagalog at Ingles. Ang mga Gaddang ay maiuugnay sa mga “Christianized Gaddang” na pinaniniwalaang malapit sa mga Ga’dang (non-Christian) na batay sa mga tala ay



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

mayroong 6,000 tagapagsalita, Agta na mayroong kulang sa 1,000 at Atta na mayroong 2,000.

Sa paglipas ng panahon, unti-unti nang nawawala ang wikang Gaddang. Sa katunayan, batay sa Census (2000), hindi na parte ng opsyon bilang identidad ng Nueva Vizcaya ang wikang Gaddang. Batay sa ilang mga pag-aaral, maaaring dala ito ng migrasyon ng iba't ibang etnisidad kung kaya itinuturing na lamang na wika ng minorya ang Gaddang. Maiuugnay ito sa *linguistic term* ni Saussure (1972) na “*parole*” kung saan ang tao ay gumagamit ng wikang makatutulong sa kanya sa pang-araw-araw.

Ang wikang Gaddang ay malapit sa mga wikang Ibanag, Itawis, Malaueg, atbp. Ang wikang ito ay maituturing na natatangi sapagkat ang mga ponema nito ay malayo sa maraming wika dito sa Pilipinas. Ang mga halimbawa nito ay ang /f/ , /v/ , /z/ at /j/. Ang wikang Gaddang ay mayroong anim na patinig /a/, /i/, /u/, /ɛ/, /o/, /u/. Ang wikang Gaddang ay karaniwang may pagdodoble ng katinig kung kayat binansagan sila na mayroong matigas na dila. Halimbawa nito ay ang tudda (tood-duh) na ang ibig sabihin ay bigas. Ito rin ay isa sa mga wika sa Pilipinas na hindi itinuturing na alopono ang [ɾ]-[d].

Mga Pag-aaral sa Pakkawawan ng Lokal na mga Wika

Ayon kay Cahill (1999), ang isang wika ay maituturing na nanganganib o *endangered* kapag ito ay nasa istatus ng tuluyang pagkamatay. Ayon pa sa kanya, mayroong dalawang paraan upang mabilis na matukoy kapag ang isang wika ay papuntang kamatayan. Una, kapag hindi na ginagamit ng mga bata sa pamayanan ang wika ng kanilang mga magulang at ikalawa, kung kaunti na lamang ang bilang



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

ng taong naiwan sa pamayanang etnolinggwistiko: ang wika ay namatay dahil ang buong pangkat ng tao ay namatay. Ang pangalawang kadahilanan na ito ay pangkaraniwan sa Amazon at sa Hilagang Amerika noong ika-19 at ika-20 siglo.

Sinang-ayunan naman ito ni Wurm (1998), hindi man sakop ng kanyang naging pag-aaral ang Casiguran, Aurora, naniniwala siyang nasasadlak ang isang wika sa istatus ng unti-unting pagkamatay sapagkat ang wika ay hindi na naituturo sa bagong henerasyon bilang kanilang unang wika (mother tongue). Samantalang mas naging inklusibo ang pahayag ni Crystal (2000), na malaki ang posibilidad ng kaligtasan ng wika kung maraming tao ang patuloy na gumagamit nito ngunit kinakailangan pa rin ng suporta ng komunidad.

Ang panganib sa pagkawala/pagkamatay ng wika ay maihahalintulad sa panganganib ng mga hayop sa mundo (Krauss,1992), Dahil hindi na natututunan ng mga bata ang wika ng isang lugar (mother tongue) ito ay nasa panganib at kung hindi magkakaroon ng pagkilos, tulad ng ibang mga hayop, ito ay tuluyan nang mawawala.

Mayroong 6,809 wikang sinasalita sa mundo (Headland ,2003). Tinatayang dalawang wika sa mundo kada buwan ang namamatay at pinaniniwalaan ng mga linggwista na karamihan sa mga wika ang tuluyan nang mawawala sa susunod na 100 taon. Lumabas sa pag-aaral ni Headland (2003) na ang kaso ng mga wikang Agta ay hindi dahil sa pagkawala ng mga Agta kundi dahil ang kanilang wika ay nagbabago sapagkat hindi ito naisasalin sa mga batang Agta. Ganoon din sa



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

usapin ng kanilang tradisyon, hindi na naipagpapatuloy ang mga nakagawian at hindi na naituturo ang mga lumang katawagan dala ng makabagong panahon.

Sa pag-aaral naman ni Pangilinan (2012) na may pamagat na *“Kapampangan Lexical Borrowing from Tagalog: Endangerment rather than Enrichment,”* hindi maituturing na nanganganib na mawala ang wikang Kapampangan sapagkat isa ito sa walong pangunahing wika dito sa Pilipinas. Sa katunayan, ayon sa Census (2003) mayroon itong himigit kumulang 2 milyong mga ispiker. Ganoon pa man, lumabas sa kanyang pag-aaral na bagamat marami ang bilang ng tagapagsalita nito ay mayroon itong mga palatandaan ng panganib. Lumabas sa kanyang pag-aaral na ang leksikal na panghihiram ng Kapampangan sa Tagalog ay maaaring magresulta sa magpayaman o maghatid ng kapahamakan sa wika. Ayon kay Quakenbush (2009), ang panghihiram ay isinasagawa upang magkaroon ng mga bagong konsepto sa gramatika at hindi upang palitan ang mga lumang terminolohiyang nakasanayan. Nakasaad sa resulta ng pag-aaral na ang panghihiram ng Kapampangan sa Tagalog ay hahantong sa unti-unting pagkawala ng wika at hindi upang pagyamanin ito. Sapagkat ang pagbabago sa leksikal na katangian ng wika sa pamamagitan ng pagpapalit sa mga salita mula sa ibang wika ay senyales ng panganib para sa isang wika.

Lumabas naman sa pag-aaral ni Anderson at Anderson (2007) na may pamagat na *“Pangasinan—An Endangered Language? Retrospect and Prospect,”* bagaman may senyales na panganib sa wikang Pangasinan ito ay mapipigilan kung ang mga taal na tagapagsalita ay gagawa ng aksyon, kung nais pa nila itong



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

manatili bilang bahagi ng kanilang identidad. Idiniin pa ng pananaliksik na ang Pangasinan at ilan pang lokal na wika ay hindi gagamitin ng mga ispiker sa lahat ng pagkakataon kundi gagamitin ang mga ito sa internasyunal na konteksto. Ang pagbibigay ng parehong lokal at pandaigdigang barayti ng pagsasalita ay magpapahintulot sa Pangasinense na lumaganap sa buong mundo. Dahil dito, mananatili itong nakaugat sa isang mayamang kahulugan ng pagkakakilanlan.

Sa pag-aaral ni Tajolosa (2012) na may pamagat na *“Predicting the Ethnolinguistic Vitality of an Endangered Philippine Language: The Case of Three Batak Communities in Palawan”* naging pokus ng kanyang pag-aaral ang pagsubok sa katatagan ng wika at ang pagbibigay ng prediksiyon sa pananatili at/o pagbabago ng nasabing wika. Ang kanyang pag-aaral ay nakabatay sa teorya nina (Tajfel at Turner, 1996) at *theory of ethnolinguistic vitality* nina Giles, Bourhis at Rosental (1997). Mayroong apat na instrumentong pampananaliksik ang ginamit sa pag-aaral: (1) pagmamasid sa *language behavior* ng bawat grupo, (2) pinatnubayang panayam sa pansariling pagkakakilanlan ng mga kalahok at sa kanilang gamit at kakayahan sa wika, (3) paggamit ng *Interpersonal Network of Linguistic Contacts (INLC)* at *Beliefs in Ethnolinguistic Vitality Questionnaire (BEVQ)* nina Allard at Landry (1992); at (4) pagsubok sa kakayahang leksikal. Batay sa naging resulta ng kanyang pag-aaral, ang Wikang Batak ay nasa istatus na nanganganib. Lumabas sa kanyang pag-aaral na ang *ethnic identity*, edad at saloobin sa wika ay mga *language predictors* samantalang ang unang wika, aktuwal na kakayahan sa wika, kasarian at *interpersonal network of linguistic contacts* ay mga prediktor ng *language attitude*.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Ang naging pag-aaral ni Tajolosa sa wikang Batak at ang kasalukuyang pag-aaral ukol sa wikang Gaddang ay parehong nagsusuri sa kalagayan ng wikang nanganganib. Kanyang inalam ang istatus ng wikang Batak samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay may layuning suriin ang kalagayan ng wikang Gaddang. Ang kanyang mga natuklasang salik sa panganganib ng wikang Batak ay maaaring maging batayan sa pagsusuri ng mananaliksik sa sitwasyon ng paglaho ng wikang Gaddang.

Sa pag-aaral naman ni Kobari (2011) na pinamagatang "*The game of naming: A case of the Butuanon language and its speakers in the Philippines*", kanyang sinuri ang kasalukuyang istatus ng wikang Butuanon at ang mga tagapagsalita nito. Kabilang sa kanyang pag-aaral ang modelo ni Sasse (1992) sa pagkamatay ng wika na binubuo ng tatlong antas ng pananaliksik: ang *external setting*, *speech behavior*, at *structural consequences*. Ang kanyang mga tiyak na katanungan ay base sa limang larangan: (1) *ethnic identity*, (2) *language attitudes*, (3) *language ability*, (4) *language use*, at (5) *language change*. Tatlong pamamaraan ang kanyang isinagawa sa pangangalap ng mga datos. Gumamit siya ng talatanungan, pakikipanayam, at pagsusulit sa wika (binubuo ng talasalitaan at pagsasalin) sa 100 impormante sa isang barangay sa Lungsod ng Butuan. Lumabas sa kanyang pag-aaral na ang mga kalahok ay mga multilinggwal na Butuanon, Cebuano, Tagalog, at Ingles. Sa kabuoan, lumabas na sila ay may positibong saloobin sa kanilang etnolinggwistikong grupo at wika. Bagaman may kaunting kalituhan sa katawagan sa kanilang grupo (kung sila ba ay Butuanon, Bisaya, o Lapaknon), nananatiling alam nila kung alin ang mga pagkakakilanlan ng etnikong



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

grupo at alin naman ang hindi. Naging resulta ng kanyang pag-aaral na ang wikang Butuanon ay nanganganib na ring mawala batay na rin sa pagbaba ng bilang ng mga taal na tagapagsalita ng nasabing wika. Lumabas naman sa ibinigay niyang pagsusulit sa mga kalahok ang distribusyon ng kakayahan sa wika na pangunahing naiimpluwensiyahan ng istruktura ng Cebuano. Dahil dito, naglahad siya ng modelo ng pagkamatay ng wika sa kaso ng Butuanon na nakatuon sa kultural at linggwistikong impluwensiya ng Bisayanisasyon sa Hiligang Mindanao sa wikang Butuanon at sa mga tagapagsalita nito.

Tinangka naman ni Genuino (2005) na itala sa kanyang pag-aaral ang proseso ng pagkawala ng wikang Chavacano sa limang magkakaibang komunidad. Ang mga ito ay ang komunidad ng Zamboanga, Ternate, Cavite City at Ermita. Kabilang sa mga inalam niya ang mga sumusunod: (1) ang mas higit na ginagamit ng mga tagapagsalita sa harapang pakikipag-usap sa mga taong nagmula sa iba't ibang domeyn; (2) mga salik na nakahihikayat sa mga tagapagsalita na piliin ang isang wika kaysa sa iba; (3) istatus ng Chavacano at ang mga salik na nagbubunsod sa kasalukuyan nitong istatus; (4) ang posibleng ugnayan sa pagitan ng wika at edad at wika at domeyn. Nangalap din siya ng datos sa pamamagitan ng sarbey, pag-oobserba kasabay ng pakikilahok, masinsinang pakikinayam at pagrerekord ng usapan. Siya ay nagkaroon ng 278 na kalahok sa kanyang pag-aaral. Pinangkat niya ito batay sa edad na: 70 gulang pataas, 40-69 taong gulang, 20-30 taong gulang at 5-19 taong gulang.

Lumabas sa kanyang pag-aaral na ang mga wikang ginamit sa Zamboanga ay Chavacano, Filipino, English, Cebuano at Tausug subalit nananatiling



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Chavacano ang mas ginagamit. Sinusundan ito ng Filipino, Cebuano, English, at Tausug. Sa kanilang saloobin sa wika, lumabas na ang English ang pinakaprestihiyosong wika, sinusundan ito ng Filipino, Cebuano at Tausug.

Filipino, English at Chavacano ang mga wikang ginagamit sa Ternate. Ang Filipino ang pinakaginagamit sa mga nasabing wikain, sinusundan ito ng Chavacano at English. Sa kanilang saloobin sa wika, sila ay naniniwalang wikang English ang pinakaprestihiyosong wika sapagkat ito ang ginagamit sa paaralan at sa ilang pormal na okasyon. Pumapangalawa sa English ang Filipino at pumapangatlo ang Chavacano.

Ang mga wikang ginagamit naman ng mga naunang tatlong henerasyon ng tagapagsalita sa Lungsod ng Cavite ay ang Filipino, Chavacano at Ingles. Samantala, tanging Filipino at Ingles lamang ang ginagamit ng mga nasa pinakabatang henerasyon. Sa usapin ng preperensiya sa wika, mas ginagamit ng mga naunang tatlong henerasyon ang Filipino, sumusunod ang Chavacano at pumapangatlo ang Ingles samantalang ang mga nasa pinakabatang henerasyon ay mas ginagamit nila ang Filipino kaysa sa Ingles. Katulad sa Ternate, ang Ingles ang pinakaprestihiyoso, sinusundan ng Filipino at panghuli ang Chavacano.

Lumabas din sa kanyang pag-aaral na wala ng nagsasalita ng Chavacano sa Lungsod ng Davao at Ermita. Cebuano na ang gamit ng mga taga-Davao samantalang Filipino naman sa Ermita.

Ang pinakamahalagang salik na nakaiimpluwensiya sa pagpili ng wika sa Zamboanga, Ternate at Lungsod ng Cavite ay ang mga kausap. Ang iba pang salik



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

ay edad at katungkulan. Samantala, wala naming impluwensiya ang mga salik na paksa at lugar.

Lumabas sa pag-aaral ni Genuino na nananatili ang Chavacano sa Zamboanga samantalang namamatay naman ito sa Ternate at Lungsod ng Cavite, at namatay naman na sa Lungsod ng Davao at Ermita. Ang pagtuturo ng Chavacano sa mga sumusunod na henerasyon, patuloy na paggamit ng wika sa iba't ibang domeyn at patakaran ng lokal na pamahalaan ay ang mga salik sa katatagan ng wikang Chavacano sa Zamboanga. Samantalang ang migrasyon, patakarang pangwika ng pambansang pamahalaan, pag-unlad ng pamumuhay at saloobin ng mga tao sa wika naman ang mga salik na nagbabanta sa pananatili ng wika sa tatlong lugar.

Dagdag pa niya, hindi patay ang Chavacano, ni hindi rin ito buhay sa Pilipinas kundi ito ay nasa proseso ng pagkawala sa buong kultura.

Ang Pakkawawan ng mga Wika sa Ibang Bansa

Ayon kay Miroslov (2010) naitalang may tig-isang tagapagsalita na lamang ang 51 wika sa buong mundo. Walo rito ay mula sa USA, tatlo mula sa Timog Amerika, isla ng Dagat Pasipiko, at Aprika, anim mula sa Asya at 28 sa Australia. Ipinalalagay na 96% ng kabuoang wika sa daigdig ay sinasalita na lamang ng 4% ng kabuoang bilang ng populasyon ng buong mundo. Mula sa 6,000 bilang ng mga wika sa mundo, 43% ay itinuturing na nanganganib. Sa tala, nasa mahigit 230 wika ang naglaho na, habang isang (1) wika ang namamatay sa bawat 14 na araw (Riefe, 2019). Ayon nga kay Sutherland (2003), mas nanganganib ang mga wika kaysa mga ibon o *mammals*.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Ayon sa 14th edition of the Ethnologue (Grimes, 2000), mayroong 6,809 kilalang wika sa buong mundo. Kalahati ng mga ito ay mayroon na lamang kulang sa 6,000 ispiker; ang sangkapat (28%) ay kulang sa 10 ispiker; 500 wika ay kulang sa 100 ispiker; at ang 200 wika naman ay kulang sa 10 ispiker. Maraming mga espesyalista ang nagsaad ng pagkamatay ng kalahati nito sa susunod na dantaon (Crystal 2000, Wurm 1996, Nettle and Romaine 2000, Gibbs 2002), susunod na 50 taon na lamang (*David Harrison, nabanggit ni Cook 2000; the Foundation for Endangered Languages in the UK in 1995, nabanggit ni Crystal 2000*).

Nakalulungkot isipin na ang dapat sanang pagpapayaman sa mga wika ay nagiging kasalungat ang nangyayari. Ang panganganib at pagkamatay ng mga wika sa mundo ay hindi na lamang simpleng suliranin bagkus isang nakababahalang isyu. Kasabay ng pagkamatay ng bawat wika araw-araw ay siya ring pagkamatay ng kulturang kakabit nito. Ang simpleng pagsasantabi ng mga katutubong wika para sa mga umiiral na wika ay maaaring magbunsod nang tuluyang pagkalimot hanggang sa ito ay mamatay.

Ang mga sumusunod na wika ay ilan sa mga tiyak na nanganganib sa ibang bansa:

Ang wikang Resígaro ng Peru ay bahagi ng pamilya ng wikang Arawakan o tinatawag ding Maipurean na siyang pinag-ugatan ng mga sinaunang katutubo sa Timog Amerika. Sa kasalukuyan, mayroon na lamang itong nag-iisang ispiker matapos kitilin ang buhay ng kanyang kapatid na si Rosa Andrade Ocagane noong 2016. Ang kanilang ama ay Ocaina at Resígaro naman ang kanilang ina. Ang taal na katutubong grupong ito ay unti-unting naubos dahil sila'y naging biktima ng



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

pang-aalipin at puwersahang pagtatrabaho sa pagkuha ng goma noong 19 siglo. Tanging si Pablo na lamang ang naging katuwang ng mga Amerikanong misyonaryo noong 1950s upang rebisahin ang aklat ng balarila at bumuo ng diksyunaryo ng Resígaro ((<https://www.wanderlust.co.uk/content/worlds-most-endangered-languages/>,<https://www.survivalinternational.org/news/11549>,
<https://www.tomedes.com/translator-hub/world-most-endangered-languages/>)..

Ang wikang **Ainu** naman mula sa Hokkaido, Japan ay kabilang sa listahan ng UNESCO bilang *critically endangered* o wikang nanganganib nang mawala. Maaaring ang dahilan nito ay ang pagiging *isolate language* o wikang walang likas na kaugnayan sa iba pang mga wika. Ipinagbawal ang paggamit nito noong ika-19 siglo. Sinubukang buhayin ang wikang ito noong 1980s ngunit hindi pa rin nawala ang banta ng tuluyang paglimot dito sapagkat nasa 64 taong gulang o higit pa ang mga taal na tagapagsalita nito. Tinatayang nasa 2 hanggang 15 na lamang ang marunong gamitin ang wikang ito. (<https://www.wanderlust.co.uk/content/worlds-most-endangered-languages/>)

Ang wikang katutubong **Dunser** ng Papua New Guinea ay may marka ring nanganganib mawala sapagkat mayroon na lamang itong 3 tagapagsalita noong 2011. Ang wikang ito ay ginagamit na lamang sa mga pormal na okasyon tulad ng kasal. Nang muntik ng mamatay ang dalawang ispiker nito noong 2011 dahil sa pagbaha, nagpadala ang awtoridad ng mga linggwista mula sa Oxford upang magkaroon ng dokumentasyon sa wikang ito.

(<https://www.wanderlust.co.uk/content/worlds-most-endangered-languages/>,
<https://www.tomedes.com/translator-hub/world-most-endangered-languages/>)



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Ang wikang **Patwin** naman na kabilang sa pamilya ng mga wikang Wintuan na sinasalita sa California, bagamat nanganganib dahil may isang ispiker na lamang noong 2011, nagsikap ang mga establisimiyentong pang-edukasyon na isama ito sa kanilang mga aralin upang muli itong buhayin. Ang **Patwin** ay itinuturo sa mga mag-aaral mula *pre-school* hanggang hayskul. Ang ilan sa mga araling nairekord ay matatagpuan sa iTunes. (<https://www.businessinsider.com/15-languages-around-world-going-extinct-2018-3#patwin-4>)

Ang wikang **Chulym** ng Siberia ay kasama rin sa mga wikang nanganganib mawala. Sa isinagawang sarbey noong 2010, napag-alamang mayroon na lang 44 ispiker ang gumagamit sa wikang ito. Tinatawag na Ös ang mga tao sa nayon ng Siberia tulad ng kanilang wika. Tinanggal ito ng gobyerno sa listahan ng mga kilalang pangkat etniko noong 1959 ngunit ibinalik din noong 1999 nang may hiwalay na etnikong pagkakakilanlan. Sa kagustuhang pasiglahin muli ang wikang ito, nilikha ang *web-accessible digital archive* para magamit ng mga iskolar at ng mismong katutubong komunidad na gumagamit nito ang mga datos tungkol sa Ös. (<https://livingtongues.org/os-chulym/>)

Samantala, ang Mudbura ay isa sa mga wikang aboriginal ng Australia na nasa bingit din ng panganib. Inilarawan ng *Australia's National Indigenous Language Survey* ito bilang “matinding nanganganib” (*severely endangered*) na wika (Thompson, 2015). Ang tinitingnang dahilan nito ay ang kakulangan sa pagtataguyod na magamit ito sa bilingwal na edukasyon. Sa isinagawang census noong 2016, mayroon na lamang itong 92 ispiker. (https://en.wikipedia.org/wiki/Mudbura_language)



Kasama rin sa listahan ang wikang **Pazeh** ng Taiwan. Noong taong 2010, namatay ang huling katutubong ispiker nito sa edad na 96. Bagaman naituro pa niya ang wika sa 200 estudyante bago pumanaw, hindi pa rin niya naisalba ang wika na itinuturing na patay na (Laliberte, 2018).

Maging ang wikang **Alawa** o kilala rin bilang **Galawa o Waliburu** ng Australia ay kabilang rin sa nanganganib maglaho. Batay sa sarbey sa taong 2016, ipinapalagay na apat na lamang ang natitirang ispiker nito, at lahat sila ay puro babae (Laliberte, 2018).

Ang wikang **Vod** ng Russia na tinatawag ding **Votic, Vote** at **Votish** ay kabilang din sa mga wikang nanganganib mawala. Wikang **Russian** ang pumalit dito sa mga paaralan at midya. Ginagamit na lamang ito ng mga matatandang lalaki. Ayon sa tala noong 2017, walo na lang ang taal na ispiker nito at nasa 40 hanggang 60 ang itinuturing itong L2 (Laliberte, 2018).

Malinaw na maraming wika ang nasa ganitong sitwasyon at malaki ang posibilidad na mas tataas pa ang porsyento ng panganganib ng mga ito sa mga susunod pang mga taon. Ang tao bilang nasa tuktok ng lahat ng nilikha ng Diyos ang tanging may kakayahan upang ito'y iligtas. Ang unti-unting paglaho o pagkamatay ng wika ay maituturing na karamdaman. Ngunit ito'y karamdamang may lunas. Kailangan ang responsable at makabuluhang paggamit nito hindi lamang sa pang-araw-araw na pakikipag-usap kundi maging sa iba't ibang larangan (Mallareddy, 2012).



Pakkawawan ng Wika

Sa pag-aaral na isinagawa ni Cristobal (2020) na pinamagatang “*Mawawan Annu Passalba: Kalagayan ng Wikang Yogad sa Ilang Lugar sa Bayan ng Echague*”, sinabi niya na mawawala ang katangiang natatangi ng bawat wika kung ito ay bibihisan ng mga wikang naghahari. Magkakaroon ng pagtalikod sa yamang kultural na sa kasamaang palad ay hindi na maipapasa sa mga susunod pang henerasyon.

Ang epekto ng pagkawala ng isang wika ay hindi lamang nalilimitahan sa katutubong grupo kundi maging ang natatanging pagtingin nito sa mundo (Fishman 1989; Nettle & Romaine 2000; Dalby, 2002). Idagdag pa ang sinabi ni Krauss (1999) na sa sandaling nawawala ang wika, nawawala rin ang kabuuang pag-iisip.

Ayon kay Crystal (2000), ang pagkawala ng wika ay hindi pagkawala ng konsepto o ng kaisipan, bagkus ito ay nagaganap kung ang nagsasalita nito ay nagbago ng saloobin at hindi na nila itinuturo ang kanilang wika sa susunod na henerasyon. Ayon pa sa kanya, ang pagkawala ng wika ay may ugnayan sa tao at ito ay hindi kasindaling lunasan na tulad na lamang ng pagsagot sa mga intelektwal na palaisipan.

Dagdag pa niya, ang mga salik na nagdudulot ng pisikal na panganib sa mga mamamayan at gayon din sa mga salik na nakapagpapabago sa kanilang kultura ay siyang dahilan upang mamatay ang wika.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Samantala, ang mga pisikal na panganib o mga sakuna tulad ng mga lindol, malalakas na bagyo, tsunami, baha, pagsabog ng bulkan at iba pang kalamidad ay mga dahilan na lubusang nakapagpapababa ng bilang ng mga nagsasalita ng isang partikular na wika. Sa kalaunan ito ang nagiging dahilan ng pagkawala ng maliliit na komunidad. Bunga ng mga nabanggit na kalamidad, nasisira ang kanilang tahanan, nagkakaroon ng tagtuyot at kakulangan/kawalan ng pagkain na dahilan ng kanilang paglipat ng lugar upang manirahan. Isa pa sa maituturing na pisikal na panganib ay ang pagkakaroon ng sakit at epidemya. Ang mga ito ang naging dahilan ng pagkawala ng ilan sa mga maliit na wikain sa Nigeria.

Samantala, ang mga salik na kanyang binanggit na nakapagpapabago ng kultura ng mamamayan ay walang direktang kaugnayan sa pisikal na kaligtasan ng tao. Ang mga tao ay nananatiling buhay ngunit ang kanilang wika ay namamatay. Totoong sila ay buhay at nananatili sa lugar na tinitirhan, ngunit ang kanilang wika ay humihina hanggang sa ito ay unti-unting mawala at mapalitan ng ibang wika. Dagdag pa ni Crystal (2000), mayroon itong kinalaman sa tinatawag na asimilasyong kultural na kung saan naiimpluwensyahan ang kanilang kultura ng isang mas dominanteng kultura na nagiging simula ng pagkawala ng kanilang identidad. Dahil dito, nagreresulta ito sa pagtanggap ng kanilang mga miyembro sa mga bagong kaugalian at tradisyon.

Sa kabilang banda, inilahad nina Marti, F., Ortega, P., Iddiasabal, I., Barrena, A., Juaristi, P., Jneyet, C., Uranga, B. & Amorrortu, E. (2005) ang kanilang nakalap na dahilan kung bakit nagkakaroon ng banta sa isang wika. Makikita ito sa kasunod na talahanayan.



Talahanayan 1.1

Mga Dahilan ng Pagkalusaw ng Wika

Dahilan	Bahagdan
Politikal na mga Salik	46
Demograpikal na mga Salik	27
Ekonomikong mga Salik	16
Pisikal na Agresyon	8
Iba pang mga Salik	3

Ang politikal na salik ang may pinakamataas na bahagdan na kinapapalooban ng kolonisasyon, mga patakarang pangwika, at opisyal na istatus. Ang ikalawa naman ay ang salik demograpikal na may kaugnayan sa pagbaba ng bilang ng nagsasalita ng wika, pagbaba at pagtanda ng populasyon, pakikipag-asawa mula sa ibang lugar na mayroon ding ibang wika, migrasyon dahil sa paghahanap ng ikabubuhay, giyera, o deportasyon. Kabilang naman ng ekonomikong salik ang labis na kahirapan sa buhay, pananamantala sa kanilang kabuhayan, subordinasyon, walang sapat na pagkakakilanlan sa lipunan, at akulturasyon o ang pagkatuto ng bagong kultura. Samantala, kalamidad, epidemya, at maging ang malawakang pagkitil ng buhay ng grupo ng mga katutubo ang kinapalolooban ng pisikal na pananalakay.

Kahalintulad sa nabanggit ni Constantino (1991) ang pangunahing salik na inilahad nina Marti, et al., ang politikal na salik. Ipinahayag ni Constantino (1991) na sa kasalukuyan, naisasantabi ang mga katutubong wika dahil sa patakaran ng gobyerno na paunlarin, gamitin, at itaguyod ang Ingles bilang wika ng edukasyon at binalak sa malaunan na maging wika ng malawak na komunikasyon.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Inilahad rin niya ang pagiging matagumpay ng patakaran sa wikang Ingles ng Gobyernong Amerikano sa Pilipinas. Aniya:

“...dahil nakakuha ito ng malaking suporta sa Gobyerno sa Amerika, at maging sa publikong Amerikano na nagbunyi sa pagkapanalo ni Adm. George Dewey sa labanan sa Manila Bay at sa kasunod nitong pagsakop sa Pilipinas. Gayundin malaki ang naging bahagi ng pagtatatag ng komprehensibong sistema ng publikong edukasyon sa bansa upang maipatupad ang patakarang ito nang matagumpay. Sa estrukturang ito naipasok at naipatupad ang patakaran. May mga gawaing akademiko at di-akademiko ang isinagawa sa mga paaralan upang maengganyo ang mga mag-aaral na lalo pang matuto ng Ingles. Mga libro mula sa Amerika ang pinadala upang lalo pa ring malantad sa wikang Ingles ang mga mag-aaral. Dagdag pa rito, dumami ang mga Pilipinong nagtaguyod kinalaunan sa Ingles.”

Binanggit ni Reyes (2017) sa Monograp 6 ng KWF (Wika at Batas), na ang wika at batas ay tsanel ng katarungan. Binigyang-diin niya na nagkakaroon ng perspektibang eksklusibo ang pagkamit ng katarungan sa marurunong kundi man ay dalubhasa sa wika ng batas. Bilang patunay, karaniwang Ingles ang diskursong ginagamit dito. Dahil dito, nagkakaroon ng tinatawag na *information gap* o guwang sa impormasyon na nagreresulta ng pagkakaroon ng agam-agam at kaisipang sila ay biktima ng kawalang-katarungan. Saad pa ni Reyes, “...kung abot-kamay nating tuwirin ang kalagayang ito, makakalaya ang ating mga kababayan sa monopoly o dominasyon ng wikang Ingles sa pag-aaral, pagtuturo, at paggamit ng batas.”

Inilahad ni Agcaoili, (2008) sa kaniyang sanaysay ang apat na salik sa pagkalusaw ng wika sa kaso ng Pilipinas. Ang mga ito ay: (a) ang pagpapakalat ng



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

kaisipang siyentismo at rasyonalismo; (b) ang pagbubuo ng nasyon-estado, at lahat ng mga kaakibat na kaisipan at praktika kaugnay nito; (c) ang pagwawasiwas ng kapangyarihan ng kapitalismo, nasa estdao man ang kapital o nasa kamay ng mga mangangalakal; (d) ang walang riyendang pagsupil ng globalisasyon sa mga karapatang pangkultura, kung kaya ay karapatang pangkamalayan, ng mga indihenoso at etnokultural na mga grupo sa iba't ibang panig ng mundo.

Ang Pagliligtas ng Wika

Kung pagliligtas ng wika ang pag-uusapan, isa sa mga mahahalagang literatura ang *Graded Intergenerational Disruption Scale* (GIDS) ni Fishman (1991) sapagkat hindi lamang ito nakatuon sa pagsusuri ng antas ng pagkawala ng isang wika kundi maging sa mga mungkahing solusyon o gawain upang muling mapanumbalik ang katatagan ng wika sa bawat antas o yugto ng pagkawala.

May walong yugto ang GIDS. Ang mga yugtong ito ay ang mga sumusunod:

Yugto 8 – Mangilan-ngilan na lamang ang nagsasalita ng wika sa magkakaibang lugar ang nasa yugtong ito. Karamihan sa mga nagsasalitang ito ay ang henerasyon ng mga lolo at lola. Kung umabot na sa yugtong ito ang wika, kinakailangan na itong iturong muli sa mga matatanda upang magamit nila ito nang mas mataas sa kanilang mga kapuwa nagsasalita nito at maging sa mga sumusunod na henerasyon sa kanila.

Yugto 7 – Mayroon pang pangkat na nagsasalita ng wika subalit sila ay nasa henerasyon ng mga magulang ngunit hindi na nila ito itinuturo sa kanilang mga anak. Ang mga gawain upang mapamahalaan ang yugtong ito ay sa pamamagitan



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

ng revitalisasyon at muling paggamit ng wika. Mas binibigyan ng higit na tuon ang pasalitang paggamit ng wika sa yugtong ito.

Yugto 6 – May sapat na bilang pa rin ang gumagamit ng wika sa isang lipunan. Ang mga magulang ay ginagamit pa ang wika sa pakikipag-usap sa kanilang mga anak. Sa yugtong ito, hinihikayat ang impormal na paggamit ng wika sa lahat ng *age group* ng mag-anak upang mas mapatatag ang pang-araw-araw na paggamit ng wika sa mga lokal na institusyon sa kanilang komunidad na kung saan ang wika ay pinoprotektahan at eksklusibong ginagamit.

Yugto 5 – Ginagamit ang wika nang pasalita ng lahat ng henerasyon at epektibo nila itong nagagamit nang pasulat sa buong komunidad. Sa mga lugar na matatas sa paggamit ng wika, kailangang hikayatin sila sa literasiya sa nasabing wika nang hindi nakadepende sa pampublikong sistema ng edukasyon.

Yugto 4 – Ang wika ay ginagamit sa *pre-school* at sapilitang ipinagagamit sa elementarya. Sa yugtong ito, ang literasiya sa wika ay naisasalin sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng edukasyon. Dahil pinahihintulutan ito ng estado, kailangang puspusan ang sapilitang pagpapagamit ng wika sa edukasyon.

Yugto 3 – Ginagamit ang wika sa mga lokal at rehiyonal na pinaghahanapbuhayan at maging sa pakikipag-usap sa mga nagmula sa loob at labas ng grupo. Kapag natamo ang mga naunang yugto, kailangan nang hikayatin ang mga tao na magamit ang wika sa kanilang mga hanapbuhay.

Yugto 2 – Sa yugtong ito, ginagamit ang wika sa lokal at panrehiyonal na *mass media* at sa mga serbisyo ng pamahalaan. Kapag natamo na ang mga



naunang yugto, marapat nang magamit ang wika sa mga serbisyo ng lokal na pamahalaan at *mass media*.

Yugto 1 – Ang wika sa yugtong ito ay ginagamit sa edukasyon, hanapbuhay, *mass media*, at pamahalaan sa pambansang antas. Kung lahat ng naunang pitong yugto ay natamo, kailangang maipagamit na ang wika sa mas mataas na antas ng edukasyon, pamahalaan, at iba pa.

Inilahad ni Fishman sa kaniyang GIDS ang istatus ng wika at ang mga mungkahing hakbang sa pagliligtas ng wika na siya ring nilalayon ng kasalukuyang pananaliksik.

Ayon naman kay Crystal (2000), ang wikang nanganganib ay maaaring umunlad kung: (1) mas nagiging tanyag o kilala sa loob ng dominanteng lipunan ang mga nagsasalita nito; (2) tataas ang yaman ng nagsasalita nito tulad ng nasa dominanteng lipunan; (3) tataas ang lehitimong kapangyarihan ng nagsasalita nito sa paningin ng dominanteng lipunan; (4) ang nagsasalita nito ay nakagagamit ng elektronikong teknolohiya. Ang mga nailahad na mungkahi ni Crystal (2000) ay makatutulong sa paghahanda ng mga mungkahing gawain/programa para sa pagpapatatag ng wikang Gaddang.


Nakasaad naman sa *Catherine Wheel* ni Strubell (1994) ang mga salik na makatutulong sa pagliligtas ng isang wikang nanganganib. Pangunahing prinsipyo nito ang pagkakaroon ng ganap na ugnayan sa pagitan ng mga sumusunod na komponent: (1) kakayahang pangwika; (2) panlipunang gamit ng wika; (3) ang presensya at pangangailangan sa mga produkto at serbisyong ginagamit ang wika; at (4) ang motibasyon na pag-aralan at gamitin ang wika.



Nasa ibaba ang ilustrasyon na ipinakikita ang ugnayan sa pagitan ng mga bahagi ng modelo ni Strubell.

Pigura 1.2

Catherine Wheel ni Strubell (1994)



Makikita sa ilustrasyon sa itaas kung paano nag-uugnay ang iba't ibang komponent. Ipinakikita ng ilustrasyon na kaakibat ng pagdami ng bilang ng mga taong mahuhusay gumamit ng wika ang pagdami rin ng bilang ng mga aktuwal na gumagamit nito. Sa pag-ikot nito, inaasahang ang lahat ng iba pang komponent ay kasabay na iikot, kung kaya't ang pagdami ng bilang ng taong aktuwal na gumagamit ng wika ay magdudulot ng pagtaas ng pangangailangan ng mga kalakal at serbisyong may kaugnayan sa paggamit ng wika. Sa pagtaas ng demand ng mga kalakal at serbisyong may kaugnayan sa wika, tataas din ang suplay at konsumo ng mga kalakal at serbisyo. Dahil dito, magkakaroon ito ng positibong epekto sa kolektibong saloobin sa kahalagahan at pangangailangan ng paggamit ng nasabing



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

wika. Kapag ang lipunan ay may mataas na saloobin sa wika, matitiyak na dadami rin ang bilang ng taong nakapagsasalita at nakababasa ng wika na magdudulot naman pagdami ng taong aktuwal na gagamit ng wika. Bunga naman nito, mas dadami ang papasok sa mga paaralan/unibersidad upang matutunan ang wika. Kapag dumami ang nag-aaral ng wika, matitiyak na dadami rin ang bilang ng taong nakapagsasalita at nakababasa ng wika na magdudulot naman ng pagdami ng taong aktuwal na gagamit ng wika. Dahil tinitingnan ang modelong ito bilang isang gulong, inaasahan ang tuloy-tuloy na paggulong nito. Ang mga positibong tugon sa bawat komponent ang magsisilbing langis nito upang magpatuloy ang proseso nang walang patid na pag-ikot.

Ayon naman kay Fishman (2007), ang isang proseso sa pagpapalakas at pagliligtas ng wika na tinawag niyang *Language Reinforcement Process*. Binubuo ito ng apat na yugto: una, *language revival or revitalization*; ikalawa, *reversing language shift*; ikatlo, *language maintenance*; at ikaapat, *language spread*. Bukod dito, taglay din ng kaniyang Graded Intergenerational Disruption Scale (GIDS) mga mungkahing interbensyon na maaaring isagawa upang maisalba ang mga wikang nasa banta ng panganib.


Binigyang kahulugan naman nina Giles, Bourhis, at Taylor (1977) ang vitality na, '*that which makes a group likely to behave as a distinct and collective entity within the intergroup setting*'. Batay sa kanilang *ethnolinguistic vitality theory*, ang pangkat na may mataas na antas ng ethnolinguistic vitality ay may mas magandang prospect sa survival bilang *distinctive linguistic cultural collectivity than those with lower levels*.



Nasa ibaba ang pigura na nagpapakita ng framework nina Giles, et. al.

Pigura 1.3

Structural variables affecting etnolinguistic vitality nina Giles, Bourhis, at Taylor (1977)



Binubuo ang framework ng tatlong pangunahing component: ang *demographic factor*, *institutional support and control factors*, at *status factors*.

Makikita sa kaliwang bahagi ng framework ang mga demograpik na salik na nahahati sa dalawang kategorya. *Numbers* ang unang kategorya na naglalaman ng mga may kaugnayan sa pagbabago ng populasyon, ang mga ito ay ang *absolute birth rate*, *mixed marriages*, *immigration*, at *emigration*. *Distribution* naman ang ikalawang kategorya. Tumutukoy naman ito sa konsentrasyon at distribusyon ng mga miyembro ng grupo sa *geographical locales* at ang kanilang proporsyon sa buong populasyon.

Makikita naman sa gitnang bahagi ng framework ang *institutional support* at *control factors*. Ang mga ito ay ukol sa digri ng pagkakakilanlan at pagkokontrol sa etnolinggwistikong grupo ng isang institusyon sa komunidad,



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

panrehiyon man ito o pang-estado, tulad ng media, civil administration, edukasyon, komersyo at industriya. Tumutukoy naman ang lebel na *formal* sa kapangyarihang magpasya sa loob ng isang institusyon ng mga miyembro ng grupo samantalang ang *informal* naman ay tumutukoy sa impluwensiya ng pagla-*lobby* na ginagawa ng grupo. Ang grupo ang mas maganda ang hinaharap sa pagpapabuti ng katatagan ng kanilang wika.

Status factor ang panghuling komponent ng kanilang balangkas. May kaugnayan ito sa sosyo-kultural na istatus ng *language community* sa loob ng estado. Nahahati ang komponent na ito sa apat: una, ang *economic status*, na nagpapakita ng antas ng impluwensiya sa ekonomikong pamumuhay ng rehiyon o ng estado; ikalawa, ang *social status*, ito ay naglalaman ng antas ng kabantugan ng kanilang grupo at ng kanilang wika; ikatlo, *socio-historical status*, na tumutukoy sa kabantugan ng grupo sa mga lumipas na panahon; at ikaapat, ang *language status* sa loob at labas, na tumutukoy naman sa antas ng legal na pagkilala ng estado sa wika ng grupo.

Ang tatlong komponent ay masasabing hindi ganap na malaya sa bawat isa. Hindi rin mabibigyang-diin na matatag ang wika sa *demographic factor* kung mahina naman ang sa *status factors*. Bawat komponent ay mahalaga sa pagtukoy ng kabuoang antas ng katatagan ng isang etnolinggwistik.

Mga Babasahin ukol sa Kahalagahan ng mga Katutubong Wika sa Lipunan

Kaugnay sa Pambansang Pagpapalaya

Malaki ang gampanin ng wika sa proseso ng panlipunang pagpapalaya. Batay na rin sa ating karanasan, malaking bahagi ng suliraning pagkakagapos sa



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

kamay ng mga dayuhan ay may kaugnayan sa kakulangan ng pagpapahalaga sa ating sariling kakayahan. Ayon nga sa sanaysay na binigkas ni Randy David (1988) sa isang simposyum na inisponsor ng U.P Departamento ng Filipino noong Agosto 16, 1988 sa Faculty Center Conference Hall, aniya,

“Ang pagbusabos sa katutubong wika ay isang subok nang teknik ng mga mananakop. Sa pamamagitan ng palagiang pagparis ng dayuhang lengguwahe sa mga gawaing artistiko, sa paghawak o paggamit ng kapangyarihan, sa pagkamit at pagpapakita ng karunungan, o pagdispley ng karangyaan at kasaganaan, ang katutubong wika ay naisasantabi, bumababa sa paningin ng nakararami, at nagiging kasingkahulugan ng lahat ng sintomas ng pagkabansot – tradisyunalismo, kawalan ng kakayahan at kapangyarihan, kamangmangan, pagka-atrasado sa kultura, kababaan ng pinag-aaralan. Sa madaling salita, inperyoridad sa lahat ng bagay.”

Dahil dito, nagpapakanlong ang mga Pilipino sa mga dayuhang wika dahil na rin sa superyor o prestiyoso ang pagtingin sa wikang kanilang ginagamit. Nagiging mas mababa ang pagtingin sa sariling atin. Nagbubunga ang ganitong kaisipan ng pagkakaroon ng tinatawag sa sosyolohiya na *self-fulfilling prophecy* o mga mitong nagkakatotoo sapagkat kung ano man ang laging sinasambit ito ang nairerehistra sa kaisipan at tinatanggap bilang katotohanan dahil sa ang wika ang nagsisilbing kompas o gabay ng pagkatao ng isang nilalang. Madaling tinatanggap ang pagiging inperyor sa iba sapagkat ito ang ipinunla sa mga isipan.

Nabanggit ni Romeo V. Cruz (Constantino at Atienza, 1996) na hindi na bago ang mababang pagtingin ng mga Pilipino sa kanilang sariling wika. Sa katunayan, sa pagbuo ng mga ilustradong tinaguriang “bagong rebolusyonario” sa



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Konstitusyon 1899, ipinakikita ang kawalan ng tiwala sa sariling wika. Sa pagpasok ng Nasyonalismong Integral, isinawalang bahala ang wikang Tagalog sapagkat ang wikang Kastila ay prestiyoso at wikang tinatanggap ng ibang bansa bilang wika ng diplomasya nang mga panahong iyon. Mababa rin ang pagtingin ng mga may pinag-aralan sa mga wika ng kanilang kababayan at mataas sa Kastila.

Ayon naman kay Teresita Maceda (Constantino, & Atienza, 1996) sa kanyang diskursibong pagtalakay sa wika na may pamagat na "*Wikang Pambansa: Pagpapalaya kay Bighani*", tayo'y nabibighani sa kultura't modernong teknolohiya ng *maputing bansa* kung kaya't natutunan nating maliitin ang sariling atin at lahat ng bunga nitp'y itinuturing na segunda mano. Kung ang pambansang wika nati'y nahihirapan ng makipagsabayan sa mga kanluraning wika, paano pa kaya ang iba pang katutubong wika?

Mabisang instrumento ang pagkontrol sa wika ng isang lipunan sa kolonyalismo. Kung kaya't karaniwang target ang wika sa pagsakop ng isang bayan sapagkat daluyan ito ng lahat ng pangangailangan ng tao. Bagamat ikinakabit natin ang salitang kolonyalismo sa konseptong pulitikal, maaari ring magkaroon ito ng kaugnayan sa sosyolohikal. Nagbigay ng halimbawa si David (1988) ukol dito kung saan ginamit niya ang konteksto ng mga tinatawag na *total institutions*, mga organisasyon kung saan ang isang miyembro o bagong sapi ay hinuhubaran ng lahat ng mga bagay na makapagpapagunita sa kanya ng kaniyang katauhan sa malawak na lipunan. Ginamit niyang halimbawa ang prosesong isinasagawa sa mga mental ospital, kung saan kinukuha ang mga damit na sibilyan, mga relo, at ang lahat ng bagay na may halaga. Kung minsan pa nga pati buhok ay



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

pinuputol. Sa madaling salita, ang lahat ng mga sagisag ng ating naiibang pagkatao ay kinukumpiska. Ang pumapalit dito ay ang uniporme, ang orasan ng mga guwardiya, ang pare-parehong istilo ng buhok; samakatuwid ang lahat ng simbolo ng kawalan ng kontrol sa sariling buhay.

Kung ikakabit ito sa reyalidad, ang unang hakbang ay ang paghihiwalay sa kaluluwa pagkatapos ay ang pagbabagong-bihis. Ang tao ay naihihiwalay sa kaluluwa, ang wika- ang nagsisilbing hanguan ng pagkakakilanlan, pagkatapos mahubaran ay binibihisan sa pamamagitan ng pagtangkilik sa mga wikang nauuso o wikang mas tinatangkilik ng nakararami. Sa pamamagitan nito, tuluyang tinatalikdan ang mga kulturang minana pa sa mga ninuno o ang tinatawag na “*subaltern cultures*” - mga kaisipan, mga katutubong pantas, mga aspeto o bahagi ng kasaysayan na pilit na ibinabaon sa limot; ngunit parang matibay na damo, o talahib, na pilit sumusulpot sa mga puwang na iniwanan ng dominanteng kultura.

Malimit na ikinakabit ang paggamit ng dominanteng wika – Ingles, sa kaunlaran. Ngunit saan na ba nadala ang Pilipinas nang paggamit ng Ingles? Kung titingnan sa mga datos, ang mga Hapon na may matigas na dila pagdating sa pagsasalita ng Ingles ay hindi naging balakid sa pagtamo nila ng kaunlaran. Mataas ang kanilang pagtingin sa paggamit ng kanilang sariling wika at pagsunod sa kulturang mayroong sila. Dagdag pa ni David:

“Ang wika ay parang masel. Pag hindi mo ginamit, lumiliit at nanghihina. Imbes na maging katulong sa pagtayo, nagiging pasanin. Lubha tayong umasa sa saklay na gaano man kapaki-pakinabang, kailanman ay hindi maaaring maging bahagi ng ating katawan. Ito ang dahilan kung bakit ang mga pilay hanggat maaari, ay ayaw maging dependiente sa saklay. Ngunit ano itong ating ginagawa? Matapos nating retiro ang ating



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

*sariling wika sa maling pag-aakalang ang makinis na saklay na inaalok ng wikang Ingles ay mas angkop sa ating paglakad taun-
taon eto tayo't ating ginugunita ang kahalagahan ng isang
pambansang wikang kailanma'y hindi natin inaruga."*

Kung gayon, ang pagkakaroon ng kalayaan ay hindi lamang matatagpuan sa wika kundi nangangailangan ito ng pagkakaroon ng pagkilos, sa paglulunsad ng mga hakbang upang mapagyaman at mapagyabong ito (Wa-Mbaleka, 2014). Tungkulin ng bawat isa na balikan hindi lamang ang ating pambansang wika kundi maging ang ating mga unang wika (L1) at gamiting ito bilang instrumento sa pagpapayaman ng kaisipan at malalim na pagsusuri upang maging makabuluhang kasangkapan sa pagtamo ng pambansang pagpapalaya.

Kaugnay sa Preserbasyon ng Wika at Kultura

“...A language that can no longer be maintained, perpetuated, or revitalized still merits the most complete documentation possible. This is because each language embodies unique cultural and ecological knowledge in it. It is also because languages are diverse. Documentation of such a language is important for several reasons: 1) it enriches the human intellectual property, 2) it presents a cultural perspective that may be new to our current knowledge, and 3) the process of documentation often helps the language resource person to re-activate the linguistic and cultural knowledge.”(Goldkamp sa Palting,2020)

Nararapat lamang na mabigyang-pansin ang usapin sa pangamba ng nanganganib na pagkawala ng ilan sa wika sa mundo dahil malaki ang epekto nito sa kultura na siyang sumasalamín sa kultura ng tao sa isang partikular na lugar. Ayon ito sa pag-aaral ni Goldkamp (Palting, 2020) na isinagawa sa Pransya na naglalayong mapangalagaan ang kanilang mga wikang katutubo. Lumabas sa pag-



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

aaral na isang dahilan ng pagkawala ng katutubong wika ay opresyon. Sila ay nakararanas ng opresyon sapagkat limitado ang pagpapagamit sa mga katutubo ng kanilang wika. Dagdag pa niya, sa mga paaralan, sinumang katutubo na gagamit ng kanyang wika sa loob ng paaralan ay maparurusahan. Ito ay malaking balakid sa pagtatawid ng kultura't tradisyon sa susunod na henerasyon sapagkat ang mismong inaasahang magtataguyod sa wika ang pumipigil sa pagyabong nito. Kinakailangan ng mga bansa ang sistematikong pagbabalangkas ng mga hakbang upang mapangalagaan ang kanilang mga katutubong wika.

Sa papel pa rin ni Goldkamp sa disertasyon ni Palting (2020), isinagawa ang mga sumusunod:

“....The organization for the Défense et Promotion de Langues d’Oil, which was founded in 1981, keeps its audience up to date on the Aurora!Margarita+Goldkamp France !&!Us!Language!Preservation! news and successes of the language preservation acts around France. A recent victory was the signing of the Alsatian Language Charter signed in Savèrne in 2014 after years of active advocacy by the Alsatian Citizen Initiative. This was a huge success and serves as an example of the direct impact on governmental policy after “thirty years of combat” of advocacy, and was accomplished through pressuring politicians to follow the guideline’s of the European Union’s (EU) Charter for Regional and Minority Language (DPLO)”

Isa pang pagkilos ang nagpakita ng malasakit sa pagsalba ng mga katutubong wika sa ibayong dagat:

“...current popular movements toward the preservation of indigenous languages in the US and Canada is the Stabilizing Indigenous Languages (Malone), and clearly there are several organizations across the U.S. that are



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

researching, presenting, and informally educating the public in the field of indigenous language preservation”.

Isa pang pag-aaral ang nagpapatotoo na isang paraan ng pagpreserba ng wika ay ang pagbuo ng mga diksyunaryo. Sa kanyang papel na “*Reproduction and Preservation of Linguistic Knowledge: Linguistics’ Response to Language Endangerment*”, tinalakay ni Himmelmann (2008) ang isa sa mga maaaring makatulong sa pagpreserba ng mga katutubong wika. Ito ay ang *Multifunctional Long-Term Documentation* na naglalaman ng ganitong pahayag:

“.... *The primary model for this urgently needed descriptive work was the structuralist model of language description, which in its classic form consists of a trilogy: a grammar, a dictionary, and a text collection. These three parts are not equal in several ways, including the time needed to compile them (here dictionaries far outrank grammars and text collections) and the status they have as academic achievements (only grammars have recently been accorded again some prestige within the core linguistic community, after an almost total disregard for descriptive work in linguistics during the second half of the twentieth century)*”

Ilan lamang sa mga nabanggit na ito ang mga paraang isinasagawa ng mauunlad na bansa upang maisalba ang kanilang mga katutubong wika na nahaharap sa panganib ng pagkawala.

Isinaad ni Palting (2020) sa kanyang pag-aaral na “Isang Dalumat-Leksikograpikal Tungo sa Pagbuo ng Panimulang Diksyunaryong Yogad.”

Aniya:

“...Sa Pilipinas, may ilan lamang na pag-aaral na isinagawa sa pagsalba ng mga wikang katutubo maliban sa pag-aaral na bumuo ng mga glosaryo sa iba’t ibang larangan o disiplina at mga diksyunaryo sa mga iba’t ibang katutubong wika na may



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

kinalaman sa kanilang mayamang kultura. Pinangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino ang gawaing ito at ng mga banyagang linggwista mula sa Summer Institute of Linguistics na nakabase sa iba't ibang bahagi ng bansa. Sa ngayon, nadagdagan ang sigla ng pagsasagawa ng mga glosaryo sa iba't ibang disiplina upang higit na maiangat ang paggamit ng wikang Filipino at ilan naman ay mga glosaryo na may kinalaman sa kultura ng bawat etnolinggwistikong pangkat na nauukol sa kanilang pamumuhay, tradisyon at kalinangan upang mapanatiling buhay at maisalba ang mga katutubong wika sa buong kapuluan.”

Sa kanyang naging pag-aaral, maituturing na pangunahing wika sa bawat tahanan, sa labas ng silid-aralan at sa pamilihang bayan sa bayan ng Echague ang wikang Yogad. Buhay at masigla ang pagkakagamit dito ng mga katutubo sa kanilang karaniwang mga pag-uusap ngunit naisasantabi ang sigla ng paggamit ng wikang Yogad sa mga pormal na pag-uusap o talakayan. Ito marahil ang magiging banta sa tunay na kalagayang hinaharap ng wikang Yogad. Kung kaya't, upang matugunan ang adhikain ng KWF na mapangalagaan at/o maisalba ang mga katutubong wika, nakabuo siya ng isang panimulang diksyunaryong Yogad na mayroong 1, 019 katutubong salita na makatutulong sa mga guro bilang sangguniang materyal sa MTB-MLE.

Ang pag-aaral ni Atezora (2018) ay nakapokus sa kasalukuyang kalagayan ng wikang Bolinao sa pamamagitan ng limang domeyn mula sa teoryang *language domains* ni Sibayan na siya ring naging batayan ng pag-aaral na ito sa wikang Gaddang.

Lumabas sa kanyang pagsusuri na sadyang nanganganib ang wikang Bolinao. Batay sa resulta, nakabuo siya ng isang modelo na magagamit na batayan



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

sa pagliligtas ng wikang Bolinao. Ang iba naman ay nagsagawa ng pagtitipon ng mga aklat, bokabularyo, glosaryo at diksyunaryo. Ang kanilang isinasagawang mga pagtitipon, ay hindi matatawaran.

Ayon sa tala ng KWF, mayroong 39 wikang nanganganib nang maglaho. Ayon sa komisyon, maituturing na "*endangered*" ang isang wika sa iba't ibang antas: (1) kung hindi naisaayos ang sistema nito, (2) kung hindi na naipasa ang wika ng mga matatanda sa nakababata, (3) kung tanging matatanda na lang ang nagsasalita nito, o (4) kung hindi na ito ginagamit ng kahit sinong buhay na tao. Kung kaya't sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika noong 2019, ito ang naging sentro ng pagdiriwang na may temang, "*Wikang Katutubo: Tungo sa isang bansang Filipino*". Ito ang kauna-unahang pagkakataon na itinampok ang 131 katutubong wika dito sa Pilipinas. Binigyang-diin ni Virgilio Almario, Pambansang Alagad ng Sining at Tagapangulo ng KWF na wika ang una at pangunahing pamanang pangkultura ng sangkatauhan. Ito ang nagbibigay artikulasyon sa ating nakaraan, sa ating kasaysayan ng mga tagumpay at pagkabigo. Nasa wika ang yaman ng ating nakaraan na hitik sa katutubong karunungan. Mahalagang maalagaan natin ang mga katutubong wika sapagkat ito'y pinagbabatayan ng ating wikang pambansa. Aniya, "'Kung hindi natin ito aalagaan, nanganganib ito. At kung ating pababayaan, maaaring maglaho pa nang tuluyan. Kapag naglaho ang isang wika, tila may isang tahanan o isang bodega ng ating mga alaala at tradisyon ang nawawala at di na mababawi kailanman."

Isa pa, kailangang tupdin ang probisyong pangwika na nakasaad sa Konstitusyon 1987. Nakasaad sa Seksiyon 6 na:



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

"The national language of the Philippines is Filipino. As it evolves, it shall be further developed and enriched on the basis of existing Philippine and other languages."

Kung gayon, hindi nakahahadlang ang mga katutubong wika sa pag-unlad ng pambansang wika sapagkat may aspektong likas o natural na pag-unlad ng wika, at mayroon ding mga sinadyang pagpapaunlad ng wika. Nakatutulong pa nga ang mga ito sa pagpapalawak ng wikang Filipino.

Isa sa mga matatawag na sinadyang pagpapaunlad ng wika ang paglulunsad na programa ng KWF, ang pagtatayo ng mga iskulturang tinawag na Bantayog-Wika sa iba't ibang lugar dito sa Pilipinas. Ito ay sampung talampakang hugis kawayan kung saan nakaukit ang tatlong saknong ng *Pag-ibig sa Tinubuang Bayan* ni Bonifacio na nasusulat sa *baybayin*. Dahil sa mayroong 131 katutubong wika dito sa Pilipinas, nilalayon ng KWF na makapagtayo ng mga bantayog para sa lahat ng katutubong wika. Nito lamang Pebrero ay iminungkahi ng KWF na magtayo sa Nueva Vizcaya kung saan ang unang wika ng probinsya ay ang Gaddang. Kung maipatatayo ang monumentong ito, maidaragdag na ito sa 17 Bantayog-Wika na naitayo sa iba't ibang lugar dito sa Pilipinas.

Ang mga programang tulad ng pagpapatayo ng mga monumento ay pag-alala sa ating mga katutubong wika at higit lalo sa ating mga gawi, mga kaugalian, tradisyon at kasaysayan. Ang wika at kultura ay laging magkasangga. Hindi mga linggwista ang pinanggalingan wika (Paz (2005). Ang wika ay nagmumula sa tao at tao rin ang magbibigay-buhay o bubuhay dito na naangkop sa pangangailangan



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

at kung paano ito gagamitin. Sa madaling salita, tao ang magtatawid sa ang kultura sa susunod na mga henerasyon sa pamamagitan ng wika.

1.3 Batayang Teoretikal

Ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa mga sumusunod na teorya: *Language Vitality And Endangerment* (LVE) ng UNESCO (2003); *Ethnolinguistic Vitality* (ELV) nina Giles, Bourhis at Taylor (1997); *Linguistic Relativity* nina Sapir at Whorf (1970); *Language Management* ni Spolsky (2009); at *Theory Of Language Domains* ni Sibayan (1985).

Sa *Language Vitality and Endangerment* (LVE) ng UNESCO (2003), nakalahad na ang wika ay maituturing na nanganganib kung tinatahak nito ang landas patungo sa paglalaho. Kung ang isang wika ay tuluyang maglaho, wala ng pag-asa pang mailigtas ito kung walang sapat na dokumentasyon. Maituturing na nanganganib ang wika kung ang mga nagsasalita nito ay huminto na sa paggamit ng nasabing wika at kung bababa ang bilang ng mga gumagamit nito. Isa pa sa nakitang dahilan ng paglalaho ng wika ay ang hindi na pagsasalin/pagtuturo nito sa mga kasunod na henerasyon. Dahil dito, walang bago (matanda man o mga bata) ang gagamit ng wika.

Kabilang din sa konsepto ng LVE na ang panganganib ng wika ay dulot ng mga eksternal at internal na pwersa. Kabilang sa eksternal na pwersa ang pagkasupil ng militar, kabuhayan, at relihiyon ng isang etnolinggwistikong grupo. Ang ibig sabihin ng sinasabing pagkasupil ay ang pamamayani ng isang mas dominanteng wika sa mga binanggit na domeyn. Sa kabilang banda, ang negatibong saloobin naman ng komunidad sa kanilang sariling wika ang



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

itinuturing na mga internal na pwersa na bunga pa rin ng mga pwersang eksternal. Ang eksternal at internal na pwersa ay parehong nagiging hadlang sa pagsasalin ng wika sa kasunod na henerasyon.

Nailahad ang sitwasyon ng unti-unting pagkalusaw ng wikang Gaddang sa Siyudad ng Cauayan sa iba't ibang domeyn sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga internal at eksternal na pwersang nakaaapekto rito. Gayon din, sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pwersang ito natuklasan kung aling wika ang naging dominante sa loob ng domeyn at kung paano at bakit ito naging mas dominante.

Naglahad ang LVE ng siyam na salik na pinagbatayan ng ilang mga katanungan sa talatanungan upang matukoy ang antas ng katatagan at panganganib ng isang wika, ang saloobin ng mga taong gumagamit nito at maging ang pagdodokumentong ginagawa nila sa wika. Ang mga salik na ito ay ang mga sumusunod: (1) *intergenerational language transmission*, (2) *absolute number of speakers*, (3) *proportion of speakers within the total population*, (4) *trends in existing language domains*, (5) *response to new domains and media*, (6) *availability of materials for language education and literacy*, (7) *governmental and institutional language attitudes and policies including official status and use*, (8) *community members' attitudes toward their own language*, at (9) *amount of quality documentation*.

Sa pag-aaral na ito ang mga salik 1,3, 6,7,8 lamang ang ginamit. Narito ang mga pamantayang isinaalang-alang sa pagbuo ng mga tanong sa bawat domeyn mula sa mga salik na nakapaloob sa LVE.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Ayon kay Fishman (1991), ang karaniwang ginagamit na salik para tayain ang kasiglahan ng wika ay kung ito ay naililipat sa pagitan ng bawat henerasyon. Ang panganganib ay maaaring iantas sa panukatan mula katatagan hanggang pagkawala. Maging ang “ligtas”, gayunpaman ay hindi garantiya ng kasiglahan ng wika dahil kahit ano mang oras ay maaaring huminto sa paglilipat ng wika ang mga ispiker sa sumusunod na henerasyon.

Talahanayan 1.2

Unang Salik: Paglilipat ng Wika sa Pagitan ng Bawat Henerasyon

Digri ng Pagkapanganib	Lebel	Populasyon ng Ispiker
Ligtas	5	Ang wika ay ginagamit ng lahat, mula sa mga bata hanggang sa matatanda.
Nanganganib	4	Ang wika ay ginagamit ng ilang bata sa lahat ng domeyn (tahanan, relihiyon, edukasyon, industriya at pamahalaan); ito ay ginagamit ng lahat ng bata sa ilang domeyn (tahanan, relihiyon, edukasyon, industriya at pamahalaan).
Tiyak na Nanganganib	3	Ang wika ay ginagamit halos lahat ng mga magulang at nakatatanda.
Matinding Nanganganib	2	Ang wika ay ginagamit halos lahat ng mga lolo’t lola at nakatatanda.
Malubhang Nanganganib	1	Ang wika ay ginagamit halos lahat ng iilang ispiker ng nuno sa tuhod.
Patay na	0	Wala nang nananatiling ispiker.

Ang Talahanayan 1.3 ang ginamit upang mataya ang kalakarang umiiral sa domeyn pangwika. Sa salik na ito ang paglilipat ng wika sa susunod na henerasyon ay naiimpluwensyahan ng lugar, kanino ginagamit ang wika at saklaw na paksa.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 1.3

Ikatlong Salik: Kalakarang Umiiral sa Domeyn Pangwika

Digri ng Pagkapanganib	Lebel	Domeyn at Pagtitipon
Unibersal na gamit	5	Ang wika ay ginagamit sa lahat ng domeyn (tahanan, relihiyon, edukasyon, industriya at pamahalaan) at sa lahat ng pagtitipon.
Multilinggwal na pagkakaparepare ho	4	Dalawa o higit pang wika ay ginagamit sa halos lahat ng domeyn (tahanan, relihiyon, edukasyon, industriya at pamahalaan) at sa halos lahat ng pagtitipon.
Lumiliit na domeyn	3	Ang wika ay ginagamit sa tahanan at sa marami pang pagtitipon, ngunit ang nangingibabaw na wika ay nagsisimulang gamitin na rin sa loob ng tahanan.
Limitado o pormal na domeyn	2	Ang wika ay ginagamit sa limitadong domeyn (tahanan, relihiyon, edukasyon, industriya at pamahalaan) at ilang pagtitipon.
Labis na limitadong domeyn	1	Ang wika ay ginagamit lamang sa kakaunting domeyn (tahanan, relihiyon, edukasyon, industriya at pamahalaan) at kakaunting pagtitipon.
Patay na	0	Ang wika ay hindi ginagamit sa kahit ano mang domeyn (tahanan, relihiyon, edukasyon, industriya at pamahalaan) at ano mang pagtitipon.

Ang ikaanim na salik ang siyang pinagmulan ng mga katanungan sa pagtataya sa kaligtasan ng wikang Gaddang sa domeyn ng edukasyon. Sa pamamagitan ng salik na ito, natukoy kung mayroong mga kagamitang pampagtuturo at kung nagagamit pa ba ang wikang Gaddang sa domeyn na ito.

Talahanayan 1.4.

Ikaanim na Salik: Kagamitan para sa Karunungan Pangwika

Digri ng Pagkapanganib	Lebel	Pagkakaroong ng Nakasulat na Kagamitang Pangwika
Mayroon	5	Mayroong nalikhang sulatin tungkol sa wastong ispelang, tradisyong pangkarunungan na may balarila (tuntunin kung paano ginagamit ang wika), diksyunaryo, teksto, panitikan, at pang-araw-araw na midya. Ang pagsusulat sa wika ay ginagamit sa pamamahala at edukasyon.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Mayroon ngunit hindi ginagamit sa pamamahala	4	May mga nananatiling kagamitang nakasulat at nahuhubog ang kaalamang pangwika ng mga bata sa paaralan. Ang pagsusulat sa wika ay hindi ginagamit sa pamamahala.
Mayroon ngunit hindi isinusulong ang paggamit	3	May mga nananatiling kagamitang nakasulat at ang mga bata sa paaralan ay maaaring nailalantad sa mga kagamitang nakasulat. Ang kaalaman hinggil sa wika ay hindi isinusulong gamit ang nakalimbag na midya tulad ng dyaryo.
Mayroon ngunit hindi bahagi ng kurikulum	2	May mga nananatiling kagamitang nakasulat, ngunit makabuluhan lamang ito sa ilang kasapi ng komunidad; at para sa ilan, ito ay mayroong simbolikong kahalagahan. Ang kaalaman hinggil sa wika ay hindi bahagi ng kurikulum ng paaralan.
Mayroon ngunit pang praktikal na gamit lamang	1	May nalalamang praktikal na ortograpiya (sulatin tungkol sa wastong ispeling ng mga salita) ang komunidad at ilang kagamitan ay nasusulat.
Wala	0	Walang ortograpiya (sulatin tungkol sa wastong ispeling ng mga salita) sa komunidad.

Ang ikapitong salik ng LVE ang siyang basehan ng ilang katanungan upang matukoy ang kalagayan ng wika hinggil sa tuntunin at saloobing pangwika ng pamahalaan at institusyon kabilang ang opisyal na estado at gamit.

Talahanayan 1.5

Ikapitong Salik: Tuntunin at Saloobing Pangwika ng Pamahalaan at Institusyon Kabilang ang Opisyal na Estado at Gamit

Digri ng Suporta	Lebel	Opisyal na Saloobin Hinggil sa Wika
Pantay na suporta	5	Ang lahat ng wika ay pinoprotektahan.
Magkaibang suporta	4	Ang mga minoryang wika (Gaddang) ay pinapangalagaan gaya ng wika sa pribadong domeyn (tahanan, relihiyon, edukasyon). Ang paggamit ng wika ay iginagalang.
Pasibong asimilasyon	3	Walang malinaw na tuntuning umiiral para sa minoryang wika (Gaddang); ang nangingibabaw na wika ang siyang umiiral sa pampublikong domeyn (industriya, pamahalaan).
Aktibong	2	Hinihikayat ng gobyerno ang integrasyon ng



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

asimilasyon		nangingibabaw na wika. Walang pangangalaga sa minoryang wika (Gaddang).
Pwersahang asimilasyon	1	Ang nangingibabaw na wika ang siyang tanging opisyal na wika, habang ang hindi umiiral o minoryang wika (Gaddang) ay hindi kinikilala o pinapangalagaan.
Pinagbabawal	0	Ipinagbabawal ang paggamit ng minoryang wika (Gaddang).

Isa rin sa mga pamantayang pinagbasehan ang ikawalong salik ng LVE para tayain ang saloobin ng miyembro ng komunidad hinggil sa wika. Kapag ang pagtingin ng mga miyembro ng komunidad sa wika na kanilang ginagamit ay mahalaga at nakatutulong upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan, masasabing ang wika ay isang mainam na kasangkapan. Samantalang kung negatibo ang persepsyon nila hinggil dito, ito ay magsisilbing banta sa panganganib ng wika.

Talahanayan 1.6

Ikawalo na Salik: Saloobin ng Miyembro ng Komunidad Hinggil sa Wika

Digri ng Pagkapananib	Lebel	Saloobin ng Miyembro ng Komunidad hinggil sa Wika
Itinataguyod ng lahat	5	Pinapahalagahan at isinusulong ng lahat ng miyembro ng komunidad ang kanilang wika.
Itinataguyod ng halos lahat	4	Tinataguyod ng halos lahat ng miyembro ng komunidad ang pagpapanatili ng wika.
Itinataguyod ng maraming miyembro	3	Tinataguyod ng maraming miyembro ng komunidad ang pagpapanatili ng wika;
Itinataguyod ng ilang miyembro	2	Tinataguyod ng ilang miyembro ang pagpapanatili ng wika; walang malasakit ang iba at maging ang pagkawala ng wika ay tinataguyod.
Itinataguyod ng kakaunting miyembro	1	Tinataguyod ng kakaunting miyembro lamang ang pagpapanatili ng wika; walang malasakit ang iba at maging ang pagkalawa ng wika ay tinataguyod.
Hindi itinataguyod	0	Walang pakialam ang lahat kahit man ito ay mawala; mas ginagamit ang nangingibabaw na wika.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Ang *Ethnolinguistic Vitality (ELV)* nina Giles, Bourhis at Taylor (1997) ay inilahad na mayroong tatlong *bahagi o katangian* na kinakailangan upang ang isang etnolinggwistikong grupo ay manatili at aktibong umunlad. Una, kinakailangang magkaroon ito ng matatag na *demographic representations*, sa pamamagitan ng bilang ng nagsasalita nito, ang direksyon at antas ng pagbabago sa bilang nito (kapanganakan, migrasyon, at *exogamy*) at ang distribusyon ng mga ispiker sa isang lugar. Pangalawa, mayroon dapat itong mataas na kalagayang ekonomikal, historikal, at sosyo-politikal sa loob at labas ng teritoryo ng wika. Panghuli, kinakailangan pormal at impormal na naitataguyod ito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng institusyunal na suporta sa edukasyon, gobyerno, industriya, relihiyon, *mass media* at iba pang institusyong panlipunan.

Ang teoryang *Language Relativity* nina Sapir at Whorf (1970) na nagsabing ang istruktura ng wika ay natutukoy at higit na naiimpluwensyahan ng pag-iisip at pag-uugali na katangian ng kultura kung saan ito sinasalita. Ipinakikita ng teorya na ang paggamit ng wika ay humuhubog sa pagkakaroon ng magkakaibang perspektibo sa mundo kaya ang mga taong magkakaiba ang wikang ginagamit ay mayroon ding magkakaibang pananaw sa mundo.

Ang paggamit ng wika ay nakaangkla sa kultura. Sa madaling salita, mayroong kaugnayan ang pagsasalita at ang pananaw sa mundo. Ang wika at kultura ay magkatambal. Ibinababatay ang pagsasalita sa mga nakasanayan at ang tinatanggap ng lipunan.

Ang *Language Management* ni Spolsky (2009) ang pangunahing saligan ng mananaliksik sa pagbuo ng programa sa pagsalba ng wika sa iba't ibang domeyn.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Binibigyang-tuon ng teoryang ito na ang paggamit at saloobin ng isang tagapagsalita/ispiker sa wika ay nagbabago batay sa pangangailangan o hinihingi ng sitwasyon. Sumasang-ayon ang ilang ispiker na mababago ng iba ang kanilang pagsasalita at maging ang kanilang pagtingin sa wika upang matugunan ang mga suliraning kinakaharap nila sa komunikasyon o hindi kaya naman ay upang maipakita nila na mayroon silang kakaibang imahe, mas mataas na istatus, at kapangyarihan. Dahil dito, upang matugunan ang pagkakaroon ng banta sa wika, ginamit niya ang konsepto ng domeyn kung saan naniniwala siyang dapat magkaroon ng awtoridad na siyang mamamahala o kokontrol sa paggamit at paniniwala (saloobin) ng mga ispiker sa kanilang wika. Tulad halimbawa sa domeyn ng tahanan kung saan nagsisimula ang isang maayos na pamamahala ng wika. Ang mga magulang ang awtoridad o siyang nasusunod sa tahanan kung saan iwinawasto nila ang mga suliraning kinakaharap ng mag-anak sa paggamit ng wika. Ang mga magulang bilang awtoridad sa tahanan ay inaasahang mamamahala sa tamang paggamit at paniniwala o saloobin ng mga anak sa wika. Sila rin ang mga itinuturing na unang guro ng kanilang mga anak kung kaya magiging malaki ang impak nito kung gagamitin ng mga magulang ang kanilang unang wika (L1) bilang wikang panturo sa kanilang mga anak bago pa man ang ibang wika. Samantala, ang mga guro sa paaralan at ang mga opisyal ng pamahalaan ay mga kasangkot din at may mahalagang bahagi sa pamamahala ng wika sa bawat domeyn.

Ang *Theory Of Language Domains* ni Sibayan (1985) ay may tatlong pagpapangkat o domeyn- ang *non-controlling domain* o di-mahalagang larangan



(tahanan), *semi-controlling domain* o medyo mahalagang larangan (relihiyon), at *controlling domain* o mahalagang larangan ng wika (local na pamahalaan, edukasyon at local na industriya at komersyo). Mula sa tatlong binanggit, dalawa lamang pinili ng mananaliksik na maging batayan ng pag-aaral na ito; non-controlling domain (tahanan) at ang controlling domain (lokal na pamahalaan at edukasyon).

Hindi na isinali ng mananaliksik ang *semi-controlling domain* o medyo mahalagang larangan (relihiyon) at ang lokal na industriya at komersyo sa *controlling domain* dahil sa restriksyon sa panahon at paglalakbay noong isinagawa ang pag-aaral na ito.

1.4 Konseptwal na Balangkas

Ang wika ay isang tulay sa lahat ng aspekto sa buhay ng tao. Malinaw na sinasalamín nito ang lumang kasabihang, “walang taong nakapag-iisa.” Sa mundong ating ginagalawan, hindi sapat ang pagkakaroon ng presensya lamang ng tao, kundi lalo’t higit na mahalaga rin ang presensya ng isang wikang mag-uugnay sa kanila. Tulad nga nang binanggit ni Gonzales (2009), mahalaga ang pagkakaroon ng wikang pansarili at hindi mula sa mga dayuhan tungo sa pagtatamo ng sariling pagkakakilanlan at kakanyahan. Ang bernakular o katutubong wika ay palatandaan ng mga ispiritwal at kultural na paraan ng pamumuhay, pagpapahalaga, kapaligirang pisikal at panlipunan ng mga partikular na etnolinggwistikong grupo ng bansa kaya nararapat isalba (Atezora, 2018).



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Sa pag-aaral na ito hangad ng mananaliksik na matukoy ang sitwasyon ng *pakkawawan* ng wikang Gaddang, ang mga hakbang na ginagawa ng bawat domeyn tungo sa *passalba* at ang kasapatan ng mga ito..

Makikita sa konseptwal na balangkas ang naging daloy ng pag-aaral . Nagsimula ito sa wikang Gaddang bilang pangunahing paksa ng pag-aaral. Ginamit ang terminolohiyang “*pakkawawan*” upang ilarawan ang nanganganib na kalagayan ng wika at “*passalba*” na tumutukoy sa pagtatanggkang pagsasalba nito. Partikular na tiningnan ang wikang ito sa tatlong larangan ng wika na nakasaad sa *theory of language domains* ni Sibayan (1985). Sa *non-controlling domains* ay ang tahanan at para naman sa *controlling domains* ay ang lokal na pamahalaan at edukasyon.

Upang makakalap ng datos, nagsagawa ng sarbey ang mananaliksik sa 200 kalahok upang matukoy ang wikang ginagamit ng mga ito mula sa tatlong larangang nabanggit. Sa pamamagitan nito, mailalarawan batay sa bilang ang unti-unting paglalaho ng wikang Gaddang sa mga naturang larangan.

Nagsagawa ng pakikipanayam sa mga napiling key informant sa bawat domeyn upang matukoy ang sitwasyon ng *pakkawawan* ng wika at mga ginagawang hakbang sa pagliligtas nito. Matapos makakalap ng sapat na datos, isinagawa ng mananaliksik ang masinsinang pagsusuri sa kasapatan ng mga impormasyong nakalap.

Mula sa resulta ng pagsusuri nakabuo at nakapaghanda ang mananaliksik ng mga mungkahing programa na makatutulong sa pagpapaunlad o sa pagsalba sa wikang Gaddang sa bawat domeyn. Sa pamamagitan ng unang dalawang hakbang,




naitala ang mga mungkahing programa/gawain na maaaring isagawa upang matugunan ang mga suliranin ng *pakkawawan* ng wikang Gaddang.

Matutunghayan sa kasunod na pigura ang konseptwal na balangkas ng pag-aaral.

Pigura 1.4

Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral sa Kalagayan ng Wikang Gaddang





1.5 Paglalahad ng mga Suliranin

Ang pangunahing layunin ng kasalukuyang pag-aaral ay mailarawan ang kalagayan ng wikang Gaddang sa domeyn ng tahanan, pamayanan at paaralan sa siyudad ng Cauayan sa Isabela at makabuo ng mga mungkahing programa sa *passalba*

Upang matugunan ang pangunahing layunin, sinikap na masagot ng mananaliksik ang mga sumusunod na mga tiyak na suliranin:

1.5.1 Ano ang sitwasyon ng *pakkawawan* ng wikang Gaddang sa Cauayan, Isabela?

1.5.2 Ano-anong hakbang ang ginagawa ng bawat domeyn upang maisalba ang wikang Gaddang?

1.5.3 Ano-anong programa/gawain ang maaaring gawin upang matugunan ang suliranin ng pakkawawan ng wikang Gaddang?

1.6 Depinisyon ng mga Terminong Ginamit

Ang mga sumusunod na terminolohiya ay binigyang kahulugan para sa mas mainam na pang-unawa ng mga mambabasa:

Bilingual Education. Ito ay ang paggamit ng dalawang wika bilang midyum ng pagtuturo.

Domeyn. Ang domeyn ayon kay Francisco ay tumutukoy sa anumang disiplina, gawain, grupo o samahan na nagkakaroon ng pagkakabuklod-buklod tungo



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

sa isang partikular na mithiin. Ginamit ang salitang domeyn sa pananaliksik upang tukuyin ang tahanan, lokal na pamahalaan at edukasyon.

Ethnologue. Isang web based publication na pinamamahalaan ng SIL International na nagbibigay ng impormasyon ukol sa bilang ng ispiker, lokasyon, mga dayalekto, linguistic affiliations at iba pang impormasyon sa mga wika.

Etnolinggwistikong Grupo. Ito ay tumutukoy sa iba't ibang grupo sa Pilipinas na pinagbubuklod ng etnisidad at pagkakaroon ng karangi-tanging wika.

Gaddang. Ang mga Gaddang ang kinikilalang mga unang mamamayan sa Lungsod ng Cauayan at ilan pang mga bayan sa lalawigan ng Isabela kabilang ang mga bayan ng Angadanan, Luna, Alicia, Carig na ngayon ay Santiago at mga bahagi ng Aurora, Gamu (Dalig), Calanusian na ngayon ay Reina Mercedes, Naguilian, at Tumauini. Ang Gaddang ay nagmula sa isang kombinasyon ng mga salitang *ga* na nangangahulugang "init" at *dang* na nangangahulugang "sinunog" na tumutukoy sa kanilang mas maitim na kutis kumpara sa ibang mga tao ng Cordillera at lambak ng Cagayan.

Impormante. Ayon kay Creswell (2013), ang impormante o *key informant* o *gatekeeper* ay mga taong may sapat na kaalamang maibabahagi sa wika, kagawian o kaugalian ng isang komunidad.

Isabela. Ang probinsiya ng Isabela ay ang ikalawa sa pinakamalaking probinsiya sa Pilipinas. Ito ay matatagpuan sa Lambak ng Cagayan sa Luzon. Ito ay binubuo ng 34 na munisipalidad, dalawang *component cities* (Cauayan at Ilagan), at isang



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

independent city (Santiago). Ang mga wikang sinasalita rito ay ang Ilocano, Gaddang, Ibanag, Tagalog, Yogad at Ingles.

K to 12. Tinatawag ding *Enhanced Basic Education* na nilagdaan noong ika-15 ng Mayo taong 2013. Naglalayon itong dagdagan ng dalawang taon ang batayang edukasyon ng Pilipinas. Pagkatapos ng *kinder* ay dadaan ang bata sa anim na taon ng pag-aaral sa elementarya, apat na taon sa *junior high school* at ang dagdag dalawang taon sa *senior high school*.

Language Vitality and Endangerment (LVE). Ito ay balangkas na dinebelop ng *Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages* ng UNESCO noong 2003 na ginagamit sa pagtukoy sa kasiglahan ng wika para mas mapaunlad pa ito lalo. Nakapaloob dito ang mga salik pampagtatataya para sa kalagayan ng wika.

Lingua Franca. Ang lingua franca ay tumutukoy sa anumang wika na ginagamit para sa pakikipag-usap sa pagitan ng mga tao na mayroong magkaiibang katutubong wika

Midyum ng Instruksyon. Tumutukoy ito sa anumang wikang ginagamit ng guro sa paglalahad ng kanyang mga aralin.

Moribund. Ito ang tawag sa kalagayan ng wika kung saan hindi na ito ginagamit ng mga anak bilang kanilang unang wika.

Mother Tongue. Tumutukoy ito sa wikang unang natutuhan ng bata. Madalas din itong tinatawag na “inang wika” o “wikang sinuso sa ina”.

Mother Tongue-Based Multilingual Education. Ito ay isang polisiya ng Kagawaran ng Edukasyon ng bansa na nag-aatas sa paggamit ng inang wika bilang



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

midyum ng instruksyon mula Kinder hanggang sa Ikatlong Baitang ng mag-aaral. Ito rin ay kilala sa akronim nitong MTB-MLE.

Ortografiya. Tinatawag ding palabaybayan. Ito ay isang kalipunan ng mga pamantayan sa pagsusulat ng isang wika. Kabilang dito ang mga pamantayan sa pagbaybay, paggigitling, pagmamalaking titik, paghinto ng salita, diin, at bantas.

Pakkawawan. Ito ay isang salitang Gaddang na may ibig sabihin na pagkawala o paglalaho. Ginamit ang salitang ito sa pananaliksik sa pagtukoy ng paglalaho ng wikang Gaddang.

Passalba. Ito ay isa ring salitang Gaddang na nangangahulugang pagliligtas. Ginamit ito sa pag-aaral upang alamin ang proseso/hakbang na isinasagawa upang mapanumbalik ang katatagan ng isang wikang unti-unting nawawala.

Pagpaplanong Pangwika. Ito ay tumutukoy sa mga paraan na maaaring gawing upang mabago ang wika sa aspektong istruktural at mga element nito at ang papel nito sa lipunan. Ayon kay Fishman (1971), ito ang pag-oorganisa ng solusyon sa mga suliraning pangwika na ang pangunahing layunin ay ang pormulasyon at ebalwasyon ng mga alternatibong solusyon upang matukoy ang pinakaangkop na desisyon ukol rito.

Universal Declaration on Linguistic Rights. Ito ay tinatawag ding Barcelona Rights. Ito ay isang dokumento na pinirmahan ng PEN Club (isang organisasyon ng mga manunulat) at iba pang mga organisasyon noong 1996 bilang pagsuporta sa *linguistic rights* lalo na sa mga wikang nanganganib ng mawala.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Wikang Gaddang. Ito ay tumutukoy sa wikang ginagamit ng humigit kumulang 30, 000 tao sa Pilipinas partikular sa ilang bayan sa mga probinsya ng Nueva Vizcaya, Isabela, at Cagayan. Ito rin ang isa sa tatlong wikang sinasalita sa siyudad ng Cauayan kung saan isinagawa ang pag-aaral.

KABANATA II

PAMAMARAAN AT METODOLOHIYA

Sa kabanatang ito inilahad ng mananaliksik ang disenyo ng pananaliksik, lugar ng pag-aaral, mga kalahok ng pag-aaral, pagpili ng kalahok, instrumento, hakbang bago ang pangangalap ng datos, pagsusuring istatistikal at etika ng pananaliksik.

2.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng disenyong kwalitatibo sa pagsusuri ng mga empirikal na datos. Ang metodong ito ay itinuturing ni Van Maanen (1983) bilang kasanayan sa pagsasaayos ng mga pagpapakahulugan na may layuning mailarawan, matukoy, maisalin at/o malaman ang kahulugan ng mga terminolohiya, na hindi nababatay sa dalas (frequency), ng mga nangyayari sa mundo.

Pamamaraang deskriptibo ang ginamit sa pagsusuri o pag-aanalisa ng mga datos na may layuning matukoy ang kalagayan ng wikang Gaddang sa siyudad ng Cauayan. Ang pamamaraang ito ay ginamit sa pananaliksik na kinasasangkutan ng pangangalap ng mga datos upang tiyakin at subukin ang haypotesis o di kaya'y upang sagutin ang mga tanong na may kinalaman sa kasalukuyang kalagayan ng paksa o pinag-aaralan (Fraenkel at Wallen 1993).



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Upang higit na matugunan ang hangarin ng mananaliksik na makangalap ng datos mula sa mga piling impormante, bumuo ito ng isang talatanungan at karagdagang mga katanungan na ginamit sa pakikipanayam.

Ang mga nakalap na datos gamit ang talatanungan, pakikipanayam, obserbasyon sa mga kalahok ang ginamit ng mananaliksik upang matugunan ang mga tiyak na suliraning nakalahad.

2.2 Lugar ng Pinagkuhanan ng Datos

Makikita sa magkasunod na mapa ang lokasyon ng pag-aaral. Ipinakikita sa unang mapa ang kinaroroonan ng siyudad ng Cauayan sa lalawigan ng Isabela samantalang ang ikalawang mapa ay nagpapakita naman ng mga barangay na bumubuo sa bayan.

Ang siyudad ng Cauayan ay kabilang sa *third class component city* at estratehikong matatagpuan sa pinakapuso ng malawak at natural na mayaman na lalawigan ng Isabela. Ang pangalang Cauayan ay nangangahulugang "kawayan" sa bernakular na wika. Sa tatlumpu't apat (34) na bayan at tatlong (3) lungsod na bumubuo sa lalawigan ng Isabela, ang Cauayan ang tinaguriang "*Huwarang Lungsod ng Hilaga*" (*Ideal City of the Nort*).

Ayon sa mga tala, ang Cauayan ay orihinal na bahagi ng probinsiya ng Cagayan at inilipat bilang bahagi ng Nueva Vizcaya noong 1839 noong maging ganap itong probinsya. Sa paglikha ng Isabela bilang isang lalawigan sa pamamagitan ng isang *Royal Decree* na inilabas noong Mayo 1, 1856, ito ay binago bilang isang bayan ng lalawigan.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Ang lungsod ng Cauayan ay may kabuuang lawak na 33,640.451 ektarya. Ito ay binubuo ng animnapu't limang (65) barangay, ang mga ito ay Alicaocao, Alinam, Amobocan, Andarayan, Bacolod, Baringin Norte, Baringin Sur, Buena Suerte, Bugallon, Buyon, Cabaruan, Cabugao, Carabatan Chica, Carabatan Grande, Carabatan Punta, Carabatan Bacareno, Casalatan, San Pablo (Casap Hacienda), Cassap Fuera, Catalina, Culalabat, Dabburab, De Vera, Dianaao, Disimuray, District I (Pob.), District II (Pob.), District III (Pob.), Duminit, Faustino (Sipay), Gagabutan, Gappal, Guayabal, Labinab, Linglingay, Mabantad, Maligaya, Manaoag, Marabulig I, Marabulig II, Minante I, Minante II, Nagcampegan, Naganacan, Nagrumbuan, Nungnungan I, Nungnungan II, Pinoma, Rizal, Rogus, San Antonio, San Fermin, San Francisco, San Isidro, San Luis, Santa Luciana (Daburab 2), Santa Maria, Sillawit, Sinippil, Tagaran, Turayong, Union, Villa Concepcion, Villa Luna, at Villaflores. Dahil dito, ang Cauayan ang ikaapat sa may pinakamalaking populasyon sa Rehiyon II.

Ang pangunahing hanapbuhay ng mga taong naninirahan dito ay pagsasaka at komersyo. Nakilala sa ilalim ng RFPF 2001-2030 bilang isa sa mga pangunahing sentro ng lungsod ng rehiyon, na nagbibigay ng magkakaibang hanay ng mga pasilidad upang matugunan ang mga pangangailangang pang-administratibo, panlipunan, komersyal at institusyonal ng populasyon ng rehiyon.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Figura 2.1.

Mapa ng Isabela






PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Pigura 2.2.

Mapa ng Cauayan





2.3 Pagpili ng Kalahok at mga Kalahok

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Ayon kay Creswell (2007), kasingkahulugan ng kwalitatibong pananaliksik ang uri ng *sampling* na ito sapagkat ang mananaliksik ay makapamimili ng mga kalahok at lugar ng pag-aaral na kaugnay ng penomena at suliranin ng pag-aaral. Kinakailangang magpasya ang mananaliksik kung sino ang kinatawan ng penomena na pinag-aaralan at kung ilang lugar o kalahok ang isasama sa pag-aaral para masagot ang mga suliranin.

Ang lahat ng mga kalahok ay pinili ng mananaliksik gamit ang mga sumusunod na pamantayan. Sila ay dapat na:

- a) orihinal na naninirahan sa syudad ng Cauayan;
- b) ginagamit ang wika; at
- c) purong miyembro ng tribu.

Ang mga kalahok sa kasalukuyang pag-aaral ay mga Gaddang mula sa dalawang barangay na itinakda ng NCIP-Cauaya, Brgy. Duminit at Brgy. Guayabal. May kabuoang dalawang daan (200) ang mga tagapabatid (key informant) sa pananaliksik na ito.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Nahahati sa tatlong pangkat ang mga kalahok sa pag-aaral alinsunod sa itinakdang *age bracket*. Para sa unang pangkat, mayroong kabuoang bilang na animnapu't pito (67) at ang mga ito'y nasa apatnapu't anim (46) taong gulang pataas. Samantalang ang pangalawang pangkat naman ay may edad na dalawapu't anim (26) hanggang apatnapu't limang (45) taong gulang na mayroon ding kabuoang bilang na animnapu't pitong (67) kalahok. At panghuli, ang pangatlong pangkat na may kabuoang bilang na animnapu't anim (66) na kalahok na may edad sampu (10) hanggang dalawampu't limang (25) taong gulang.

Ang mga kalahok ay kabilang sa tatlong domeyn na itinakda sa pag-aaral na ito. Ang karamihan sa mga kalahok ay anak, magulang, at lolo/lola na bahagi ng domeyn na tahanan. Naging bahagi rin ng pag-aaral na ito ang mga guro, *health workers*, *retired teacher*, mga opisyal ng barangay, at/o *IP leader/s*.

Pinili ng mananaliksik ang mga *key informant* sa bawat domeyn.

2.4 Pangangalap ng Datos

Sa isinagawang pangangalap ng datos, ginamit ng mananaliksik ang *Triangulation Treatment of Data*. Ang pamamaraang ito ay ang paggamit ng marami at mula sa iba't ibang mapagkukunan ng datos, metodo, mga imbestigasyon, at teorya upang magbigay ng patunay sa isang katibayan (Creswell, 2013). Ito ay isang estratehiya sa kwalitatibong pananaliksik na sumusubok sa katumpakan o *validity* sa pamamagitan ng pagtatagpo ng mga impormasyon mula sa iba't ibang pinagmulan o pamamaraan. Ayon naman kay Patton (1999), ginagamit ang estratehiyang ito para makadebelop ng komprehensibong pang-unawa ng isang penomena.



Ang mga pamamaraang ginamit sa pangangalap ng datos

a. Talatanungan.

Bumuo ang mananaliksik ng isang talatanungan na nakabatay sa *Language Vitality and Endangerment ng UNESCO* (2000) upang matukoy ang kalagayan ng wikang Gaddang, *Language Management* ni Spolsky (2009) sa pagtukoy sa pagsasalba nito, at ang *Theory of Language Domains* ni Sibayan (1985). Ang talatanungan ay mayroong apat na bahagi. Una, ang tungkol sa personal na impormasyon ng kalahok. Ikalawa, tungkol sa pinakaginagamit na wika ng mga kalahok sa bawat domeyn o higit pa kung mayroon. Ikatlo, ang pagtukoy sa kalagayan ng wikang Gaddang sa tatlong domeyn (tahanan, paaralan, at lokal na pamahalaan), at panghuli, mga mungkahing programa upang maisalba ang wikang Gaddang. Makikita ang talatanungan sa pahina 161.

Ang mga datos na nakalap gamit ang talatanungan ay sinuri gamit ang *frequency, mean at standard deviation*.

Narito ang iskala sa pagpapakahulugan sa estadistika.

Iskala		Kwalitatibong Deskripsiyon
5	4.21-5	Lubos na sumasang-ayon
4	3.41-4.20	Sumasang-ayon
3	2.61-3.40	Hindi gaanong sumasang-ayon
2	1.81-2.60	Hindi sumasang-ayon
1	1-1.80	Lubos na hindi sumasang-ayon

b. Key Informant Interview



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Pinili ng mananaliksik ang mga *key informant* sa bawat domeyn na inilahad sa itaas. Naisaalang-alang ang mga katangiang dapat taglayin ng isang mahusay na informant na binanggit ni Paz (2005). Ang isang mahusay na informant ay taong matatas, hindi mahiyain, may tamang gulang, at mayaman ang alaala tungkol sa mga pangyayari o matandain.

Sa pamamagitan ng Key Informant Interview (KII), sinikap ng mananaliksik na matuklasan ang sitwasyon ng *pakkawawan* ng wika sa bawat domeyn at malaman ang mga hakbang/programa na ginagawa upang maisalba ang wikang Gaddang.

c. Obserbasyon.

Ginamit ng mananaliksik ang pamamaraang ito upang magkaroon ng pagmamaside sa aktwal na konteksto ng pagkakagamit ng wika sa iba't ibang domeyn. Sa pamamagitan nito, mas napatunayan ng mananaliksik ang mga datos o salaysay na resulta ng unang dalawang pamamaraan.

2.5 Mga Hakbang na Isinagawa sa Pagkuha ng Datos

a. Paghingi ng permiso mula sa *National Commission on Indigenous Peoples* and *National Commission on Indigenous Peoples (NCIP)* – Region 02 ang tanggapan ng pamahalaan na nangangasiwa at nagbibigay ng pahintulot sa pagsasagawa ng mga pananaliksik tungkol sa *Indigenous Knowledge Systems and Practices* (IKSP) nagsagawa ang *NCIP IKSP team*, kasama ang mananaliksik, ng *Pre-IKSP Conference* para sa pagtalakay sa pananaliksik at paghahanda ng *Work Financial Plan*, kasunod ang *Conference and Disclosure Meeting*, *Decision*



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Meeting and Negotiation, Memorandum of Agreement Signing at pagkakaloob ng *Resolution of Consent*.

Ang mga opisyaless ng **Attrata na Gaddang To Ciudad ng Cauayan**, ang ***Indigenous Peoples Mandatory Representative*** (IPMR) ng Cauayan, at ilang mga nakatatandang miyembro ng tribu ang mga saksi at pumirma sa *Memorandum of Agreement at Resolution of Consent*. Kasunod ang paghanda at pagpasa ng IKSP Team ng *Field Validation Report* bago nag-isyu ng *Certification of Precondition* ang *Regional Director*. Ang sertipikong ito ang hudyat at patunay na maaari nang mangalap ng datos ang mananaliksik. Matapos maisagawa ang mga kahingian mula sa NCIP-02, naisagawa na ang pananaliksik. Ang huling yugto ng mga kahingian ng NCIP ay ang *Post Conference kasama ang mga kalahok sa Pre-Conference at Memorandum of Agreement*. Ang *Post Conference* ay isinagawa ng NCIP Cauayan kasama ang mananaliksik para sa balidasyon ng mga datos.

Ang mananaliksik ang siyang mismong nangalap ng datos upang lubos na maunawaan ang mga saklaw at posibilidad sa pag-aaral at matiyak ang kalidad ng ihahatag na datos.

2.6 Etika ng Pananaliksik

Ayon sa Free Dictionary (2014), ang etika ay tumutukoy sa mga pamantayan ng pagkilos at pag-uugali batay sa mga katangap-tanggap na ideya kung ano ang tama at mali. Ang pagiging etikal sa larangang ito ay pagsunod sa mga pamantayang may pagpapahalaga sa katapatan, kabutihan, at pagpapanguna sa kapakanan ng lahat ng tagapabatid. Napanatili ng mananaliksik ang *privacy* ng lahat ng mga kalahok sa pag-aaral na ito.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Sa pag-usad ng pag-aaral ay sinikap ng mananaliksik na isaalang-alang ang mga kinakailangang etika sa paggawa nito. Siniguro niyang ligtas mula sa pisikal at sikohikal na pinsala ang mga kalahok; hindi niya pinilit ang partisipasyon ng mga ito; paniniyak na mananatiling kompidensyal ang datos na nakalap; paninigurong tanging ang mga sinabi lamang ng mga kalahok ang kanyang isinama sa pag-aaral at panghuli sumunod siya sa nakatakdang tuntunin at kondisyong hinihingi sa *Memorandum of Agreement* ng NCIP.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

KABANATA III

RESULTA AT PAGTALAKAY NG PAG-AARAL

Sa kabanatang ito matutunghayan ang mga paglalahad , pagsusuri at pagtalakay sa resulta ng pag-aaral.

Isa-isang inilahad at sinagot ang mga tanong pananaliksik na 1) Ano ang sitwasyon ng *pakkawawan* (pagkawala) ng wikang Gaddang sa Cauayan, Isabela?;2) Ano-anong hakbang ang ginagawa ng bawat domeyn upang maisalba ang wikang Gaddang? Sapat ba ang ginagawang hakbang ng bawat domeyn sa pagsalba sa wikang Gaddang?; at 3) Ano-anong programa/gawain ang maaaring gawin upang matugunan ang suliranin ng *pakkawawan* ng wikang Gaddang?

Ang pagtalakay ay batay sa domeyn na nahahati sa mga paksang: Ang Dominanteng Wika; Pakkawawan : Ang kalagayan ng Wikang Gaddang; Pakkawawan: Pagsusuri at Karanasan; at Mga hakbang tungo sa Passalba.

A. Sitwasyon ng *pakkawawan* sa Iba't Ibang Domeyn

a. Pagsusuri ng mga Datos sa Domeyn ng Tahanan

a.1 Ang Dominanteng Wikang Ginagamit sa Tahanan

Nagsagawa ang mananaliksik ng sarbey tungkol sa umiiral na wika o mga wika sa siyudad ng Cauayan partikular sa Brgy. Duminit at Brgy. Guayabal bilang



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

inisyal na hakbang sa pagtukoy ng kalagayan ng wikang Gaddang gayundin ang bilang ng mga taong nagsasalita o gumagamit sa katutubong wika sa kasalukuyan. Makikita sa ibaba ang talahanayan.

Makikita sa *Talahanayan 3.1* na maraming wikang ginagamit o sinasalita sa Brgy. Duminit at Brgy. Guayabal. Mula sa 200 kalahok sa pag-aaral, 197 kalahok o 98.5% ang kayang magsalita at umintindi ng wikang Gaddang, 118 o 59% ang nagsasalita ng Tagalog, 102 o 51% sa Iluko, 33 o 16.5% ang nakapagsasalita sa Ingles, 6 o 3% sa Itawes, 4 o 2% sa Ibanag, at tig-isao 0.5% sa mga wikang Kankana-ey, Itneg, at Palanan. Mahihinuha mula sa mga datos na may mga kalahok na nakapagsasalita ng higit sa isa o dalawang wika.

Talahanayan 3.1

Mga Wikang Sinasalita ng mga Mamamayan ng Barangay Duminit at Barangay Guayabal sa siyudad ng Cauayan

Wikang Sinasalita	Bilang	Bahagdan (%)
Gaddang	197	98.5
Tagalog	118	59
Iluko	102	51
Ingles	33	16.5
Itawes	6	3
Ibanag	4	2
Kankana-ey	1	.5
Itneg	1	.5
Palanan	1	.5

Sa *Talahanayan 3.2* nakalahad ang resulta ng sarbey sa domeyn ng tahanan na nagpapakita ng mga dominante o nangingibabaw na wika ayon sa edad. Kapansin-pansin na 157 o 78.5% ng mga kalahok mula 10-46-pataas na taong



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

gulay ay nagsasalita o nakapagsasalita ng Gaddang, samantalang 34 o 17% ang nakapagsasalita ng Tagalog, 8 o 4% ang nakapagsasalita ng Ilokano at isa (1) o 0.5% ang nakapagsasalita ng Ingles. Wala namang gumagamit ng Ibanag sa loob ng tahanan. Maliwanag kung gayon na ang Gaddang ang pinakadominante o nakapangingibabaw na wika sa loob ng tahanan.

Talahanayan 3.2.

Ang Dominanteng wika sa Loob ng Tahanan

Edad	Gaddang	Ingles	Tagalog	Ilokano	Ibanag
46-Pataas	48	0	7	1	0
26-45	50	0	15	2	0
10-25	59	1	12	5	0
Kabuoan	157	1	34	8	0
Bahagdan	78.5%	0.5%	17%	4%	

a.2 Pakkawawan ng Wikang Gaddang ayon sa mga Impormante

Inilahad ng Talahanayan 3.3 ang mga saloobin at pananaw ng mga kalahok tungkol sa kalagayan ng wikang Gaddang sa loob ng tahanan.

Batay sa resulta, makikita **na lubos na sumasang-ayon** ang lahat ng mga kalahok sa mga sumusunod na kalagayan: 1)Naisasalin ang wikang Gaddang sa bawat henerasyon sa pamilya; 2)Sinasalita ng lahat ng miyembro ng pamilya ang wikang Gaddang; at 4) Ginagamit ng matatanda at mga bata ang wikang Gaddang sa loob ng tahanan.

Ang mga kalagayan na may pare-parehong resultang **sumasang-ayon** batay sa mga kalahok ay 5)Tanging matatanda na lamang sa pamilya ang matatas (*fluent*) sa paggamit ng wikang Gaddang; 7) Wikang Gaddang ang unang ginagamit ng mga magulang upang turuan ang kanilang mga anak; 8)



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Nakatutulong ang wikang Gaddang sa pagbibigay ng tulong ng mga magulang sa pagsagot ng mga aralin ng kanilang anak sa eskwelahan.

Ang mga kalagayan na may resultang ***hindi gaanong sumasang-ayon*** ang mga kalahok ay aytem 3) Iilan lamang ang gumagamit ng wikang Gaddang sa loob ng tahanan; 6) Mas ginagamit ang ibang wika kaysa Gaddang sa loob ng bahay. Ibig sabihin naniniwala ang mga kalahok na marami ang gumagamit ng wikang Gaddang sa loob ng tahanan sa kanilang ordinaryong pag-uusap at ugnayan sa bawat kasapi ng pamilya. Pinatunayan nito ng pagiging dominante ng wikang Gaddang sa mga wikang ginagamit (Talahanayan 3.2) sa domeyn ng tahanan.

Sa aytem 4)Ginagamit ng matatanda at mga bata ang wikang Gaddang sa loob ng tahanan, kapansin-pansin na ang edad 46-pataas at 10-24 ay parehong ***lubos na sumasang-ayon*** samantalang ang mga kalahok na nasa edad 25-45 ay ***sumasang-ayon*** din. Gayunpaman, ang pangkalahatang saloobin sa aytem 4 ng talatanungan ay ***lubos na sumasang-ayon***.

Tulad ng naging obserbasyon ng mananaliksik sa pamilya ni Impormante 12 kung saan mataas ang pagtingin nila sa wikang Gaddang kung kaya't ituro ito sa anak nilang si Noah. Bagaman ginagamit din ng bata ang wikang Tagalog, 1Gaddang naman daw ang mga tugon nito kung kakausapin sa wikang Gaddang.

Ganito rin naman ang naobserbahan ng mananaliksik sa pag-uusap ni Andrei, ang batang nagsilbing *tour guide* ng mananaliksik sa Brgy. Guayabal, nang makasalubong ang kanyang kaklase sa tapat ng kanilang paaralan. Kapansin-pansin ang pagiging matatas ng mga ito sa paggamit ng wikang Gaddang.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Sa aytem 9 at aytem 10, **lubos na sumasang-ayon** ang edad 46-pataas samantalang sumasang-ayon naman ang edad 25-45 at 10-24. Sa pangkalahatan, **sumasang-ayon** sila na ang kalagayan ng wikang Gaddang sa tahanan ay 9)Nakatutulong ang wikang Gaddang sa pagkakaroon ng harmonya sa loob ng tahanan; 10).Tinitingnan ng mga nakatatanda na isang responsibilidad ang pagsasalin ng wikang Gaddang sa kanilang mga kamag-anak.

Patunay ang mga pananaw at saloobin ng informant na ang wika ang siyang dahilan kung paano nagkakaroon ng magandang pakikipag-ugnayan sa kapuwa, pagpapatatag sa samahan ng mga magkakaibigan, magkakapamilya, makakapitbahay, magkakabarangay at magkababayan (Quito,2009).

Batay sa mga resultang nakalap, ginagamit at umiiral pa rin ang wikang Gaddang kaya't masasabing ligtas sa pagkawala ang wikang Gaddang dahil pinakanangingibabaw pa ayon sa bilang ng gumagamit at sang-ayon ang mga kalahok na maraming kabutihang dulot ang wikang Gaddang lalo na sa loob ng tahanan. Gayunpaman, maliwanag ang banta ng pwersang eksternal (pangingibabaw ng Tagalog) at internal (kagustuhan ng mga magulang na matuto ng popular na wika) sa wikang Gaddang (LVE UNESCO 2003).

Talahanayan 3.3

Pakkawawan sa Tahanan: Ang Kalagayan ng wikang Gaddang sa Loob ng Tahanan

<i>Ang Kalagayan ng wikang Gaddang sa Loob ng Tahanan</i>	Pangkat Edad 46-Pataas (N=67)	Pangkat Edad 26-45 (N=67)	Pangkat Edad 10-25 (N=66)	Kabuuang Kalahok sa pag-aaral (N=200)



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

	Mean	Std. Dev	Mean	Std. Dev	Mean	Std. Dev	Mean	Std. Dev.	Deskr ipsyon
1.Naisasalin ang wikang Gaddang sa bawat henerasyon sa pamilya.	4.54	0.74	4.49	0.75	4.23	1.03	4.42	0.91	Lubos na sumas ang-ayon
	Lubos na sumasang-ayon		Lubos na sumasang-ayon		Lubos na sumasang-ayon				
2.Sinasalita ng lahat ng miyembro ng pamilya ang wikang Gaddang.	4.55	0.68	4.24	0.99	4.24	1.02	4.35	0.98	Lubos na sumas ang-ayon
	Lubos na sumasang-ayon		Lubos na sumasang-ayon		Lubos na sumasang-ayon				
3.Iilan lamang ang gumagamit ng wikang Gaddang sa loob ng tahanan.	2.78	1.46	3.09	1.33	2.94	1.38	2.94	1.4	Hindi gaano ng sumas ang-ayon
	Hindi gaanong sumasang-ayon		Hindi gaanong sumasang-ayon		Hindi gaanong sumasang-ayon				
4.Ginagamit ng matatanda at mga bata ang wikang Gaddang sa loob ng tahanan.	4.31	0.89	4.06	1.05	4.26	1.06	4.21	1.05	Lubos na sumas ang-ayon
	Lubos na sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Lubos na sumasang-ayon				
5.Tanging matatanda na lamang sa pamilya ang matatas (<i>fluent</i>) sa paggamit ng wikang Gaddang.	3.99	1.30	3.84	1.54	3.70	1.4	3.84	1.43	Sumas ang-ayon
	Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Sumasang-ayon				
6.Mas ginagamit ang ibang wika kaysa Gaddang sa loob ng bahay.	3.03	1.45	3.15	1.38	2.98	1.36	3.06	1.4	Hindi gaano ng sumas ang-ayon
	Hindi gaanong sumasang-ayon		Hindi gaanong sumasang-ayon		Hindi gaanong sumasang-ayon				
7.Wikang Gaddang ang unang ginagamit ng mga magulang	3.87	1.32	4	1.04	3.61	1.21	3.83	1.23	Sumas ang-



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

upang turuan ang kanilang mga anak.	Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Sumasang-ayon				ayon
8.Nakatutulong ang wikang Gaddang sa pagbibigay ng tulong ng mga magulang sa pagsagot ng mga aralin ng kanilang anak sa eskwelahan.	3.54	1.25	3.66	1.08	3.41	1.15	3.54	1.19	Sumasang-ayon
	Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Sumasang-ayon				
9.Nakatutulong ang wikang Gaddang sa pagkakaroon ng harmonya sa loob ng tahanan.	4.22	0.85	4.1	0.93	4.09	0.87	4.14	0.92	Sumasang-ayon
	Lubos na sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Sumasang-ayon				
10.Tinitignan ng mga nakatatanda na isang responsibilidad ang pagsasalin ng wikang Gaddang sa kanilang mga kamag-anak.	4.27	0.73	4.13	0.91	3.92	0.97	4.11	0.94	Sumasang-ayon
	Lubos na sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Sumasang-ayon				

Ang tahanan ay *non-controlling domain* dahil ang paggamit ng wika ay hindi na kinakailangan pa na nakasulat o pinagpaplanuhan (Sibayan, 2005.) Sa tahanan nagsisimula ang pagkatuto. Ito ang itinuturing ng lahat na unang paaralan kung saan namulat, natuto at nahubog ang pagkatao ng isang indibidwal. Maliwanag na ang tahanan ang pangunahing pandayan ng dila, kaisipan at pagpapahalaga ng bawat batang taga-Cauayan. Ngunit dala ng pagbabago sa lipunang ginagalawan, nagkakaroon ng pagbabago sa saloobin at pananaw maging sa wikang kinagisnan. Ang wikang Gaddang ay isa sa mga naapektuhan ng pagbabago.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Narito ang mga dahilan ng pagbabago sa pananaw ng mga Gaddang sa wikang Gaddang na nagsasanhi ng *pakkawawan* ng wikang Gaddang:

1. Ang kagustuhan ng matatanda na matuto ang mga bata (anak at apo) ng ibang wika tulad ng Tagalog.

Patunay rito ang binanggit ni Impormante 1, 66 taong gulang, nang tanungin kung alin ang mas matimbang na matutunan ng mga nakababatang miyembro ng kanilang pamilya, Gaddang o Tagalog, aniya:

“Mabalin met ma’am nga Gaddang, Tagalog. Tapno ammo na met iti sarita nga Tagalog.”

(“Puwede naman ma’am na Gaddang o Tagalog. Para alam naman niya ang (mga) salitang Tagalog.”)

Ganito rin ang opinyon ni Impormante 2, 22 taong gulang, may dalawang anak, na Tagalog ang itinuro niya sa kanyang mga anak dahil makatutulong ito sa kanilang pag-aaral. Ayon sa kanya, mas madaling naiintindihan ng kanyang panganay ang mga aralin o aktibidad sa kanyang modyul kung Tagalog ang ginagamit nito sa paggabay sa kanya. Mariin din niyang sinabi na:

“Mahuhuli kapag Gaddang. ‘Pag Gaddang po kasi mas matagal. Pero ‘pag Tagalog, kasi ‘yun po ang unang natutunan nila Tagalog. Sa iskul.”

Ang mga saloobing ito ng mga ina ng tahanan at ng mga tao sa wika o *language attitudes* ang salik na nagbabanta sa pananatili ng mga wika (Kobari ,2011; Genuino). Hindi nangangahulugan ng pagkawala ng konsepto o ng kaisipan, kundi dahil sa pagbabago ng saloobin ng mga nagsasalita nito kaya nakakaligtaan nang ituro ang kanilang wika sa mga sumusunod na henerasyon (Crystal ,2000).Ibig sabihin nasasadlak ang isang wika sa istatus nang unti-unting



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

pagkamatay sapagkat ang wika ay hindi na naituturo sa bagong henerasyon bilang kanilang unang wika (mother tongue)(Wurm, 1998). Bilang patunay, narito ang pahayag ni Impormante 3, 20 taong gulang, SK Chairperson ng Brgy. Duminit.

Aniya:

“Konti na lang po sa amin ang nakakaalam ng wikang Gaddang. Katulad po dito sa barangay namin, sa barangay Mabantad, sa Guayabal po, Gagabutan, ganun na lang po ‘yung nakakaalam. Kokonti na lang po sa Cauayan, sa mga barangay dito sa Cauayan ang nakakaalam sa Gaddang. Karamihan po ay Ilocano at Tagalog po ang ginagamit.”

Batay sa resulta ng sarbey at panayam na isinagawa ng mananaliksik, lumabas na nanganganib nang mawala ang wikang Gaddang sapagkat hindi na ito naipasa ng mga matatanda sa mga nakababatang henerasyon sa kasalukuyan. Tulad ng inilahad ni Atezora (2018) sa kanyang pag-aaral, sinasanay na ng mga magulang ang kanilang mga anak sa pagsasalita ng wikang Tagalog upang maging madali para sa mga ito ang makipag-ugnayan sa kanilang makasasalamuha sa bayan.

2. Pagtanggap at pagtangkilik sa Tagalog dahil ito ang wikang ginagamit sa paaralan.

Narito ang pahayag ni Impormante 4 , 64 taong gulang, nakapag-asawa din ng purong Gaddang. Ayon sa kanya, Tagalog ang unang wikang itinuro niya sa kanilang mga anak dahil nagamit nila ito sa paaralan at karamihan daw sa mga bata sa kanilang lugar ay puro Tagalog pagdating sa pagsasalita. Sa kabila nito, nakaiintindi rin naman ng Gaddang ang kanyang mga anak at nakapagsasalita rin



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

paminsan-minsan. Nang tanungin siya kung bakit Tagalog ang pinili niyang wikang ituturo sa kanyang mga anak kaysa Gaddang, inihayag niya na:

“Kasi nga po ma’am kagaya ng dito ‘yung mga bata puro Tagalog ‘yung pag-uusap nila kahit Gaddang kami. Kaya ganun ang itinuturo namin sa kanila para hindi sila mahirapan makaintindi ng Tagalog.”

Sinasalamin ng naging pahayag ni Impormante 4 ang isa sa mga dahilang lumutang sa pagkawala ng wika sa pag-aaral ni Atezora (2018), kung saan nakasaad doon na ang pagkawala/panganganib ng wikang wikang Bolinao ay bunga ng pagtuturo ng mga magulang ng wikang Tagalog at Ingles.

3. Pantay na pagpapahalaga sa wikang Gaddang at Tagalog.

Sa kabila ng pagiging dominante nito sa loob ng tahanan, hindi pa rin matitiyak ang katatagan ng kasalukuyang kalagayan ng wikang Gaddang sapagkat karamihan sa mga impormante ay tinitingnan ang Gaddang at Tagalog bilang magkapantay na dominanteng wikang ginagamit sa loob ng tahanan. Ayon nga kay Cristobal (2020), dahil sa pag-usbong ng mga ganitong suliranin, unti-unting mawawala ang natatanging katangian ng isang wika dahil sa pagpili sa mga wikang naghahari.

Sa kabila ng paggamit ng wikang Gaddang mula bata hanggang matatanda, lumabas na tanging matatanda na lamang ang matatas o *fluent* sa paggamit nito. Sa madaling salita, mga basal na mga salita na lamang ang kayang gamitin ng mga mas nakababata na nakadepende sa kanilang pangangailangan. Lumutang din mula sa datos na nakalap na mayroon pang ibang wika maliban sa wikang Gaddang ang



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

ginagamit sa loob ng tahanan. Ang datos na ito ay maaaring siyang nakaapekto sa hindi pagiging matatas o *fluent* ng mga bata sa paggamit ng kanilang unang wika (L1). Lumutang naman ang pagiging epektibo ng wikang Gaddang dahil sa nakatutulong ito sa pag-unawa ng mga bata sa pagsagot ng kanilang mga aralin. Nakapagpapatatag din ng relasyon ng isang mag-anak ang paggamit nila ng wikang Gaddang at nakatanim pa rin sa puso't isip ng mga matatanda ang pagsasalin nito sa mga susunod pang mga henerasyon.

Mahihinuha mula sa mga nakalap na datos mula sa mga salaysay ng mga informant na ang pangunahing dahilan ng *pakkawawan* ng Gaddang sa tahanan ay ang mismong magulang. Ang mga magulang ng mga bata ang nagtuturo at nagsasanay sa kanila na magsalita sa wikang Tagalog at Ingles.

1. Inihahanda ng mga magulang ang kanilang mga anak sa pagpasok sa paaralan dahil karaniwang Filipino at Ingles ang midyum ng pagtuturo.

Si Impormante 1, 66 taong gulang, ipinanganak sa Brgy. Guayabal hanggang sa makapag-asawa ng isa ring Gaddang. Ayon sa kanya, Gaddang ang unang wikang itinuro niya sa kanyang mga anak. Ganunpaman, kapansin-pansin na naiiba ang kanyang pinakabatang apo na pawang Tagalog. Nang tanungin siya kung bakit Tagalog ang kanyang apo, aniya:

"Tagalug yo pabbida mi taw. Isu iti mayat ta nu ageskwela e kwa ammo na met iti Tagalog... 'Dati ammo nan iti Tagalog. Dati nga ammo nan kwa agintindi iti Tagalog."

(*"Tagalog ang pakikipag-usap namin sa kanya...Para kapag siya ay pumasok na sa paaralan marunong na siyang magsalita ng Tagalog. (Para) Mayroon na siyang alam sa*



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Tagalog. (Para) Dati na niyang alam umintindi ng Tagalog.”)

Sa kabila ng pagpili ni Impormante 1 sa wikang Gaddang bilang L1 ng kanyang mga anak, naging aminado naman siya na Tagalog na ang pinili nilang wika na matutunan ng kanyang apo.

“Mabalin met ma’am nga Gaddang, Tagalog. Tapno ammo na met iti sarita nga Tagalog.”

(“Puwede naman ma’am na Gaddang o Tagalog. Para alam naman niya ang (mga) salitang Tagalog.”)

Kapwa itinuturo ng key informant ang Gaddang at Tagalog. Tinuturuan nila ng Tagalog ang apo bilang paghahanda sa pagpasok nito sa eskwelahan

Kaiba naman ito sa sitwasyon ng mga apo ni Impormante 5, 81 taong gulang, ipinanganak at nagkapamilya na rin sa Guayabal. Biniyayaan sila ng limang supling at nakapag-asawa rin ng mga Gaddang at ang iba naman ay Ilocano. Tulad ng apo ni Impormante 1, mayroon din siyang dalawang apo na hindi nakapagsasalita ng wikang Gaddang sa kabila ng pagiging Gaddang ng kanilang mga magulang. Nang tanungin kung bakit Iluko ang wikang sinasalita ng kanyang mga apo, aniya:

“Gaddang ke ammin, Gaddang era pay que. Makaintindi era, Gaddang keppay que ina ra de karruba da Ilocano...Yan yo mek ammu anakku, yan yo tundu ra. Tagalug antu pay que yo usa na mestra oh di Tagalug.”

(“Gaddang naman lahat, Gaddang naman sila. Nakakaintindi sila, Gaddang din naman ang nanay nila pero ang kapitbahay nila Ilocano...Iyan ang hindi ko alam anak, ‘yan kasi ang turo nila. Tagalog naman kasi ang ginagamit ng mga guro ngayon kaya Tagalog.”)



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Sa kaso ng mga apo ni Impormante 5, nakikitang dahilan kung bakit nahihirapan ang kanyang mga apo sa pagsasalita ng Gaddang ay dahil sa mga taong kanilang nakakasalamuha. Ito rin ang wikang ginagamit sa pagtuturo sa eskwelahan. Dahil na rin siguro na ang bata ay hindi naman nag-aaral sa Guayabal at sa ibang barangay ng Cauayan.

Ang sitwasyon ng mga apo ni Impormante 5 ay kapareho ng naging sitwasyon ng pangalawang anak ni Impormante 6, 49 taong gulang, may asawa at may dalawang anak na sina Vida Mae at Vida Marie. Binanggit ni Impormante 5 na Gaddang ang unang wika ng kanyang panganay na si Vida Mae at Tagalog naman sa pangalawang si Vida Marie. Nang tanungin kung bakit Tagalog na ang unang wikang itinuro kay Vida Marie, aniya:

*“Kasi ma’am karamihan na sa mga kapitbahay namin
Tagalog dun sa pangalawa na naming anak.”*

Sa kabila ng pagkakaroon ng magkaibang unang wikang natutunan nina Vida Mae at Vida Marie pantay naman daw ang kanilang mga natamo sa usaping pang-akademiko. Nagbanggit din si Impormante 5 ng mga nakikita niyang dahilan sa *pakkawawan* ng wikang Gaddang. Sa kaniyang naging salaysay:

*“E kasi ma’am, pag nag-aral kasi sa bayan puro Tagalog
ang mga kaklase nila kaya tinuturuan din na namin sila ng
Tagalog. Para makapantay din sa mga kaklase nila sa
school. Mahuhuli sila kung Gaddang ang kanilang
gagamitin.”*

Tulad ng unang dalawang nakapanayam ng mananaliksik, Gaddang din ang unang wikang itinuro ni Impormante 7, 51 taong gulang, may apat na anak. Ayon sa kanya, hindi naging balakid ang pagiging L1 ng Gaddang sa kanyang mga anak



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

sa pagkatuto ng mga ito sa wikang Tagalog at maging Iluko man. Kaiba ito sa sitwasyon ng kanyang apo na kasa-kasama niya sa kanilang bahay na ang unang wika ay Tagalog. Ayon kay Impormante 7:

“Ay yun lang apo kong Grade 1 (Tagalog). Sari-sari kasi, ang papa niya Tagalog. Nandun Tagalog kaya nga lang Ilocano hindi siya talaga marunong mag-Ilocano.”

Tagalog din daw ang wikang ginagamit ng mama ng kanyang apo sa pagtuturo nito sa pagsagot sa mga gawain sa mga modyul na galing sa eskwelahan. Nang tanungin si Impormante 7 kung ano ang nakikita niyang dahilan kung bakit may mga bata na hindi na gumagamit ng Gaddang, ang naging sagot niya ay:

“A ‘yun ang hindi ko alam. Basta ako kausapin ko ang mga bata Gaddang. Gaddang. Tagalog, Tagalog din. Magaling silang mag-Tagalog mga bata ngayon.”

Samantala, si Impormante 8, 57 taong gulang, nakapag-asawa ng isang Ilocano at nagkaroon ng apat na anak. Sa pakikipag-usap ng mananaliksik, napag-alaman na Tagalog ang unang wikang itinuro niya sa kanyang mga anak. Nang tanungin ang dahilan kung bakit ito ang pinili niya, aniya:

“E ang sabi ni.. ng nakararami para kapag nag-aral sila e maintindihan nila yung itinuturo ng mga.. teacher nila. Yun ang kwan naman ng kwan namin, para hindi sila nahihirapan na mag-aral. Sa Tagalog e maintindihan na nila kaagad kasi itinuro namin na Tagalog.”

Tagalog ang unang wikang itinuro niya sa kanyang anak ngunit hindi naman daw niya isinantabi ang pagtuturo sa kanila ng wikang Gaddang na karaniwang ginagamit nila sa loob ng kanilang tahanan. Ganunpaman, aminado siyang hindi na



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

matatas o *fluent* ang paggamit ng Gaddang ng kanyang mga anak. Inihayag niya ang nakikita niyang dahilan, sabi niya:

“E karamihan kasi Tagalog na ang pagsasalita nila dito. Kami lang mga matatanda, Gaddang. Iyon, puro Tagalog ang naririnig kong salita nilang mga bata. Pero kung kami lang na mga matatanda na, Gaddang ang pag-uusap namin.”

Tulad ni Impormante 8, Tagalog din ang unang wikang itinuro ni Impormante 4, 64 taong gulang, nakapag-asawa din ng purong Gaddang. Ayon sa kanya, Tagalog ang unang wikang itinuro niya sa kanilang mga anak dahil nagamit nila ito sa paaralan at karamihan daw sa mga bata sa kanilang lugar ay puro Tagalog pagdating sa pagsasalita. Sa kabila nito, nakaiintindi rin naman ng Gaddang ang kanyang mga anak at nakapagsasalita rin paminsan-minsan. Nang tanungin siya kung bakit Tagalog ang pinili niyang wikang ituturo sa kanyang mga anak kaysa Gaddang, inihayag niya na:

“Kasi nga po ma’am kagaya ng dito yung mga bata puro Tagalog yung pag-uusap nila kahit Gaddang kami. Kaya ganun ang itinuturo namin sa kanila para hindi sila mahirapan makaintindi ng Tagalog.”

Sa pagkakataong ito ay ang mga magulang na ang mismong nagturo sa kanilang mga anak na magsalita ng Tagalog. Ang nakikitang dahilan kung bakit nangyayari ito ay ang kagustuhan ng mga magulang na maging mabilis ang pagkatuto ng kanilang mga anak sa paaralan. Dahil na rin sa karaniwang Tagalog ang midyum ng pagtuturo. Nakabatay rin dito ang pananaw ni Impormante 9, 31 taong gulang, nakapangasawa ng Ilocano at may dalawang anak. Bagamat Gaddang



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

ang L1 ng kanyang mga anak, para sa kanya, Tagalog ang mas nakatutulong dito sa mga aralin sa eskwelahan. Sa panahon ng pandemya at naging *modular* na ang pag-aaral ng mga bata, tinanong ng mananaliksik si Impormante 9 kung alin sa Tagalog o Gaddang ang mas gusto niyang gamitin sa pagpapaliwanag sa mga aralin sa kanyang anak, sagot niya:

“Tagalog na lang a. E ‘yun kasi ang kwan(ginagamit) nila sa school wika nila. E sa school kasi may halong Gaddang, Tagalog din at Ilocano.”

Sa kaso naman ng pamilya ni Impormante 10, 51 taong gulang, may asawa at may tatlong anak, Iluko ang itinurong L1 sa kanyang mga anak. Marahil ito ay dahil sa si Impormante 10 ay hindi purong Gaddang. Ang kanyang nanay ay Ilocano at ang tatay naman niya ay Gaddang. Ang tanging nabanggit lamang niya nang tanungin kung anong mas mahalaga na matutunan ng mga bata sa kasalukuyan, ang naging tugon niya ay:

“Parehas din ma’am. Mas matimbang ang Tagalog. Para matuto silang magsalita ng Tagalog.”

Ganito rin naman ang sitwasyon ni Impormante 11 na ipinanganak sa Ilocos Sur at naninirahan sa Cauayan dahil sa napangasawa niyang Gaddang na taga-Duminit, 41 taong gulang, at may tatlong anak. Sa dalawang anak nila, Iluko ang L1 ng mga ito at Tagalog naman sa bunso. Nang tanungin kung bakit Iluko ang piniling wika bilang L1 ng kanyang mga anak, ang naging tugon niya ay:

“Kasi ang Ilokano, komo la isu ti (dahil sa ito), yung pagsasalita namin. Tapos ngayon, tung bunso ko naman Tagalog para yung batang maliit matuto siya paglaki niya, mag-Tagalog.”



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Para kay Impormante 11, Iluko at Tagalog ang pokus ng kanyang pagtuturo sa kanyang mga anak dahil sa ito ay magagamit nila sa paaralan. Ayon pa sa kanya, natuto naman ang mga ito ng wikang Gaddang na siyang ginagamit nila sa mga impormal na pakikipag-usap. Dagdag pa niya:

“Natuto lang sila sa naririnig nila ng pag meron kaming mga kinakausap nagsasalita kaming mag-asawa ng Gaddang e ‘yun kaya natuto sila. Tsaka sa mga kaibigan nila natututo rin sila.”

2. Sinasanay ng mga magulang ang mga anak nila na magsalita ng Tagalog upang mas magiging madali para sa kanila ang makipag-ugnayan sa iba lalo na kung sila ay mapapadpad sa ibang lugar.

Binibigyang-diin ni Impormante 11 ang kahalagahan ng Iluko at Tagalog dahil sa magagamit ng kanyang mga anak ito sa paaralan at makatutulong ang mga wikang ito kung pupunta sa ibang lugar ang mga ito.

Si Noah, 2 taong gulang, ay anak ni Impormante 12 na residente ng Brgy. Duminit, Cauayan City. Nakapangasawa si Impormante 12 ng taga-Reina Mercedes na may nanay na Gaddang at tatay na Ibanag. Mariin ang pagkakasabi ni Impormante 12 na Gaddang ang pinakadominanteng wika sa loob ng kanilang bahay at Gaddang ang wikang itinuturo nila sa kanilang anak. Kaya nga lamang, nang binigyan ng pagkain ang bata, hindi niya napigilang humingi ng tulong sa kanyang tatay at sinabing, *“Papa buksan mo.”* Nang tanungin kung paanong nangyaring Tagalog ang natural na wikang ginagamit ng bata, ang kanyang naging tugon ay:



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

“Ay oo Tagalog, tinatagalog niya kasi (Sabay turo sa kanyang asawa). Pero marunong siyang mag-Gaddang. Pero kung ano yung naririnig niya, kunwari Tagalog yung naririnig niya, Tagalog ang isasagot niya. Pero kapag Ginaddang mo, Gaddang din ang sagot niya.”

Dugtong pa niya :

“E Tagalog kasi sa lahat ng pinupuntahan e halos wala ng nakakaintindi sa Gaddang e. Kaya Tagalog yung mas magandang matutunan niya para pag pumunta siya sa ibang lugar nakakaintindi po siya.”

Ibinahagi rin ni Impormante 12 ang nakikita niyang dahilan sa pakkawawan ng wikang Gaddang. Ayon sa kanya:

“Yun nga po, pag pumupunta na sila sa iskul puro Tagalog na po. Pati teacher e halos English na rin ganun e kaya yung mga magulang din nila Tagalog na rin yung itinuturo.”

Sa pananaw naman ni Impormante 2, 22 taong gulang, may dalawang anak, Tagalog ang itinuro niya sa kanyang mga anak dahil makatutulong ito sa kanilang pag-aaral. Ayon sa kanya, mas madaling naiintindihan ng kanyang panganay ang mga aralin o aktibidad sa kanyang modyul kung Tagalog ang ginagamit nito sa paggabay sa kanya. Mariin din niyang sinabi na:

“Mahuhuli kapag Gaddang. ‘Pag Gaddang po kasi mas matagal. Pero ‘pag Tagalog, kasi ‘yun po ang unang natutunan nila Tagalog. Sa iskul.”

Tinanong din siya kung ano ang nakikita niyang dahilan kung bakit may mga magulang na tulad niya na mas pinipiling gamitin ang wikang Tagalog kaysa Gaddang. Sagot niya:



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

“Dahilan nga sa pagpasok nila sa school. Kung, karamihan dito sa amin Tagalog na yung mga new generation kasi kapag pumasok sila sa school, madali na silang makaintindi doon sa itinuturo sa asignatura sa paaralan. Kaya Tagalog yung pagkausap ng magulang habang nagsisimulang magsalita (ang kanilang mga anak).”

Batay sa resulta ng pagsusuri sa kalagayan ng wikang Gaddang ayon sa *Language Vitality and Endangerment (LVE)* ng UNESCO (2003):

Salik 1- Paglilipat ng Wika sa Pagitan ng Bawat Henerasyon. Ang kalagayan ng wikang Gaddang sa domeyn ng tahanan ay ***nanganganib*** (Lebel 4) dahil ang wika ay ginagamit lamang ng ilang bata sa tahanan at edukasyon. Maliwanag na papaliit o papaunti ang populasyon ng nagsasalita o ispiker ng wikang Gaddang kaya malaki ang posibilidad na mauuwi sa ***tiyak na nanganganib*** sapagkat halos mga magulang at matatanda na lamang ang gumagamit dito sa loob ng tahanan.

Salik 3-Kalakarang Umiiral Sa Domeyn Pangwika. Ang antas ng pagkapanganib ay nasa multilinggwal na pagkakaparepareho (Lebel 4) dahil dalawa o higit pang wika ay ginagamit sa tahanan, edukasyon, at sa halos lahat ng pagtitipon na posibleng magbunga ng lumiliit na domeyn (Lebel 3) sapagkat ang wika ay ginagamit man sa tahanan at sa marami pang pagtitipon, ngunit ang nangingibabaw na wika ay nagsisimulang gamitin na rin sa loob ng tahanan.

Wika ang una at pangunahing pamanang pangkultura ng sangkatauhan. Ito ang nagbibigay artikulasyon sa ating nakaraan, kasaysayan ng mga tagumpay at pagkabigo. Nasa wika ang yaman ng nakaraan na hitik sa katutubong karunungan (Almario, 2019) kaya dapat tangkilikin at pahalagahan.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

b. Pagsusuri ng mga Datos sa Domeyn ng Pamahalaan

b.1 Ang Dominanteng wika sa Lokal na Pamahalaan

Makikita sa talahanayan 3.4 ang resulta ng sarbey na isinagawa sa 200 katao ukol sa pinakadominante o pinakaginagamit na wika sa domeyn ng lokal na pamahalaan sa Brgy. Duminit at Brgy. Guayabal, siyudad ng Cauayan.

Batay sa talahanayan, Gaddang ang pinakadominanteng wikang ginagamit sa domeyn ng lokal na pamahalaan sa Brgy. Duminit at Brgy. Guayabal sa siyudad ng Cauayan na may kabuuang bilang na 96 katao, pumapangalawa ang wikang Tagalog na may kabuuang bilang na 86, pumapangatlo ang Iluko na mayroong 17 at Ingles na mayroong isa (1).

Nanguna ang wikang Gaddang sa dalawang pangkat ng mga kalahok, edad 10 hanggang 25 at 45 pataas. Ganunpaman, hindi maikakaila na malapit ito sa bilang na 86 para sa wikang Tagalog.

Ang Brgy. Duminit at Brgy. Guayabal ay parehong mga lugar kung saan masasabing *intact* pa rin ang paggamit ng wikang Gaddang. Kung kaya't sa mga pagpupulong na isinasagawa sa barangay ay ginagamitan ng wikang Gaddang ngunit hindi rin maitatanggi ang paggamit ng iba pang wika tulad ng Tagalog upang maunawaan ito ng mga bisitang nakikilahok sa kanilang mga pagdiriwang. Isa pang nakikitang dahilan kung bakit malapit ang datos na nakalap sa pagitan ng Gaddang at Tagalog, ay dahil na rin sa Tagalog ang karaniwang ginagamit sa mga pagpupulong naisinasagawa sa bayan o mga pagpupulong na kinasasangkutan ng lahat ng mga barangay sa siyudad ng Cauayan.



Talahanayan 3.4

Dominanteng wika sa Lokal na Pamahalaan ng Brgy. Duminit at Brgy. Guayabal sa siyudad ng Cauayan

Edad	Gaddang	Ingles	Tagalog	Iluko	Ibanag
46-Pataas	34	0	28	8	0
26-45	29	1	33	4	0
10-25	33	0	25	5	0
Kabuoan	96	1	86	17	0
Bahagdan	48%	0.5%	43%	8.5%	0

b.2 Pakkawawan ng Wikang Gaddang ayon sa mga Impormante

Lumabas sa resulta ng pag-aaral na **Sumasang-ayon** ang mga tagatugon sa lahat ng aytem na itinala upang matukoy ang kalagayan ng wikang Gaddang sa lokal na pamahalaan. Makikita ito sa talahanayan sa ibaba.

Mahihinuha na ang mga *informant* ay may mataas na kamalayan sa nangyayari sa wikang Gaddang at sa kanilang pananaw sumasang-ayon sila na ang kalagayan ng katutubong wika sa pamahalaan ay ang mga sumusunod:

(1) *Sinasalita ng lahat ng kawani/miyembro ng barangay/munisipyo ang wikang Gaddang;* (2) *Iilan lamang sa mga kawani/miyembro ng barangay/munisipyo ang gumagamit ng wikang Gaddang;* (3) *Tanging matatandang opisyal na lamang ang matatas (fluent) sa paggamit ng wikang Gaddang;* (4) *Ginagamit ng mga bata hanggang matatandang opisyal ang wikang Gaddang;* (5) *Ginagamit ang wikang Gaddang sa pagsasagawa ng mga pagpupulong;* (6) *Mas ginagamit ang ibang wika sa pagsasagawa ng mga pagpupulong;* (7) *Ginagamit ang Gaddang bilang wikang transaktyunal sa*



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

pagbibigay solusyon sa mga suliranin sa komunidad; (8) Nakatutulong ang wikang Gaddang sa pagbabahagi ng mga impormasyon sa mga pagtitipon sa komunidad; (9) Ang Gaddang ay itinuturing na lamang na simbolikong pagkakakilanlan kaysa pangunahing reponsibilidad na gamitin sa pakikipag-usap; (10) Nakatutulong ang wikang Gaddang sa pagkakaroon ng harmonya sa komunidad.

Ang mga saloobin sa kahalagahan ng wikang Gaddang ay patunay na ang wika ay ginagamit ng mga opisyal sa pakikipag-ugnayan at pamamahala sa mga nasasakupan (Quito,2009). Batay din sa resulta, makikita na may mga palatandaan ng unti-unting pagkawala ang wikang Gaddang.

Talahanayan 3.5

Ang Kalagayan ng wikang Gaddang sa Lokal na Pamahalaan

<i>Ang Kalagayan ng wikang Gaddang sa Lokal na Pamahalaan</i>	Pangkat Edad 46-Pataas (N=67)		Pangkat Edad 26-45 (N=67)		Pangkat Edad 10-25 (N=66)		Kabuuang Kalahok sa pag-aaral (N=200)		
	Mean	Std. Dev	Mean	Std. Dev	Mean	Std. Dev	Mean	Std. Dev.	Deskripsyon
1.Sinasalita ng lahat ng kawani/miyembro ng barangay/munisipyo ang wikang Gaddang.	4.09	1.04	3.93	1.15	4.06	1.09	4.03	1.13	Sumasang-ayon
	Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Sumasang-ayon				
2.Iilan lamang sa mga kawani/miyembro ng barangay/munisipyo ang gumagamit ng wikang Gaddang.	3.39	1.19	3.42	1.22	3.5	1.17	3.44	1.21	Sumasang-ayon
	Hindi gaanong sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Sumasang-ayon				
3.Tanging matatandang	3.81	1.30	3.54	1.34	3.44	1.34			



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

opisyal na lamang ang matatas (fluent) sa paggamit ng wikang Gaddang.	Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		3.6	1.35	Sumasang-ayon
4.Ginagamit ng mga bata hanggang matatandang opisyal ang wikang Gaddang.	3.81	1.13	3.99	1.05	4.29	1.12	4.03	1.14	Sumasang-ayon
	Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Lubos na Sumasang-ayon				
5.Ginagamit ang wikang Gaddang sa pagsasagawa ng mga pagpupulong.	3.88	1.01	3.72	1.10	4.06	1.09	3.89	1.1	Sumasang-ayon
	Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Sumasang-ayon				
6.Mas ginagamit ang ibang wika sa pagsasagawa ng mga pagpupulong.	3.48	1.37	3.69	1.13	3.47	1.18	3.55	1.25	Sumasang-ayon
	Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Sumasang-ayon				
7.Ginagamit ang Gaddang bilang wikang transaktyunal sa pagbibigay solusyon sa mga suliranin sa komunidad.	3.55	1.29	3.51	1.06	3.83	1.03	3.63	1.16	Sumasang-ayon
	Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Sumasang-ayon				
8.Nakatutulong ang wikang Gaddang sa pagbabahagi ng mga impormasyon sa mga pagtitipon sa komunidad.	3.99	1.05	4.04	0.92	4	0.99	4.01	1.01	Sumasang-ayon
	Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Sumasang-ayon				
9.Ang Gaddang ay itinuturing na lamang na simbolikong pagkakakilanlan kaysa pangunahing reponsibilidad na gamitin sa pakikipag-usap.	3.63	1.14	3.7	1.07	3.67	1.14	3.67	1.14	Sumasang-ayon
	Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Sumasang-ayon				
10.Nakatutulong ang wikang	4.1	0.98	4.24	0.71	4.03	0.82	4.13	0.89	Sumasang-ayon



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Gaddang pagkakaroon harmonya komunidad.	sa ng sa	Sumasang- ayon	Lubos na Sumasang- ayon	Sumasang- ayon			
--	----------------	-------------------	-------------------------------	-------------------	--	--	--

Sa layuning maging malinaw ang kahulugan ng mga pananaw ng mga informant tungkol sa kalagayan ng wikang Gaddang sa pamahalaan, nagsagawa ng panayam ang mananaliksik at natuklasan ang mga dahilan na nagpapatunay na may banta ng *pakkawawan* sa katutubong wika.

1. Sinasalita ng lahat ng kawani/miyembro ng barangay/munisipyo ang wikang Gaddang ngunit mas nangingibabaw ang paggamit ng Filipino o Ingles sa mga pagpupulong

Sa dalawang barangay na nasakop ng pag-aaral na ito, parehong inilalahad ng mga dati at kasalukuyang opisyal na nagagamit nila ang wikang Gaddang sa kanilang mga barangay, sa mga pagpupulong at maging sa pagdaraos ng mga programa.

Ngunit binanggit ni Impormante 3, 20 taong gulang at dalawang taon ng naninilbihan bilang SK Chairperson, ang mga dahilan kung bakit mayroong malakas na presensiya ang ibang wika sa lokal na pamahalaan, ibinahagi niya ang pinag-uugatan ng *pakkawawan* nito. Ayon sa kanya:

“Mas pinahahalagahan po kasi ngayon ‘yung wikang Filipino at tsaka wikang Ingles . Katulad po sa mga ano, mga magulang po. Mas itinuturo po nila sa mga anak nila ‘yung wikang Filipino at wikang Ingles kasi po parang kung matalino ka po kasi sa wikang Filipino at wikang Ingles parang kaya mo na pong makipagsabayan sa lahat ganun po. Kapag, ang tingin po kasi nila sa Gaddang parang pang-mababa lang po



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

*(minority) kaya hindi po masyadong pinapahalagahan
yung wika namin ngayon.”*

Matatandaang si Impormante 3 din ang nagbitiw ng mga pahayag na iilan na lamang sa mga barangay sa siyudad ng Cauayan ang gumagamit ng wikang Gaddang. Ito ay hindi lamang niya opinyon kundi sariling obserbasyon at batay na rin sa kanyang karanasan sa pakikisalamuha sa iba pang mga opisyaes ng Cauayan. Dahil dito, awtomatikong Filipino o Ingles ang kanilang gagamiting midyum sa pagsasagawa ng mga pagpupulong.

2. Ginagamit ang wikang Gaddang sa mga pagpupulong ngunit isinasalin sa Filipino o Ilokano ang katitikan ng pagpupulong.

Mahalaga ang naging pananaw ni Impormante 3 para makita ang pananaw ng mga kabataang tulad niya na kabilang sa lokal na pamahalaan. Ibinahagi niya na sa naging panunumpa nila, Tagalog ang ginamit na wika. Sa pagkakaroon naman nila ng mga pagpupulong sa barangay kasama ang kanyang mga SK Kagawad, wikang Gaddang ang ginagamit nila ngunit isinasalin ito sa Filipino o Iluko pagdating sa katitikan ng pagpupulong. Kapag siya naman ay dumadalo sa mga pagpupulong kasama ang mga barangay officials ng Duminit, may mga pagkakataon na Iluko at kung minsa’y Gaddang ang ginagamit na wika. Nagbahagi naman siya ng kanyang saloobin sa ano ang wikang ginagamit sa mga pagpupulong sa bayan. Isinalaysay niya na:

*“Wikang Filipino po. Kasi po hindi na po sila ano, hindi na po nila alam ang wikang Gaddang. Konti na lang po sa amin ang nakakaalam ng wikang Gaddang. Katulad po dito sa barangay namin, sa barangay Mabantad, sa Guayabal po, Gagabutan, ganun na lang po yung nakakaalam. **Kokonti na lang po sa Cauayan, sa mga***



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

*barangay dito sa Cauayan ang nakakaalam sa Gaddang.
Karamihan po ay Ilocano at Tagalog po ang ginagamit.”*

3. Ang kagustuhang matuto sa Filipino at Ingles na mga wikang nangingibabaw

Nabanggit din ni Impormante 14, 7 taon sa serbisyo, ang dahilan ng *pakkawawan* ng wikang Gaddang sa domeyn ng lokal na pamahalan, aniya:

“Una, gusto nilang mapag-aralan ang English. Ikalawa, kapag punta ka sa malayo, Tagalog naman. Kapag sa ordinary, dito lamang sa barangay siyempre Gaddang.”

4. Ang umiiral na multilinggwalismo ay lantad sa komunidad ng mga Gaddang. Ang kakayahang magsalita sa iba’t ibang wika ay dahilan ng pagbabago ng saloobin sa katutubong wika (Kobari,2011; Genuino, 2005) na nagsasanhi nang unti-unti nitong pagkawala.

Ibinahagi ni Impormante 15 ang mga wikang ginagamit sa mga pagdiriwang nila ng mga fiesta at ang kanyang obserbasyon sa mga batang mga kagawad at ang Sangguniang Kabataan, saad niya:

*“A, depende ma’am kung yung mga, ‘yung bisita e galing lang din dito, **Gaddang latta (pa rin).** Kapag me mga bisitang galing sa ibang barangay, sometimes mag-Tagalog, mag-English din o kaya mag-Ilocano...Tagalog ma’am (karaniwang ginagamit ng mga batang opisyal). Madaling maintindihan dun sa mga ibang Kagawad din, meron din kasi kaming mga ibang Kagawad na hindi, taga-dito pero hindi sila bonafide na ano...kaya ayun...lalo na kay Sk at ano, bata pa. Siyempre yun ang karaniwang ginagamit ngayon, Tagalog.”*

Binanggit ni Impormante 6, 49 taong gulang at dalawang taon ng naninilbihan sa Brgy. Duminit, ang nakikita niyang dahilan ng *pakkawawan* ng wikang Gaddang sa Cauayan:



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

“E yun na kasi ang kwan ngayon (trend) ma’am e. Pero sa mga city officials may mga Gaddang, marunong. Pero hindi nila pwedeng gamitin kasi Tagalog na ang mga tao.”

Mula sa salaysay na ito ni Impormante 6 hindi na lamang pansariling saloobin ang isinasaalang-alang sa paggamit ng wika kundi ang saloobin at pang-unawa ng mga taong tatanggap ng serbisyo. Naisin man ng mga opisyal ng lokal na pamahalaan sa siyudad ng Cauayan na gamitin ang wikang Gaddang ay maisasakripisyo naman nila ang pang-unawa ng nakararami na tulad nga ng sabi ni Impormante 3 ay mga nagsasalita na ng Tagalog at/o Ingles.

Batay naman sa isinagawang panayam kay Impormante 14, 7 taon sa serbisyo, kung ang mga pagpupulong ay pambarangay lamang, Gaddang ang ginagamit ngunit kung mga pagpupulong sa bayan, Tagalog ang ginagamit. Sa pagtatala naman ng mga katitikan ng pulong, isinasalin ang lahat ng mapag-uusapan sa Gaddang patungong Tagalog. Samanatalang Ingles naman ang ginagamit sa paggawa ng mga resolusyon at mga ordinansa. Gaddang, Iluko, at Tagalog din ang karaniwang ginagamit sa mga pagdiriwang. Ingles naman daw ang wikang ginagamit nila sa paggawa ng mga ordinansa at mga resolusyon.

Napag-alaman na sa Brgy. Guayabal, may mga pagkakataon na Tagalog, minsan naman ay Ingles at nahahalan din ng Gaddang sa pagtatala ng katitikan ng mga pagpupulong. Nabanggit din ni Impormante 16 na sa mga paglilitis ng kaso sa barangay, nakadepende sa *respondent* o *complainant*, kung saan ito pinakakomportable. Umaayon ang mga pahayag na ito sa naging salaysay ni Impormante 3 kung saan sinabi niyang pagdating sa paglilitis, nakadepende ito sa taong kasangkot sa kaso. Kapag ang taong sangkot sa paglilitis ay Ilokano, Iluko



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

ang ginagamit. Pero kung ang sangkot ay mula sa bayan, wikang Filipino raw ang ginagamit. Tumutugon ito sa winika ni Reyes (2017) na kung ang gagamiting wika sa paglilitis ng isang kaso ay wikang hindi gagap ng mga sangkot, magbubunsod ito ng tinatawag na *information gap* o guwang na impormasyon na magbubunga ng mga agam-agam at ng kaisipang sila ay biktima ng kawalang-katarungan. Kung gayon, papasok na naman ang salik na *laguage attitude* o ang saloobin ng taong gagamit sa isang wika. Ganoon pa man, wikang Ingles ang ginagamit sa mga ordinansa dahil ito raw ay kanilang isinusumite sa DILG.

5. Ginagamit lamang ang wikang Gaddang sa mga pagpupulong kapag kinakailangan.

Dating kagawad sa loob ng 3 termino ang kasalukuyang Brgy. Secretary ng Brgy. Guayabal na si Impormante 15. Nang mapag-usapan ang mga karaniwang pag-uusap sa barangay nabanggit niya ang mga sumusunod: Tagalog ang ginamit na wika sa kanilang naging panunumpa sa *Coliseum*, karaniwang ***Tagalog ang ginagamit sa mga pagpupulong pero Gaddang din naman ang ginagamit ng mga kagawad kung sila ay nagbibigay ng suhestyon***, at isinasali rin daw ang wikang Gaddang sa pagtatala niya ng katitikan ng pulong, kapag hindi siya sigurado sa mga terminolohiya sa Ingles, isinasalin niya ito sa Tagalog.

Si Impormante 17 ay 47 taong gulang at 11 taon na sa serbisyo ay nagsabing mula sa panunumpa ng mga bagong halal na opisyal, pagpupulong, at katitikan ng pulong ay Tagalog na ang ginagamit nila ngunit sa proseso ng paglilitis Gaddang ang ginagamit.

“E, Gaddang na. A kasi ma’am, ‘pag yung may pagpupulong e karamihan naman Tagalog naman kasi yan pero kung yung importante na kwan na kunwari kukwan (maglilitis) kami ng kasong Gaddang yun. Pero kapag sinusulat sa papel, Tagalog.”



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

6. Mas madaling isulat sa Filipino (Tagalog) ang *proceedings* ng mga usaping legal

Ipinahayag din ni Impormante 15 niya ang karaniwang nangyayari sa mga paglilitis na isinasagawa nila:

“Tagalog (ang ginagamit). Kahit Gaddang ang naging usapan. E kwan ma’am kasi mas madaling isulat ‘yun kaysa sa ano, Gaddang.”

Hindi maitatangging katotohanan ang binanggit ni Impormante 15 na mas madaling isulat ang Filipino sapagkat ito ang ating nakasanayan sa ilang taon nating pag-aaral.

Tulad sa domeyn ng tahanan, lumilihis ang lente tungong wikang Gaddang dahil sa hindi naman nabibigyang-pansin sa mga pormal na gawain. Sa datos na ito’y masasalamatin na ang bakas ng panganganib ng wikang Gaddang sa lokal na pamahalaan sapagkat kahingian ng domeyn na ito na magamit sa wastong pagbabasa at pagsusulat.

7. Ang paggamit ng ibang wika bilang pakikibagay o pakikitungo sa ibang tao

Ayon kay Impormante 17, kapag may bisita sila mula sa bayan, gumagamit sila ng wikang naiintindihan ng mga ito. Tulad ng naging pahayag ni Impormante 1 sa domeyn ng tahanan, silang mga Gaddang ang nakikibagay sa pamamagitan ng paggamit ng wikang nauunawaan ng kanilang mga bisita.

Hindi lamang ang mga Gaddang ang nakikibagay kundi sinusubukan din naman daw ng mga opisyaes at mga bisita mula sa bayan na makibagay sa



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

pamamagitan ng malimit na makipagbiruan ang mga bisitang opisyaes ng *city hall* sa pamamagitan din ng paggamit ng wikang Gaddang.

7. Kakulangan o kawalan ng mga programang magsusulong sa wikang Gaddang

Tinanong ng mananaliksik kay Impormante 3 kung mayroong mga programa para maitaguyod at mapagyaman ang wikang Gaddang. Ang kanyang naging salaysay ay ang mga sumusunod na pahayag:

“Wala po, wala po.” “Wala po ma’am, wala pong nangyayaring ganun. Pero meron naman pong organisasyon which is Attarata na Gaddang. Yun po. Tuwing fiesta po sa bayan meron po yung araw na, Gabi ng Attarata na Gaddang. Tapos ayun po nagsasama po lahat ng mga katutubong Gaddang ganun po ma’am para i-showcase po ‘yung mga talents po. Tapos doon po, pinapakita po yung mga sayaw ng mga Gaddang, Kinakanta po yung mga kantang Gaddang ganun po.”

Batay sa pahayag ni Impormante 3 masasabing ang wikang Gaddang ay nakikita na lamang bilang representasyon ng katutubong kultura tuwing kapistahan kaya ang Gaddang ay itinuturing na lamang na simbolikong pagkakakilanlan kaysa pangunahing reponsibilidad na gamitin sa pakikipag-usap.

8. Ang pagkilala sa kahalagahan ng wikang Gaddang tungo sa *passalba*

Lahat ng impormante sa domeyn ng pamahalaan ay nagsasabing nagagamit ang wikang Gaddang sa kanilang mga barangay. Nagiging instrumento ito upang maipalaganap nang tama ang mga panawagan at maipaliwanag nang husto ang mga proyektong gagawin ng kanilang pamunuan. Malaking tulong ang



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

wikang Gaddang sa pagpapanatili ng kaayusan ng kani-kanilang baranggay lalo na sa panahon ng pandemya. Mababakas sa mga pahayag na taglay nila ang pagpapahalaga sa kanilang wika. Ganito ang pahayag ni Impormante 16, 68 taong gulang, 30 taon na sa serbisyo, dating Kapitan, Kagawad, *Senior Citizen President* sa Guayabal (kasalukuyan), at IPO President. Nang tanungin siya kung nagagamit ba ang wikang Gaddang sa kanilang mga pagpupulong, inilahad niya na:

*“Oo, iyon ang karamihang ginagamit namin noon. Pero sa ngayon e, bihira na lalo na mga bata puro Tagalog na ang ginagamit kaya sabi ko sa mga teachers, e kung payagan sana nila ang mga bata na mag-Gaddang sa labas, huwag, kahit Ingles, Tagalog sa loob ng paaralan basta **kapag nasa labas sila, gamitin nila iyong talagang pagsasalita nila na Gaddang.**”*

Ayon naman kay Impormante 18, 62 taong gulang at dating Kagawad, ang *pakkawawan* ng wikang Gaddang ay dahil sa pagtalikod dito ngunit nagpahayag siya nang masidhing hangarin na ilantad ang Gaddang.

*“A ang alam ko sa salita nila parang ibinenta na. Pero ang tradisyon sana huwag sanang ibenta, palitan yung tribal nila na Gaddang. Dapat ilabas nila yun. Gaddang talaga para, maintindihan naman ng Gaddang yung Tagalog e. **Sana hindi ipagpalit yung Gaddang sa Tagalog. Kasi yung tribal nila Gaddang talaga e.**”*

Narito ang naging sagot ni Impormante 17 nang tanungin kung may programa ba ang barangay sa pagtataguyod ng wikang Gaddang:

*“Yes ma’am meron. Yung Ataratta na nga Gaddang.”
“Yes ma’am sa pagdalo ng mga patimpalak ng Attarata sa Coliseum. Nanalo pa kami noon e”*



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Ang organisasyong *Attarata na Gaddang To Ciudad ti Cauayan* ay isang organisasyong binubuo ng mga *elders* upang masigurong nananatili pa rin ang paggamit ng wikang Gaddang at pagpapasa ng kanilang mga kultura't gawi. Nagkakaroon sila ng espesyal na bahagi sa Gawagaway-yan Festival ng siyudad ng Cauayan upang itampok ang kanilang mayamang kultura.

Ibinahagi rin niya ang kanyang pananaw sa pagkakaroon ng mga programa tungo sa *passalba* ng wikang Gaddang. Inilahad niya:

“Attarata (programa). Sana e magkomperensiya ang lahat ng barangay Duminit para hindi dapat gumamit ng ibang salita. Halimbawa kung taga-Duminit, Gaddang talaga pero kung may bisita na hindi makaintindi, kapilitang mag-Tagalog konti lang.”

Gamit ang *Language Vitality and Endangerment* (LVE) ng UNESCO (2003) sa pagtaya ng tunay na kalagayan ng wikang Gaddang sa domeyn ng pamahalaan, natuklasan ang mga sumusunod:

Salik 3- Domeyn pangwika. Nasa *Lebel 2* ang wikang Gaddang dahil ginagamit lamang sa limitadong domeyn (lokal na pamahalaan) at ilang pagtitipon. Ang digri ng pagkapanganib nito ay *limitado o pormal na domeyn*. Bagaman matatas sa paggamit ng wikang Gaddang ang mga opisyal ng Brgy. Duminit at Guayabal, nananatili lamang ito sa mga karaniwang pakikipag-usap at hindi nagagamit sa mas mataas na lebel o pormal na paggamit ng wika- pasalita man o pasulat. Salik 7- Mga tuntunin at saloobing pangwika ng pamahalaan at institusyong kabilang ang opisyal na estado at gamit.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Nasa *lebel 3* na may digri ng pagkapanganib na *pasibong asimilasyon*. Walang malinaw na tuntuning umiiral para sa minoryang wika (Gaddang) at ang nangingibabaw na wika (Filipino, Ingles, Ilokano) ang siyang umiiral sa pampublikong domeyn (industriya, pamahalaan).

Batay sa mga resulta ng pagsusuri sa mga datos, maliwanag na unti-unting patungo sa *pakkawawan* ang wikang Gaddang sa domeyn ng pamahalaan.

c. Pagsusuri ng mga Datos Domeyn ng Paaralan

c.1 Ang Dominanteng Wikang Ginagamit sa Paaralan

Isa sa mga mahalagang larang ng wika ay ang edukasyon. Sa mga paaralan kasi nakikita ang paggamit ng wika sa mga pang-akademikong pamamaraan. Kung gayon, mahalagang makita at masuri ang wikang panturo, mga wikang ginagamit, at maging ang pagkakaroon ng mga kagamitang pampagtuturo na pumapaksa sa wikang Gaddang.

Batay sa talahanayan 3.6, Tagalog ang pinakadominanteng wikang ginagamit sa domeyn ng paaralan sa siyudad ng Cauayan batay sa isang daan at animnapu't apat (164) mamamayan nito mula sa 200 na bilang ng mga kalahok sa pananaliksik na ito. Pumapangalawa naman ang wikang Gaddang na mayroong 32 kabuoang bilang, Ilokano na mayroong dalawa (2) at Ingles na mayroon ding dalawa (2).

Hindi maikakaila ang pagiging dominante ng wikang Tagalog o Filipino sa domeyn ng paaralan dahil na rin sa itinatakda ng batas na mga gampanin nito.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Isinasaad ng Artikulo XIV, Sek. 7 na, “ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino, at, hangga’t walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles. Ang mga wikang panrehiyon ay magsisilbi na pantulong na mga wikang panturo roon. Dapat itaguyod nang kusa at opsyonal ang Kastila at Arabic.”

Malinaw na isinasaad sa konstitusyon ang tungkulin ng mga wikang opisyal bilang wikang panturo. Kaya naman hindi nakapagtataka na Tagalog o Filipino ang pinakadominanteng wika sa paaralan. Sa kabila ng pagiging wikang panturo ng Tagalog o Filipino, hindi maitatangging nakalahad din sa konstitusyon ang istatus ng mga wikang panrehiyon bilang mga wikang pantulong sa mga wikang panturong itinatakda ng batas. Kung gayon, hindi isinasantabi ang mga wikang panrehiyon tulad ng wikang Gaddang pagdating sa paghahatid ng de kalidad na edukasyon. Sa katunayan, ayon kay dating Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon Armin Luistro, “*Ang paggamit ng wikang ginagamit din sa tahanan sa mga unang baiting ng pag-aaral ay makatutulong mapaulad ang wika at kaisipan ng mga mag-aaral at makapagpapatibay sa kanilang kamalayang sosyo-kultural.*”

Talahanayan 3.6

Ang Dominanteng wika sa Paaralan

Edad	Gaddang	Ingles	Tagalog	Iluko	Ibanag
46-Pataas	9	1	56	1	0
26-45	11	1	54	1	0
10-25	12	0	54	0	0
Kabuoan	32	2	164	2	0
Bahagdan	16%	1%	82%	1%	0



c.2 Pakkawawan sa Paaralan ayon sa mga Impormante

Makikita sa Talahanayan 3.6 na ***Hindi gaanong sumasang-ayon*** ang mga kalahok sa mga sumusunod na kalagayan ng wikang Gaddang sa paaralan: (1) Ginagamit ang wikang Gaddang sa paaralan; (2) Naisasalin ang wikang Gaddang sa bawat henerasyon sa pamamagitan ng paggamit nito sa paaralan; (3) Ginagamit ang wikang Gaddang sa pagpapaliwanag ng mga aralin sa paaralan. Ginagamit sa pagbibigay ng halimbawa upang magkaroon ng mataas na pag-intindi sa aralin; (5).Ang kaalaman hinggil sa wikang Gaddang ay hindi bahagi ng kurikulum ng paaralan; (6) Mayroong nalikhang sulatin tungkol sa wastong ispelang , tradisyong pangkarunungan na may balarila (tuntunin kung paano ginagamit ang wika), diksyunaryo, teksto, panitikan, at pang-araw-araw na midya. Ang pagsusulat sa wika ay ginagamit sa pamamahala at edukasyon; (7) Mayroong mga komprehensibong balarila (tuntunin kung paano ginagamit ang isang wika) at diksyunaryo, ekstensibong teksto; palagiang pagpapalathala ng kagamitang pangwika. Marami ang napakikinggan at napanonood na rekord na may anotasyon at matataas ang kalidad; (8) Walang ortograpiya (sulatin tungkol sa wastong ispelang ng mga salita) sa komunidad; at (10) Ang nangingibabaw na wika ang siyang tanging opisyal na wika, habang ang hindi umiiral o minoryang wika (Gaddang) ay hindi kinikilala o pinapangalagaan sa paaralan.

Sumasang-ayon naman ang mga kalahok sa aytem (9) Nabibigyang-halaga ang wikang Gaddang sa paaralan sa pamamagitan ng hindi paglilimita sa paggamit nito sa paaralan at (4) Nakatutulong ang wikang Gaddang upang lubos na maintindihan ang mga araling itinaturo sa wikang Filipino at Ingles .



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Talahanayan 3.5

Ang Kalagayan ng wikang Gaddang sa Paaralan

Ang Kalagayan ng wikang Gaddang sa Paaralan	Pangkat Edad 46-Pataas (N=67)		Pangkat Edad 26-45 (N=67)		Pangkat Edad 10-25 (N=66)		Kabuuang Kalahok sa pag-aaral (N=200)		
	Mean	Std. Dev	Mean	Std. Dev	Mean	Std. Dev	Mean	Std. Dev.	Deskripsyon
1.Ginagamit ang wikang Gaddang sa paaralan.	3.16	1.39	3.34	1.17	2.82	1.31	3.11	1.32	Hindi gaanong Sumasang-ayon
	Hindi gaanong Sumasang-ayon		Hindi gaanong Sumasang-ayon		Hindi gaanong Sumasang-ayon				
2.Naisasalin ang wikang Gaddang sa bawat henerasyon sa pamamagitan ng paggamit nito sa paaralan.	3.13	1.2	3.42	1.03	3.27	1.27	3.28	1.19	Hindi gaanong Sumasang-ayon
	Hindi gaanong Sumasang-ayon		Hindi gaanong Sumasang-ayon		Hindi gaanong Sumasang-ayon				
3.Ginagamit ang wikang Gaddang sa pagpapaliwanag ng mga aralin sa paaralan. Ginagamit sa pagbibigay ng halimbawa upang magkaroon ng mataas na pag-intindi sa aralin.	3.03	1.38	3.21	1.1	3.05	1.14	3.1	1.22	Hindi gaanong Sumasang-ayon
	Hindi gaanong Sumasang-ayon		Hindi gaanong Sumasang-ayon		Hindi gaanong Sumasang-ayon				
4.Nakatutulong ang wikang Gaddang upang lubos na maintindihan ang mga araling itinaturo sa wikang Filipino at Ingles.	3.61	1.09	3.52	0.99	3.35	1.21	3.5	1.13	Sumasang-ayon
	Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Hindi gaanong Sumasang-ayon				
5.Ang kaalaman hinggil sa wikang Gaddang ay	3.01	1.23	3.42	1.2	3.36	1.21	3.27	1.24	Hindi gaanong



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

hindi bahagi ng kurikulum ng paaralan.	Hindi gaanong Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Hindi gaanong Sumasang-ayon				Sumasang-ayon
6.Mayroong nalikhang sulatin tungkol sa wastong ispeling , tradisyong pangkarunungan na may balarila (tuntunin kung paano ginagamit ang wika), diksyunaryo, teksto, panitikan, at pang-araw-araw na midya. Ang pagsusulat sa wika ay ginagamit sa pamamahala at edukasyon.	3.06	1.44	3.25	1.37	3.38	1.17	3.23	1.34	Hindi gaanong Sumasang-ayon
	Hindi gaanong Sumasang-ayon		Hindi gaanong Sumasang-ayon		Hindi gaanong Sumasang-ayon				
7.Mayroong mga komprehensibong balarila (tuntunin kung paano ginagamit ang isang wika) at diksyunaryo, ekstensibong teksto; palagiang pagpapalathala ng kagamitang pangwika. Marami ang napakikinggan at napanonood na rekord na may anotasyon at matataas ang kalidad.	3.12	1.41	3.04	1.29	3.12	1.21	3.1	1.31	Hindi gaanong Sumasang-ayon
	Hindi gaanong sumasang-ayon		Hindi gaanong Sumasang-ayon		Hindi gaanong Sumasang-ayon				
8.Walang ortograpiya (sulatin tungkol sa wastong ispeling ng mga salita) sa komunidad.	3.15	1.35	3.49	1.29	3.21	1.25	3.29	1.31	Hindi gaanong Sumasang-ayon
	Hindi gaanong Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Hindi gaanong Sumasang-ayon				
9.Nabibigyang-halaga ang wikang Gaddang sa paaralan sa pamamagitan ng	3.39	1.12	3.58	1.03	3.44	1.24	3.47	1.16	Sumasang-ayon



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

hindi paglilimita sa paggamit nito sa paaralan.	Hindi gaaanong Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Hindi gaaanong Sumasang-ayon				
10. Ang nangingibabaw na wika ang siyang tanging opisyal na wika, habang ang hindi umiiral o minoryang wika (Gaddang) ay hindi kinikilala o pinapangalagaan sa paaralan.	3.16	1.13	3.09	1.36	3.42	1.1	3.23	1.22	Hindi gaaanong Sumasang-ayon
	Hindi gaaanong Sumasang-ayon		Hindi gaaanong Sumasang-ayon		Hindi gaaanong Sumasang-ayon				

Natukoy ang mga aktwal na kalagayan ng wikang Gaddang batay sa karanasan ng mga informant sa domeyn ng paaralan. Narito ang mga dahilan ng pakkawawan ng wikang Gaddang sa paaralan:

1. Ingles at Filipino ang midyum ng pagtuturo

Isa sa pangunahing impormante sa domeyn ng edukasyon ay si Impormante 19. Siya ay isang *retired elementary teacher* at nagbigay ng serbisyo sa loob ng 43 taon. Ayon sa kanya, ang midyum ng kanyang pagtuturo ay ang Ingles at Filipino. Nang tanungin kung nagagamit niya ang wikang Gaddang sa kanyang pagtuturo, inilahad niya na:

“A, sometimes...kung hindi maintindihan ng mga bata yung explanation sa English and Filipino, naturally, we translate it in Gaddang.”

2. Kawalan o kakulangan ng pagkakataon na naisasalin ang wikang Gaddang sa bawat henerasyon sa pamamagitan ng hindi paggamit nito sa paaralan



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Ayon pa kay Impormante 19, lahat naman daw ng kanyang naging estudyante noon ay marunong mag-Gaddang dahil ang mga ito naman daw ay ipinanganak at naninirahan sa Guayabal. Naglahad din siya ng nakikita niyang dahilan ng pakkawawan ng wikang Gaddang. Aniya:

*“Oo, because the parents, when their children can already speak they... or baby pa lang, they talk to them in Filipino. That is why some of our children cannot express themselves in Gaddang even if they are Gaddang **because they were taught to speak in Filipino when they were babies...** Ay kasi yan ang ano natin noon, diba? Yun ang **medium of instruction natin is Filipino kaya they prefer to speak to them para masanay na sila sa Filipino.**”*

Sa pagsasagawa naman ng mga PTA meetings, Gaddang ang kaniyang ginagamit noon. Hindi siya gumamit ng Ingles o Tagalog.

(3) Ginagamit lamang ang wikang Gaddang sa pagpapaliwanag ng mga aralin sa paaralan.

Nagbigay naman ng paliwanag si Impormante 20, humigit 30 taon ng nagtuturo sa Day Care sa Brgy. Duminit, ukol sa pagpili niya sa Tagalog bilang midyum ng kanyang pagtuturo. Ayon sa kanya:

“Karamihan kasi dito ma’am e yung mga parents e tinuturuan na nila yung mga bata nila ng Tagalog kaya yung mga bata dito Tagalog sila imbes na Gaddang sila. Ang ano sa bahay Tagalog po... “Marunong din sila (Gaddang). Pero karamihan kasi sa kanila Tagalog daw ang pag-ano para daw pagdating sa school makaintindi daw sila... Kasi po ma’am ang iba dito kung, ang mga iba Ilocano, yung pagnaikamang (nakapangasawa) na dito Ilocano, kung naikamang (nakapag-asawa) dito Tagalog, o edi yun din ang wika nila sa loob ng bahay.”

Isa pa sa mga key informant ng edukasyon ay si Impormante 21. Siya ay 36 taong gulang at dalawang taon pa lamang sa serbisyo. Amindado siya na siya



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

ay hindi isang Gaddang pero dahil sa siya ay nagtuturo sa Guayabal, siya ay natuto na ng Gaddang. Isinalaysay niya ang midyum ng pagtuturo na kanyang ginagamit.

Ayon sa kanya:

“Dito sa amin Tagalog. Although, dialect namin dito is Gaddang. Ang midyum po namin is Tagalog pero may mga bata kaming ang dialect is Gaddang kung minsan...’yung Tagalog na, lalo na kung malalim na Tagalog, inaano naming, tawag dito, tina-translate namin sa Gaddang para lalo nilang maunawaan.”

Nang tanungin kung epektibo rin ba ang pagtuturo gamit ang wikang Gaddang, ayon sa kaniya:

“Oo, effective naman sa kanila. Kasi nakikita mo ‘yung ano, uyyy! Alam ko yun! Oo, yun yon! Ganun sila nukwa.”

Ayon pa sa kanya, hindi lahat ng kanilang mga mag-aaral ay marunong mag-Gaddang. Tinantya niya na nasa 75% ang mga batang marunong mag-Gaddang sa kanilang paaralan. Inilahad naman niya ang dahilan ng *pakkawawan* ng wikang Gaddang. Para sa kanya:

“Siguro ano, kasi ang mga bata kapag Gaddang kasi nahihirapan silang mag-Tagalog. Iyon ang napansin ko. Kaya ang mga magulang ngayon willing na silang turuan sila ng Tagalog para mas madali na sa kanila yung paggamit ng Tagalog.”

4. Ang wikang Gaddang ay hindi bahagi ng kurikulum ng paaralan

Mahalaga rin ang mga nakalap na impormasyon mula kay Impormante 13, 40 taong gulang, at 16 taon ng nagtuturo sa Mababang Paaralan ng Duminit. Siya ay nagsalaysay ukol sa midyum ng kanyang pagtuturo.

“Ngayon sa lower grade na, may mother tongue ng sinasabi pero dito sa Duminit ang mother tongue naming



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Tagalog hindi siya Gaddang. E kesyo, Imbes na Gaddang sana, Tagalog kasi yung mga bata halos lahat nga ng mga maliliit na bata ngayon mula magsimula sa kinder, Grade 1 Tagalog yung pagsasalita nila pero pag punta naman nila ng Grade 2, Grade 3 fluent naman na sila sa Gaddang kasi nakakasalamuha nila yung mga kalaro nila, magulang nila sa pagsasalita kaya na nasasabi nila yung Gaddang na salita.

Dagdag pa niya, sila ay “naka-departmentalized”, ibig sabihin, kung ang asignatura ay karaniwang itinuturo sa wikang Filipino, Filipino ang gagamitin at kung Ingles naman, Ingles din ang midyum. Nang tanungin kung tinatanggap ba niya ang mga sagot mula sa mga-aaral na nasa wikang Gaddang. Ang naging sagot niya ay:

“Oo ina-accept namin ngayon. Pero noon, nung hindi pa kami , yung mga old na teachers, may mga policy di ba? Na bawal mag-Gaddang ganun-ganun. Pero mula noong meron ng IPed, ngayong Indigenous Peoples Education, aware na din lahat ng teachers na bawal yu. Na should be accepted na lahat.”

(5) Kawalan ng mga kagamitang pampagtuturo na nasulat o nalimbag sa Wikang Gaddang

Pagdating naman sa kagamitang pampagtuturo, kaagad naman itong sinagot ni Impormante 21, isang guro, aniya:

“Wala, wala actually. Puro Tagalog siya. Parang kung ano lang, learning process is on-going tapos may mga sample na salita na talagang malalim, dun na lang on-the-spot na nirerelate ko kung ano yung sa Gaddang.”

(6) Walang ortograpiya (sulatin tungkol sa wastong ispeling ng mga salita) sa komunidad.

Mahihinuha mula sa mga nailahad na mga dahilan kung bakit nahihirapan ang domeyn ng pamahalaan na idokumento ang mga pagpupulong at paglilitis na



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

isinagawa sa wikang Gaddang. Hindi tukoy ng mga *informant* ang pagkakaroon ng mga sulatin/akdang pumapaksa sa Gaddang. Isang salik kung bakit walang tala ng mga ito para sa pampublikong paggamit ay dahil sa hindi nga naman ito bahagi ng kurikulum kung kaya't hindi nabibigyang-pansin ng mga iskolar na patuloy sa paggawa ng mga babasahing pang-akademiko.

(7) Kakulangan o limitadong paggamit sa wikang Gaddang sa paaralan

Ibinahagi din ni Impormante 22, 37 taong gulang, at 37 taong serbisyo sa Daycare Center ng Guayabal, ang kanyang mga karanasan sa pagtuturo. Pagdating sa midyum ng pagtuturo, ayon sa kanya, minsan Tagalog at minsan naman ay Gaddang ngunit ang pinakadominanteng wikang ginagamit sa pagtuturo ay Tagalog. Ayon pa rin kay Impormante 22, may mga kagamitang pampagtuturo sa wikang Gaddang din naman. Lahat din ng kanyang mga estudyante ay marunong mag-Gaddang. Inihayag din niya na epektibo ang wikang Gaddang bilang wikang panturo kasi ito ay naiintindihan ng mga bata. Ganunpaman, may mga batang Tagalog at Ingles din ang kanilang unang wika. Dahil dito, halo na rin ang mga wikang ginagamit niya sa pagtuturo. Minsan gumagamit siya ng Ingles, minsan ay Tagalog, at kung minsan ay ang kanilang *mother tongue*. Isinalaysay naman niya ang dahilan sa *pakkawawan* ng wikang Gaddang. Sabi niya:

“Puro Tagalog lahat yung mga bata ngayon ma’am. E ‘yun kasi ang gusto nila ma’am, yung maiba naman daw yung salita. Hindi raw puro Gaddang. ‘yun. Itinuturo (ito) ng mga magulang.”

(8) Hindi matatas (fluent) sa wikang Gaddang ang mga mag-aaral

Tinanong din si Impormante 22, kung matatas ba ang mga bata sa pagsasalita ng Gaddang. Narito ang kanyang naging tugon:



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

“Yun lang ma’am, hindi naman matatas, ‘yung mga simple lang na mga Gaddang.”

Inaasahan ang ganitong epekto sa paggamit ng katutubong wika dahil ang nangingibabaw na wika ang siyang tanging opisyal na wika, habang ang hindi umiiral o minorityang wika (Gaddang) ay hindi kinikilala o pinapangalagaan sa paaralan. Malinaw ang *pakkawawan* ng wikang Gaddang sa domeyn ng edukasyon dahil ang opisyal na wikang panturo ay Filipino (Tagalog) at Ingles.

Mula sa mga datos na inilatag, malinaw ang direksyong tinatahak ng mga mag-aaral sa Cauayan bago pa man makatungtong sa eskwelahan. Lumalabas na Tagalog ang nakasanayang wika ng mga bata sapagkat ito ang iminulat ng kanilang mga magulang sa kanila. Kung kaya’t bago pa man pumasok sa paaralan ang mga bata ay nagkakaroon na sila ng pundasyon ng wikang Tagalog. Lumilitaw naman na nagagawang matutunan ng mga bata ang wikang Gaddang sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kanilang mga kaklase at iba pang miyembro ng komunidad ngunit ito ay madalang din nilang magamit sa loob ng paaralan. Ingles at Tagalog kasi ang isinasaad ng batas bilang mga wikang panturo. Bagama’t may mga pagkakataong tinatanggap ng mga guro ang nagiging sagot ng mga mag-aaral na nasa wikang Gaddang at ang paggamit ng mga salitang Gaddang na inihahambing sa tumbas nito sa Filipino, hindi maitatangging nagagamit na lamang ang wikang ito sa mga impormal na pakikipag-usap.

Hindi rin maitatangging limitado at halos walang mga kagamitang pampagtuturo na nauukol sa wikang Gaddang. Wala ring tala kung mayroon nga



bang mga teksto o akdang nasusulat dito. Maging mga diksyunaryo o aklat sa balarila ng wikang Gaddang .

Sa kabila ng pagiging L1 ng Gaddang sa mga magulang, mas pinipili pa rin nilang turuan ang kanilang mga anak sa wikang Tagalog at/o Ingles. Hindi lingid sa mga magulang ang pagkakaroon ng *Bilingual Policy*. Dahil sa naranasan na nila ito, nakaaapekto ito sa kanilang mga pananaw tungkol sa kung anong wika ang ituturo nila sa kanilang mga anak.

Upang matukoy ang tiyak na sitwasyon ng wikang Gaddang sa domeyn ng edukasyon, ginamit ang *Language Vitality and Endangerment* (LVE) ng UNESCO (2003). Ito ang natuklasan:

Salik 1.Domeyn pangwika. Nasa ***Lebel 1*** na nangangahulugang ang wika ay ginagamit lamang sa kakaunting domeyn at pagtitipon at may digri ng pagkapanganib na *labis na limitadong domeyn*. Ngunit dahil sa hindi ito bahagi ng kurikulum, hindi malayong bumagsak ito sa ***Lebel 0*** na nangangahulugang patay na sa loob ng paaralan kung hindi maaagapan at hindi maisakatuparan ang *IPEd*.

Salik 6. Mga kagamitan para sa karunungan pangwika. Lumalabas na nasa ***Lebel 0 dahil*** walang ortograpiya (sulatin tungkol sa wastong ispeleng ng mga salita) sa komunidad, walang mga nakalimbag na literatura o mga aklat sa wikang Gaddang.



d. Buod sa Kinalabasan ng Pag-aaral Tungkol sa Kalagayan ng Wikang Gaddang sa Iba't Ibang Domeyn

1. Kalagayan ng wikang Gaddang sa domeyn ng tahanan, pamahalaan at paaralan

Batay sa mga resulta ng pagsusuri ng mga datos, natuklasan na ang sitwasyon ng wikang Gaddang sa domeyn ng tahanan, pamahalaan at paaralan ay patungo sa *pakkawawan (LVE, UNESCO 2003)* at nangangailangan ng *passalba*.

Ayon sa GIDS ni Fishman ang istatus ng wikang Gaddang ay Yugto 6 – May sapat na bilang pa rin ang gumagamit ng wika sa isang lipunan. Ang mga magulang ay ginagamit pa ang wika sa pakikipag-usap sa kanilang mga anak. Sa yugtong ito, hinihikayat ang impormal na paggamit ng wika sa lahat ng *age group* ng mag-anak upang mas mapatatag ang pang-araw-araw na paggamit ng wika sa mga lokal na institusyon sa kanilang komunidad na kung saan ang wika ay pinoprotektahan at eksklusibong ginagamit.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasang kalagayan ng wikang Gaddang na mahigpit ang pangangailangan nito na maisalba mula sa unti-unting pagliit ng populasyon ng ispiker at pagkawala ng pagpapahalagang kultural.

B. Mga Hakbang Isinasagawa tungo sa *Passalba* ng Wikang Gaddang sa Iba't Ibang Domeyn

A. Domeyn ng Tahanan

Lantad ang bukas na pangtanggap at pagtangkilik ng mga informant sa pagbabago ng pananaw tungkol sa kanilang katutubong wika na bunsod ng pagbabago sa lipunang ginagalawan. Ngunit mababanaag pa rin ang kanilang



kagustuhang manatili at magpatuloy na buhay ang wikang Gaddang. Narito ang ginagawa nila sa tahanan:

1. Itinuturo o ginagamit ang Gaddang para sa mabuting pakikipag-ugnayan

Mahalaga rin ang mga nakalap na datos mula sa panayam kay Key Informant 13, 40 taong gulang, isang guro sa elementarya, asawa at nanay. Sa kabila ng pagiging purong Gaddang nila ng kanyang asawa, wikang Tagalog ang unang wika ng kanilang mga anak. Tinanong siya kung paano ang naging proseso ng pagtuturo niya ng wika sa kanyang mga anak, aniya:

*“Yung bumati sa mga nakakasalamuha nila tulad ng magandang umaga. Ipinanganak silang ang mother tongue nila Tagalog pero **nung magkaisip na sila pinapaano (ipinagagamit) ko na yung Gaddang. So mga Grade 3, marunong na yung anak kong panganay tapos itong kinder ko marunong na rin siya. Nakakaintindi na rin siya at nakakapagsalita pero hindi lang straight. Kaya alam na nila yung magandang umaga na Dios I Darramat.**”*

2. Itinuturo ang wikang Gaddang dahil ito ay pamana ng mga magulang na hindi dapat makalimutan

Nanindigan pa rin si Key Informant 12 sa kahalagahan na matutunan ang wikang Gaddang sa kabila ng pamamayani ng Tagalog o iba pang wika sa paaralan. Binigyang-diin niya na:

“Opo. Siyempre parang kwan din namin, para hindi rin mawala yung mga namana sa mga magulang namin. Para hindi rin niya makalimutan yung pinagmulan namin.”



Ang pahayag na ito ng informant ay pagpapakita ng pagpapahalaga sa sariling wika, isang wikang taal at di-dayuhan na mahalaga sa pagkakaroon ng self-identity o pagkakakilanlan (Gonzales, 2009).

Batay sa resulta, may ginagawang hakbang sa pagpapanatili ng wikang Gaddang sa loob ng tahanan ngunit hindi sapat. Sa pangkalahatan, ang sitwasyon ng wikang Gaddang sa domeyn ng tahanan ay nanganganib sa *pakkawawan* at kailangang isalba kung nais ng mga taga-Cauayan na manatiling buhay ang pamanang ito ng kanilang angkan.

b. Domeyn ng Pamahalaan

Malinaw ang panganib na kinakaharap ng wikang Gaddang sa domeyn ng pamahalaan. May tatlong dahilan na sanhi ng *pakkawawan* na lumutang sa mga naging salaysay.

Una, mahirap isulat at/o itala ang mga pagpupulong o paglilitis na nasa wikang Gaddang dahil sa Filipino at Ingles ang nakasanayan ng nakararami pagdating sa pagsusulat. Direktang isinasalin na ito ng kalihim sa mga wikang komportable siyang gamitin o baybayin.

Ikalawa, ang mandatong pormat pagdating sa mga kasulatang pampamahalaan. Dahil ito ay pampublikong dokumento, nararapat lamang na nasusulat ito sa midyum na itinatakda ng ating batas.

Ang mga nabanggit na kalagayan ay matutugunan upang maiiwasan ang pagkawala ng wikang Gaddang sa pamahalaan. Makatutulong ang dokumentasyon ng mga pagpupulong na isinasagawa sa wikang Gaddang na may kalakip na salin upang maunawaan ng mga kinauukulan lalo na kung kinakailangan ng pagwawasto sa pamamahala ng isang barangay. Kung naidodokumento ang mga



aktibidad ng lokal na pamahalaan gamit ang wikang Gaddang, magiging hakbang ito sa *passalba* nito.

Tunay ang wikang Gaddang sa domeyn ng pamahalaan ay nasa bingit ng *pakkawawan* at kailangan ng *passalba* sa pamamagitan ng mga gawain o programang magtataguyod. May ginagawang hakbang ang pamahalaang lokal para magpatuloy na buhay ang wikang Gaddang ngunit ang mga pagsisikap ay hindi sapat.

c. Domeyn ng Paaralan

Sa kabila ng panganganib ng wikang Gaddang sa loob ng paaralan, may mga ginagawa ang paaralan na kailangan lamang na mapalakas at maisakatuparan. Hindi lamang sa mga impormal na pamamaraan kundi maging sa mga gawaing pang-akademik.

Malaking tulong ang pagpapahintulot ng ilang mga guro na magamit ng mga bata ang wikang Gaddang kung hindi nila kayang ipahayag ang kanilang mga ideya sa Filipino. Kapakipakinabang din ang estratehiya ng guro na paggamit ng wikang Gaddang para sa paghawan ng sagabal.

Makatutulong ang hakbang na binubuo ng Kagawaran ng Edukasyon para sa inklusyon ng wikang Gaddang sa asignaturang MTB-MLE sa elementarya.

Binubuo na ng mga guro ang ortograpiya sa tulong ng *Division Office* ng Cauayan upang magamit sa mga paaralan. Isa itong mahusay na hakbang sa pagpapanatiling buhay ng Wikang Gaddang sa ng domeyn ng paaralan.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Ang inisyatiba ng SDO-Cauayan sa pagsasagawa ng mga seminar bilang paghahanda sa isinusulong ng DepED na *Indigenous Peoples Education* kung saan pinagpaplanuhan na mapabilang ang wikang Gaddang bilang midyum o pokus ng asignaturang MTB-MLE ng mga mag-aaral sa elementarya sa siyudad ng Cauayan.

Inalam ng mananaliksik kung nakadalo ba si Key Informant 13 sa alin mang seminar/s tungkol sa paggamit ng wikang Gaddang. Narito ang kanyang naging sagot:

“Oo. Meron kasing programa sa DepEd na yung IPED na sinasabi na Indigenous Peoples Education. So bale on the processing pa lang siya na balang araw, maybe five years in the making na magiging papasok na rin ang Gaddang sa MTB-MLE. Magiging mother tongue based language na rin sa school ganun.”

Ang sitwasyon ng wikang Gaddang sa domeyn ng paaralan ay nanganganib sa *pakkawawan* at nangangailangan ng *passalba* sa pamamagitan ng mga programa at gawaing isusulong ng kagawaran ng edukasyon, mamamayan at pamayanan. Tulad ng kalagayan ng wikang Gaddang sa domeyn ng tahanan at lokal na pamahalaan, kailangan ang mga programa at gawaing buong sigasig na magsusulong sa pagpapasigla at pagpapaunlad sa wikang Gaddang bilang pagkakakilanlang kultural at politikal ng mga nabanggit na pangkat etniko sa syudad ng Cauayan.



**d. Buod sa Kinalabasan ng Pag-aaral Tungkol sa mga Hakbang na
Isinasagawa sa *Passalba* ng Wikang Gaddang sa Iba't Ibang Domeyn**

2. Ano-anong hakbang ang ginagawa ng bawat domeyn upang maisalba ang wikang Gaddang?

2.1 Sa Tahanan

Itinuturo/ginagamit pa rin ng ilang mga magulang at matatanda ang Gaddang sa pakikipag-usap sa mga anak

2.2 Sa lokal na pamahalaan

Ginagamit pa rin sa mga pagpupulong at pagtatanghal kultural kung pista ng Cauayan.

May umiiral na samahang “ Ataratta na Gaddang” na itinatag upang mamahala at mangalaga sa kultura ng mga katutubong Gaddang.

2.3 Sa paaralan

Ginagamit ang Gaddang sa mga impormal na pakikipag-ugnayan ng mga guro sa mga magulang ng mga mag-aaral. Gaddang ang wikang ginagamit ng guro sa mga miting.

Ang wikang Gaddang ang ginagamit ng guro sa pagtuturo upang maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Karaniwang teknik ng guro ang pagsasalin sa Gaddang at pagpapaliwanag kapag may kahirapang unawain ang leksyon.

Ang pagbuo ng ortograpiya ng wikang Gaddang na isinusulong ng Departamento ng Edukasyon na tugon sa MTB-MLE Program.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Ang pagdalo ng mga guro sa mga seminar ukol sa pagbuo at paghahanda ng mga kagamitang panturo na nasusulat sa wikang Gaddang.

Dominante ang Gaddang sa tahanan at pamahalaan ngunit hindi sa loob ng paaralan. Nakakatulad ito ng resulta ng pag-aaral ni Palting (2020). Maituturing na pangunahing wika sa bawat tahanan, sa labas ng silid-aralan at sa pamilihang bayan sa bayan ng Echague ang wikang Yogad. Buhay at masigla ang pagkakagamit dito ng mga katutubo sa kanilang karaniwang mga pag-uusap ngunit naisasantabi ang sigla ng paggamit ng wikang Yogad sa mga pormal na pag-uusap o talakayan. Kagaya ng Yogad, ito ang posibleng banta sa tunay na kalagayang hinaharap ng wikang Gaddang.

C. Saloobin at pananaw ng mga Impormante sa Mungkahing Programa/Gawain

Matutunghayan sa mga sumusunod na talahanayan sa ibaba ang pagtanggap at pagsang-ayon ng mga informant sa mga mungkahing programa at gawain upang maisalba ang wikang Gaddang sa bawat domeyn.

a. Passalba sa Wikang Gaddang sa Tahanan

Makikita sa talahanayan ang positibong pagtanggap ng mga kalahok sa mga iminungkahing gawain o programa upang maisalba ang wikang Gaddang sa domeyn ng tahanan.

Makikitang ang unang tatlong mungkahing programa/gawain ay tumutugon sa pagkatuto ng mga bata. Nabanggit sa domeyn ng tahanan ang pagiging unang pandayan ng karunungan nito. Nakita rin ang kaugnayan ng domeyn ng tahanan sa domeyn ng edukasyon kung kaya't mahalagang magkaroon ng matibay na



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

pundasyon ng kahusayang pang-akademik mula sa tahanan. Magaganyak ang mga bata na matuto sa wikang Gaddang kung magkakaroon ng mga babasahin at ilan pang mga tekstong magagamit upang matuto ng mga basikong kaalaman.

Dagdag pa rito, makatutulong din sa *passalba* ng wikang Gaddang kung magkakaroon ng pagkukusa ang bawat mag-anak na makilahok sa mga organisasyong nagtataguyod ng kanilang wika. Mahalaga rin ang ginagampanang papel ng mga nakatatanda upang manguna sa pagsasalin ng wika ng kanilang pagkakakilanlan sa bawat henerasyon ng kanilang pamilya(LVE UNESCO,2003; Agcaoili,2008; David, 1988).

Talahanayan 3.6

Passalba sa Wikang Gaddang sa domeyn ng tahanan

Mungkahing Programa	Bilang	Bahagdan
1. Pagkakaroon ng mga nakalimbag na mga aklat na nasusulat sa Gaddang upang maituro ng mga magulang sa kanilang mga anak.	161	80.5%
2. Pagkakaroon ng mga akdang nasusulat sa Gaddang upang maging mas kawili-wili ang pagkatututo ng mga bata.	161	80.5%
3. Pagsasalin ng mga sikat na babasahin tungong Gaddang upang maging interesado ang mga makabagong kabataan sa akwisisyon nila rito.	151	75.5%
4. Boluntaryong pakikilahok/pagsali ng bawat mag-anak sa mga organisasyong binuo/bubuoin ng komunidad sa pagtatatag at pagpepreserba ng wikang Gaddang.	156	78%
5. Pagpapamulat ng mga nakatatanda sa bawat miyembro ng pamilya na importante ang matutunan ang wikang Gaddang hindi lamang simbolikong pagkakakilanlan kundi ang masalamin hindi lamang sa pisikal kundi sa lahat ng aspekto ang kanilang pagiging isang Gaddang.	158	79%



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

b. Passalba sa Wikang Gaddang sa Lokal na Pamahalaan

Makikita sa talahanayan ang positibong pagtanggap ng mga mas nakararaming kalahok sa mga iminungkahing gawain o programa upang maisalba ang wikang Gaddang sa domeyn ng lokal na pamahalaan.

Talahanayan 3.7

Passalba sa Wikang Gaddang sa Lokal na Pamahalaan

Mungkahing Programa	Bilang	Bahagdan
1. Pagkakaroon ng mga <i>Speak in Gaddang Zone</i> sa bawat baranggay.	153	76.5%
2. Pagkakaroon ng opisina sa bawat barangay ukol sa turismo kung saan ibibida ang wikang Gaddang.	168	84%
3. Pagtatatag ng mga organisasyong ang pokus ay pagpapatatag ng wikang Gaddang.	170	85%
4. Pagkakaroon ng mga taunang patimpalak tuwing fiesta na may kaugnayan sa wikang Gaddang.	167	83.5%
5. Pagsasalin ng mga karatula/ <i>signages</i> na ikinakabit sa komunidad na nakasalin sa wikang Gaddang.	162	81%
6. Pagsasalin ng mga bisyon at misyon at ilan pang mahahalagang dokumento na naglalahad ng pagkakakilanlan ng isang komunidad tungong Gaddang.	151	75.5%
7. Pagkakaroon ng <i>City Hymn</i> (awitin pambayan) na nasusulat sa Gaddang.	156	78%

c. Passalba sa Wikang Gaddang sa Paaralan

Makikita sa talahanayan ang positibong pagtanggap ng mga kalahok sa mga iminungkahing gawain o programa upang maisalba ang wikang Gaddang sa domeyn ng edukasyon.

Tulad sa domeyn ng tahanan, hindi maitatanggi ang kaangkupan ng paggamit ng wikang Filipino at Ingles dahil na rin sa ito ang itinatakda ng Konstitusyon bilang mga wikang panturo. Ganunpaman, may mga



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

gawain/programa na maaaring isagawa sa domeyn ng edukasyon upang maisalba ang *pakkawawan* ng wikang Gaddang. Ang mga gawain/programang naitala ay makatutulong sa integrasyon ng wikang Gaddang sa pag-aaral ng mga kabataang Cauayeño.

Talahanayan 3.8.

Passalba sa Wikang Gaddang sa Paaralan

Mungkahing Programa	Bilang	Bahagdan
1. Pagkakaroon ng mga patimpalak sa paggamit ng wikang Gaddang tulad ng mga islogan, pagbigkas ng tula, radio drama at iba pang ginagamitan ng wika.	156	78%
2. Pagdaragdag ng mga kagamitang pampagtuturo na nasusulat sa wikang Gaddang.	165	82.5%
3. Pagkakaroon ng mga <i>Speak in Gaddang Zone</i> sa mga paaralan.	155	77.5%
4. Pag-awit sa mabubuong <i>City Hymn</i> na nasusulat sa wikang Gaddang.	146	73%
5. Pagkakaroon ng mga <i>signage's</i> na nasasalin sa tatlong wikang ginagamit sa Cauayan (Ingles, Filipino at Gaddang)	158	79%

Lahat ng mga mungkahing programa sa domeyn ng tahanan, pamahalaan at paaralan na inilahad ng mananaliksik ay positibo ang naging pagtanggap dahil na rin sa kanilang (mga mamamayang Gaddang) pagnanais na makapag-ambag sa pagsasalba ng kanilang sarili at taal na wika. Malaki ang pag-asa na muling lumakas ang wikang Gaddang dahil taglay nito ang mga salik ng *Ethnolinguistics Vitality* (Giles,Bourish at Taylor sa Ferguson 2006) na (1) demograpiko- mga bilang /populasyon bunga ng kapanganakan, pag-aasawa, paglipat ng tirahan at teritoryong nasasakupan; (2) suporta at control ng mga institusyon – mga pormal at inpormal na suporta ng pamahalaan sa kultura at edukasyon; (3) *status factor-*



economic, social, socio-historical at wika. Matatandaan na ang Cauayan ay natatag dahil sa mga sinauna o ninunong Gaddang. Maasahan na ibibigay ng tahanan, lokal na pamahalaan at paaralan ang suporta upang buhayin at pasiglahin.

D. Talaan ng Panukalang Gawain o Programa para sa *Passalba* ng Wikang Gaddang

Sa mga pamantayang ginamit sa pagtataya ng sitwasyon ng wikang Gaddang, masasabi na hindi sapat ang mga ginagawang hakbang ng bawat domeyn upang manatiling masigla at buhay ang wikang Gaddang.

Ang wikang Gaddang ay maaaring umunlad (Crystal, 2000) kung (1) mas nagiging tanyag o kilala sa loob ng dominanteng lipunan ang mga nagsasalita nito; (2) tataas ang yaman ng nagsasalita nito tulad ng nasa dominanteng lipunan; (3) tataas ang lehitimong kapangyarihan ng nagsasalita nito sa paningin ng dominanteng lipunan; (4) ang nagsasalita nito ay nakagagamit ng elektronikong teknolohiya. Upang matugunan ang suliranin sa banta ng posibleng ekstinksyon ng wikang Gaddang, ang mananaliksik ay naghandang mga programang makatutugon sa mga nabanggit na isyu.

Ang pangunahing saligan ng mananaliksik sa pagbuo ng programa sa pagsalba ng wika sa iba't ibang domeyn ay ang *Language Management* ni Spolsky (2009). Binibigyang-tuon ng teoryang ito na ang paggamit at saloobin ng isang tagapagsalita/ispiker sa wika ay nagbabago batay sa pangangailangan o hinihingi ng sitwasyon. Pinagbatayan din ang *Graded Intergenerational Disruption Scale* (GIDS) ni Fishman (1991) para sa mga mungkahing solusyon o gawain upang



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

muling mapanumbalik ang katatagan ng wika sa bawat antas o yugto ng pagkawala.

Para matugunan ang suliranin ng *pakkawawan* ng wikang Gaddang, nabuo ang mga panukalang gawain/programa para sa *passalba* ng wikang Gaddang.

**MGA PANUKALANG GAWAIN/PROGRAMA PARA SA
PASSALBA NG WIKANG GADDANG SA SIYUDAD NG CAUAYAN,
ISABELA**

TAHANAN			
Mungkahing Gawain/Programa	LAYUNIN	TARGET NA GAGAMIT	TAONG NAKATALAGA
1. Pagkakaroon ng mga nakalimbag na mga aklat na nasusulat sa Gaddang upang maituro ng mga magulang sa kanilang mga anak.	▪ Maging kawili-wili ang pagkatuto ng mga batang sa wikang Gaddang.	Mga bata o kahit sino mang batang miyembro ng pamilya.	Mga manunulat ng iba't ibang kwento't teksto Mga magulang o kahit na sino mang nakatatandang miyembro ng pamilya.
2. Pagkakaroon ng mga akdang nasusulat sa Gaddang upang maging mas kawili-wili ang pagkatututo ng mga bata.	▪ Maganyak ang mga bata sa pagkatuto ng wikang Gaddang.	Mga bata o kahit sino mang batang miyembro ng pamilya.	Mga manunulat ng iba't ibang kwento't teksto Mga magulang o kahit na sino mang nakatatandang miyembro ng pamilya.
3. Pagsasalin ng mga sikat na babasahin tungong Gaddang upang maging interesado ang mga makabagong kabataan sa akwisisyon nila rito.	▪ Makuha ang interes ng mga bata/kabataan upang maiangat ang pagtingin ng mga ito sa kanilang wika at kayang makipagsabay	Mga bata o kahit sino mang batang miyembro ng pamilya.	Mga manunulat ng iba't ibang kwento't teksto



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

	an sa mga akdang orihinal na nasusulat sa ibang wika.		
4. Boluntaryon g pakikilahok/pagsali ng bawat mag-anak sa mga organisasyong binuo/bubuoin ng komunidad sa pagtatatag at pagpepreserba ng wikang Gaddang.	Maipakita ang kagustuhang makibahagi sa pagtataguyod at pagpapayaman ng sariling wika.	Lahat ng miyembro ng pamilya.	Lahat ng miyembro ng pamilya.
5. Pagpapamulat ng mga nakatatanda sa bawat miyembro ng pamilya na importante ang matutunan ang wikang Gaddang hindi lamang simbolikong pagkakakilanlan kundi ang masalamin hindi lamang sa pisikal kundi sa lahat ng aspekto ang kanilang pagiging isang Gaddang.	Maisalin ang wikang Gaddang na hindi natatapos sa mga basikong salita lamang kundi ang mayamang set ng mga salita ng wikang ito.	Mga bata o kahit sino mang batang miyembro ng pamilya.	Mga magulang o kahit na sino mang nakatatandang miyembro ng pamilya.

LOKAL NA PAMAHALAAN

Mungkahing Gawain/Programa	LAYUNIN	TARGET NA GAGAMIT	TAONG NAKATALAGA
1. Pagkakaroon ng mga <i>Speak in Gaddang Zone</i> sa bawat baranggay.	Magkaroon ng paalala sa mga Cauayeño na dapat gamitin at kung hindi alam ay	Lahat ng Cauayeño	Mga opisyal ng lokal na pamahalaan.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

	matutunan ang pagsasalita ng wikang Gaddang.		
2. Pagkakaroon ng opisina sa bawat barangay ukol sa turismo kung saan ibibida ang wikang Gaddang.	Maipakita ang mayamang kulturang kakabit ng wikang Gaddang.	Mga bisita mula sa ibang lugar/bansa.	Mga opisyal ng lokal na pamahalaan.
3. Pagtatatag ng mga organisasyong ang pokus ay pagpapatatag ng wikang Gaddang.	Upang magkaroon ng mangunguna sa mga programang isasagawa sa pagsasalba/pagpapayaman ng wikang Gaddang	Lahat ng Cauayeño	Mga opisyal ng lokal na pamahalaan.
4. Pagkakaroon ng mga taunang patimpalak tuwing fiesta na may kaugnayan sa wikang Gaddang.	Mas magiging pamilyar ang mga Cauayeño sa wikang Gaddang.	Lahat ng Cauayeño	Mga opisyal ng lokal na pamahalaan.
5. Pagsasalin ng mga karatula/ <i>signage</i> s na ikinakabit sa komunidad na nakasalin sa wikang Gaddang.	Maging pamilyar sa mga karaniwang signages na nasusulat sa wikang Gaddang.	Lahat ng Cauayeño/Mga bisita	Mga opisyal ng lokal na pamahalaan.
6. Pagsasalin ng mga bisyon at misyon at ilan pang mahahalagang dokumento na naglalahad ng pagkakakilanlan	Mapalawak ang kaalaman sa mga dokumentong pambaranggay/pambayan.	Lahat ng miyembro ng pamilya.	Mga opisyal ng lokal na pamahalaan.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

ng isang komunidad tungong Gaddang.			
7. Pagkakaroon ng <i>City March</i> (awitin pambayan) na nasusulat sa Gaddang.	▪ Maisapuso ang pagiging isang Gaddang.	Lahat ng Cauayeño	Mga opisyal ng lokal na pamahalaan.

EDUKASYON

Mungkahing Gawain/ Programa	LAYUNIN	TARGET NA GAGAMIT	TAONG NAKATALAGA
1. Pagkakaroon ng mga patimpalak sa paggamit ng wikang Gaddang tulad ng mga islogan, pagbigkas ng tula, radio drama at iba pang ginagamitan ng wika.	▪ Magamit ang wikang Gaddang sa mga pang- akademikong gawain.	Mga mag- aaraal sa Cauayan	Mga guro
2. Pagdaragdag ng mga kagamitang pampagtuturo na nasusulat sa wikang Gaddang.	▪ Upang maging mabilis at epektibo ang pagtuturo at pagkatuto ng wikang Gaddang	Mga mag- aaraal sa Cauayan	Mga guro
3. Pagkakaroon ng mga <i>Speak in Gaddang Zone</i> sa mga paaralan.	▪ Upang mahikayat ang mga mag-aaraal na marunong mag-GAddang na gamitin ito sa paaralan at maimpluwens yahan ang kanilang mga kaklase.	Mga Mag- aaraal	Mga guro at mga administrador
4. Pag-awit sa mabubuong <i>City</i>	▪ Maisapuso ang pagiging isang	Mga mag- aaraal	Mga guro at mga administrador



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

<i>March</i> na nasusulat sa wikang Gaddang.	Cauayeño		
5. Pagkakaroon ng mga <i>signage</i> na nasasalin sa tatlong wikang ginagamit sa Cauayan (Ingles, Filipino at Gaddang)	▪ Maging pamilyar sa mga karaniwang <i>signage</i> na nasusulat sa wikang Gaddang.	Mga mag- aaraal	Mga guro at mga administrador



KABANATA IV

LAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay kinapapalooban ng lagom, konklusyon at mga rekomendasyon na nakabatay sa mga resulta at diskusyon ng pag-aaral.

Lagom

Sa larangan ng wika, ang pagkamatay ng mga katutubong wika ay isang mahalagang na usapin sapagkat ang pagkawala ng wika ay nangangahulugan na pagkawala rin ng pagkakakilanlan ng pangkat ng tao na nagmamay-ari sa wikang naglaho. Sa mga kaganapang pagkawala o pagkamatay ng isang katutubong wika, maraming pagsisikap ang ginagawa ng pamahalaan sa pamamagitan ng kagawaran ng edukasyon at KWF upang mailigtas sa tuluyang paglalaho ang nasa panganib na wikang katutubo. Kabilang sa mga nagsusulong sa pagpapanatiling buhay ng mga nanganganib na wika ang gurong mananaliksik. Bilang tugon sa programa ng edukasyon, isinagawa ang pananaliksik na ito.

Layunin ng pag-aaral na matukoy ang kalagayan ng wikang Gaddang sa domeyn ng tahanan, lokal na pamahalaan at paaralan. Gamit ang pamamaraang deskriptibo, inalam ng mananaliksik ang kalagayan at istatus ng *pakkawawan* ng wikang Gaddang, tinukoy ang mga dahilan ng pagkapanganib o ang tuluyang pagkawala ng wikang ito, maging ang pagtataya sa kasapatan ng mga hakbang na ginagawa ng bawat domeyn tungo sa passalba nito, at pagkatapos ay naglahad ng



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

mga mungkahing gawain o programa na maaaring isagawa upang matugunan ang pagkapanganib nito.

Natuklasan sa pag-aaral ang mga sumusunod na kalagayan o sitwasyon ng wikang Gaddang sa bawat domeyn:

A. Kalagayan sa Domeyn ng Tahanan

1. Ang kagustuhan ng matatanda na matuto ang mga bata (anak at apo) ng ibang wika tulad ng Tagalog.
2. Ang pagtuturo ng Tagalog bilang paghahanda sa pag-aaral ng mga bata.
3. Itinuturo ang wikang Gaddang bilang pagsaalang-alang sa komunidad na ginagalawan nila. Mayroon din namang ilang nakapagsasalita ng wikang Gaddang ngunit sa mga impormal na pakikipag-usap na lamang.
4. Malinaw na naisasantabi na ituro ang wikang Gaddang bilang unang wika sa mga bata. Natututunan na na lamang ng mga bata ang wikang Gaddang sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa ibang tao o pakikinig sa mga nagiging pag-uusap ng matatanda sa kanilang paligid. Ang ilan ay nakaiintindi ngunit hindi ito kayang salitain.

Ang kalagayan ng wikang Gaddang sa domeyn ng tahanan ay ***nanganganib*** (Lebel 4) dahil ang wika ay ginagamit lamang ng ilang bata sa tahanan . Sa Kalakarang Umiiral Sa Domeyn Pangwika, ang antas ng pagkapanganib ay nasa multilinggwal na pagkakaparepareho (Lebel 4) dahil dalawa o higit pang wika ay ginagamit sa tahanan at edukasyon.

B. Kalagayan ng wikang Gaddang sa Lokal na Pamahalaan



1. May mga pagdiriwang na tampok ang wikang Gaddang ngunit walang mga programa para sa pagpapayaman nito.

Mayroong organisasyong nagtataguyod sa wikang Gaddang sa siyudad ng Cauayan (Ang Attarata Na Gaddang To Ciudad ti Cauayan) na nagiging lantad lamang sa panahon ng kapistahan.

2. Sinasalita ng lahat ng mga opisyal ng barangay/munisipyo ang wikang Gaddang ngunit iilan na lamang ang gumagamit ng wikang ito pagdating sa domeyn ng lokal na pamahalaan. Tanging matatandang opisyal na lamang ang matatas pagdating sa paggamit ng wikang Gaddang sa kabila ng paggamit ng bata hanggang matatanda sa wikang ito.

3. Nagagamit ang wikang Gaddang ngunit sa mga impormal na gawain lamang tulad ng mga pagpupulong. Ngunit nangingibabaw ang wikang Tagalog (Filipino) pagdating sa pormalidad nitong taglay. Mula sa mga ordinansa, resolusyon, katitikan ng mga pagpupulong at alin pa mang gawain sa lokal na pamahalaan, gamitan man ng Gaddang ay nangangailangan pa rin ng pagsasalin sa ibang wika para sa pormalidad nito.

4. Nasa sitwasyong *Lebel 2* ang wikang Gaddang dahil ginagamit lamang sa limitadong domeyn (lokal na pamahalaan) at ilang pagtitipon. Ang digri ng pagkapanganib nito ay *limitado o pormal na domeyn*. Bagaman matatas sa paggamit ng wikang Gaddang ang mga opisyal ng Brgy. Duminit at Guayabal, nananatili lamang ito sa mga karaniwang pakikipag-usap at hindi nagagamit sa mas mataas na lebel o pormal na paggamit ng wika- pasalita man o pasulat. Salik ukol sa mga tuntunin at saloobing pangwika ng pamahalaan at institusyong kabilang ang opisyal na estado at gamit ay nasa *Lebel 3* na may digri ng pagkapanganib na *pasibong asimilasyon*. Walang malinaw na tuntuning umiiral para sa minoryang wika (Gaddang) at ang nangingibabaw na wika (Filipino, Ingles, Ilokano) ang siyang umiiral sa pampublikong domeyn (industriya, pamahalaan).



C. Kalagayan ng Wikang Gaddang sa Paaralan

1. Tagalog ang nakasanayang wika ng mga bata sapagkat ito ang iminulat ng kanilang mga magulang sa kanila kaya bago pa pumasok sa paaralan mayroon na silang pundasyon sa wikang Tagalog.
2. Filipino at Ingles ang midyum sa pagtuturo.
3. Hindi bahagi ng kurikulum. Sa MTB-MLE, Filipino ang gamit na Mother Tongue , hindi wikang Gaddang.
4. Karaniwang natutunan ng mga bata ang wikang Gaddang sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kanilang mga kaklase at iba pang miyembro ng komunidad dahil madalang itong magamit sa loob ng paaralan.
5. Walang mga kagamitang pampagtuturo ng nasulat sa wikang Gaddang. Maging ang ortograpiya ay hindi pa napagtitibay ng kagawaran ng edukasyon.
6. **Sa domeyn pangwika, ang wikang Gaddang ay nasa Lebel 1** na nangangahulugang ang wika ay ginagamit lamang sa kakaunting domeyn at pagtitipon at may digri ng pagkapanganib na *labis na limitadong domeyn*. Ngunit dahil sa hindi ito bahagi ng kurikulum, hindi malayong bumagsak ito sa *Lebel 0* na nangangahulugang patay na sa loob ng paaralan kung hindi maaagapan at hindi maisakatuparan ang *IPEd*. *Sa salik na mga kagamitan para sa karunungan pangwika, nasa Lebel 0 dahil* walang ortograpiya (sulatin tungkol sa wastong



ispeling ng mga salita) sa komunidad, walang mga nakalimbag na literatura o mga aklat sa wikang Gaddang.

2. Mga hakbang tungo sa *Passalba* ng wikang Gaddang

Pagdating sa mga programa, walang naging malinaw na programa ang naisaad sa bawat domeyn maliban sa mga sumusunod:

2.1 Sa Tahanan

Itinuturo/ginagamit pa rin ng ilang mga amgulang at matatanda ang Gaddang sa pakikipag-usap sa mga anak

2.2 Sa lokal na pamahalaan

Ginagamit pa rin sa mga pagpupulong at pagtatanghal kultural kung pista ng Cauayan.

May umiiral na samahang “ Ataratta na Gaddang” na itinatag upang mamahala at mangalaga sa kultura ng mga katutubong Gaddang.

2.3 Sa paaralan

Ginagamit ang Gaddang sa mga impormal na pakikipag-ugnayan ng mga guro sa mga magulang ng mga mag-aaral. Gaddang ang wikang ginagamit ng guro sa mga miting.

Ang wikang Gaddang ang ginagamit ng guro sa pagtuturo upang maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Karaniwang teknik ng guro ang pagsasalin sa Gaddang at pagpapaliwanag kapag may kahirapang unawain ang leksyon.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Isang magandang pag-asa ng mga Gaddang ay ang *Indigenous Peoples Education na naglalayong buhayin at pasiglahin ang mga katutubong kultura kaakibat ang tradisyon, wika at kaugalian ng mga pangkat etniko sa bansa. Sa IPED* magagamit ang Gaddang bilang isa sa mga wikang gagamitin sa pagtuturo ng MTB-MLE.

3. Mga mungkahing programa para sa *passalba* ng wikang Gaddang

Sa layuning maisalba ang wikang Gaddang mula sa panganib ng unti-unting pagkamatay dala ng mga pagbabago sa edukasyon, ekonomiya at politika, may mga mungkahing programa na positibo ang pagtanggap ng mga mamamayang Gaddang.

3.1 Sa Tahanan

3.1.1 Pagkakaroon ng mga nakalimbag na mga aklat at mga babasahing nasusulat sa Gaddang upang magamit sa pagtuturo ng pagbasa sa wikang Gaddang.

3.1.2 Pagkakaroon ng mga akdang nasusulat sa Gaddang upang maging mas kawili-wili ang pagkatuto ng mga bata sa pagbasa at pagsulat sa wikang Gaddang.

3.1.3 Pagsasalin ng mga sikat na babasahin tungong Gaddang upang maging interesado ang mga makabagong kabataan sa pagkatuto ng wikang Gaddang.

3.1.4 Boluntaryong pakikilahok/pagsali ng bawat mag-anak sa mga organisasyong binuo/bubuoin ng komunidad sa pagtatatag at pagpepreserba ng wikang Gaddang.

3.1.5 Pagpapamulat ng mga nakatatanda sa bawat miyembro ng pamilya na importante ang wikang Gaddang hindi lamang bilang simbolikong pagkakakilanlan kundi sa lahat ng aspekto ng kanilang pagiging isang Gaddang.



3.2 Mga mungkahing programa sa Pamahalaan

3.2.1 Pagkakaroon ng mga *Speak in Gaddang Zone* sa bawat baranggay.

3.2.2 Pagkakaroon ng opisina sa bawat barangay ukol sa turismo kung saan ibibida ang wikang Gaddang.

3.2.3 Pagtatatag ng mga organisasyong ang pokus ay pagpapatatag ng wikang Gaddang.

3.2.4 Pagkakaroon ng mga taunang patimpalak tuwing fiesta na may kaugnayan sa wikang Gaddang.

3.2.5 Pagsasalin ng mga karatula/*signages* na ikinakabit sa komunidad na nakasalin sa wikang Gaddang.

3.2.6 Pagsasalin ng mga bisyon at misyon at ilan pang mahahalagang dokumento na naglalahad ng pagkakakilanlan ng isang komunidad tungong Gaddang.

3.2.7 Pagkakaroon ng *City Hymn* (awitin pambayan) na nasusulat sa Gaddang.

3.3. Mga programa sa Paaralan

3.3.1 Mga patimpalak sa paggamit ng wikang Gaddang tulad ng mga islogan, pagbigkas ng tula, radio drama at iba pang ginagamitan ng wika.

3.3.2 Pagdaragdag ng mga kagamitang pampagtuturo na nasusulat sa wikang Gaddang.

3.3.3 Pagkakaroon ng mga *Speak in Gaddang Zone* sa mga paaralan.

3.3.4 Pag-awit sa mabubuong *City Hymn* na nasusulat sa wikang Gaddang.



3.3.5 Pagkakaroon ng mga *signage's* na nasasalin sa tatlong wikang ginagamit sa Cauayan (Ingles, Filipino at Gaddang)

Konklusyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Napatotohanan ang pagkakabilang ng wikang Gaddang sa listahan ng mga wikang nanganganib na mamatay. Bagaman ang wikang Gaddang ay buhay pa, ito ay nasa panganib na nang unti-unting *pakkawawan* dahil lumiliit na ang bilang ng mga ispiker nito (matatanda na lamang) at limitado na sa mga impormal na sitwasyon ang paggamit dito.
2. Ang wikang Gaddang ay hindi na L1 ng karamihang Gaddang, nangingibabaw ang Tagalog bilang L1.
3. Kailangang maisalba ang wikang Gaddang sapagkat ito ang tatak ng pagkatao , ng lahi, kasaysayan at kalayaan ng pangkat etnikong Gaddang na isang mahalagang bahagi ng mayamang kultura ng siyudad ngCauayan.
4. Kailangan ang aktibong pagkilos sa bawat domeyn ng mga kinauukulan (magulang, opisyal ng pamahalaan, mga guro) upang maitaguyod at mapasigla ang paggamit ng wikang Gaddang.

Rekomendasyon

Ang mga sumusunod na rekomendasyon o mungkahi ay nabuo pagkatapos ng pag-aaral na ito:



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

1. Sa tahanan, ituro ang Gaddang kasabay ng pagtuturo ng ibang wikang gamit sa paaralan at sa pamahalaan upang mapahalagahan at maipagpatuloy ng mga bagong henerasyon.
2. Maisagawa ang mga naitalang mungkahing gawain/programa sa bawat domeyn upang maialis ang wikang Gaddang sa listahan ng mga wikang nanganganib ng mawala.
3. Magkaroon ng disiminasyon ng kopya ng mga akda, teksto, diksyunaryo, balarila, at/o ortagrapiya ng wikang Gaddang kung mayroon man.
4. Magtatag ng organisasyong tulad ng *Attarata na Gaddang To Ciudad ng Cauayan* na pamumunuan ng mga kabataan upang mahikayat ang mga kabataang tulad nila na mahalin ang kanilang wikang Gaddang.
5. Magsagawa ng dokumentasyon ng panitikan ng Gaddang na maaring gawing kagamitang pampagtuturo sa mga paaralan.
6. Para sa mga susunod pang mananaliksik, bagaman limitado ang datos na nakalap sa pananaliksik na ito, maaari itong magsilbing dokumento upang maunawaan ang tunay at kasalukuyang kalagayan ng wikang Gaddang.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

MGA SANGGUNIAN

Agcaoili, Aurelio. (2008) "At ang tao ay naging wika at ang wika ay tao." Hinalaw noong Mayo 20, 2020 sa

<https://aurelioagcaoili.wordpress.com/tag/multilingualism-in-the-philippines/>.

Allard, R., & Landry, R. (1992). Ethnolinguistic Vitality Beliefs and Language Maintenance and Loss. Hinalaw noong Mayo 20, 2020 sa

[https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=JTNxqRVicVAC&oi=fnd&pg=PA171&dq=Allard+at+Landry+\(1992\)&ots=X_xd47P1Mj&sig=g5zbwSSqWBa57KrfS2e1vfmujWg&redir_esc=y#v=onepage&q=Allard%20at%20Landry%20\(1992\)&f=false](https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=JTNxqRVicVAC&oi=fnd&pg=PA171&dq=Allard+at+Landry+(1992)&ots=X_xd47P1Mj&sig=g5zbwSSqWBa57KrfS2e1vfmujWg&redir_esc=y#v=onepage&q=Allard%20at%20Landry%20(1992)&f=false)

Almario, Virgilio S. (2018). Mensahe. Lingayen, Pangasinan, Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikang Pangasinan.

Anderson, V., & Anderson, J. (2007). *Pangasinan—An Endangered Language? Retrospect and Prospect*. Hinalaw noong Hunyo 11, 2020 sa

<http://www2.hawaii.edu/~vanderso/Pangasinan.pdf>

Atezora, Ryan (2018). Paka'met tan Pangisalba: Kaso ng Wikang Bolinao sa Bayan ng Anda, Pangasinan. Di-limbag na tesis. De La Salle University.

Bantayog-Wika. Hinalaw noong Hunyo 11, 2020 sa

<https://pia.gov.ph/news/tags/bantayog-wika>

Bantayog-Wika Gaddang. Hinalaw noong Mayo 20, 2020 sa

<https://pia.gov.ph/news/articles/1035334>

Cagayan Valley Today, Pebrero 1977.

Cahill, Michael. 1999. From endangered to less endangered: Case histories from Brazil and Papua New Guinea. SIL Electronic Working Papers 1999-

001. Hinalaw noong Mayo 20, 2020 sa

www.sil.org/silewp/1999/006/, <https://www.sil.org/resources/publications/entry/7880> (rev. ed. 2004).

Chomsky, N. (1972). *Language and Mind*. Third Edition. Hinalaw noong Hunyo

11, 2020 sa <https://www.ugr.es/~fmanjon> › *Language and Mind*



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

- Constantino, Pamela C. & Atienza, Monico M. (1996). *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. University of the Philippines Press.
- Constantino, Pamela C. Pagpaplanong Pangwika Tungo sa Modernisasyon: Karanasan ng Malaysia, Indonesia at Pilipinas. Pdf Hinalaw noong Mayo 20,2020 sa [https://www.goodreads.com › show](https://www.goodreads.com/show)
- Creswell, John W. (2013). *Qualitative Inquiry and Research Design: Choosing Among Five Approaches*. University of Nebraska, Lincoln
- Cristobal, S. (2020). *Mawawan annu Passalba: Kalagayan ng Wikang Yogad sa Ilang Lugar sa Bayan ng Echague*. (Di-limbag na tesis). Philippine Normal University North Luzon.
- Crystal, David (2000). *Language Death*. United Kingdom: Cambridge University Press. Pdf Ethnologue: Languages of the World. Hinalaw noong Mayo 21,2020 sa www.ethnologue.com/country/PH/status.
- Dalby, Andrew. 2003. *Language in danger*. How language loss threatens our future. Harmondsworth, UK: Penguin.
- David, Randy. (1988). *Mensahe. Ang Wika bilang Instrumento ng Pambansang Pagpapalaya*. UP Faculty Center Conference Hall, Agosto 1988. Hinalaw noong Agosto 7, 2020 sa <https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4952>.
- DepEd (2012). *Guidelines on the Implementation of the Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE)*. Hinalaw noong Mayo 30, 2020 sa <http://deped.gov.ph/orders/do-16-s-2012>.
- Ethnologue: Languages of the World. Hinalaw noong Mayo 20,2020 sa www.ethnologue.com/country/PH/status.
- Ferguson, G. (2006) *Language planning and education* Hinalaw noong Hunyo 11,2020 sa [https://www.researchgate.net › publication › 286532213_...](https://www.researchgate.net/publication/286532213_...)
- Fishman, Joshua A. 1991. *Reversing language shift. Theoretical and empirical foundations of assistance to threatened languages*. Clevedon, UK: Multilingual Matters.
- Fishman, Joshua (2007). "What Do You Lose When You Your Language?" *Stabilizing Indigenous*. Ed. Cantoni, Gina Arizona: Northern Arizona University. Hinalaw noong Mayo 20,2020 sa [http://www2.nau.edu › jar › SIL](http://www2.nau.edu/jar/SIL) › Fishman



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Fortunato, T. & Valdez, M.S. (2003). *Pulitika ng wika*. Manila. Manila: National Book Store.

Fraenkel, J.R. at Wallen, N.E. (1993). How to design and evaluate research in education. (2nd edition). McGraw-Hill Book Company.

Fromklin, V., Rodman, & Hyams (2013 (2017). An Introduction to Language: 11th Edition. Retrieved on May 20,2020 from https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=Pa9EDwAAQBAJ&oi=fnd&pg=PP1&dq=victoria+fromkin&ots=EDR2zCh4zI&sig=2qhP1_17YUNY1CmR5vozOE0Do-o&redir_esc=y#v=onepage&q&f=false

Genuino, Cecilia F. (2005) Language extinction in process across Chavacano communities: A sociolinguistic approach.” Hinalaw noong Agosto 17,2020 sa https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_doctoral

Gibbs, W. Wayt. 2002. Saving dying languages. *Scientific American* 287.78–86.

Giles, H., Rosenthal, D., & Young, L. (1985) ‘Perceived Ethnolinguistic Vitality: The Anglo- and Greek-Australian Setting’. *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, 6, 3-4, 253-269.

Giles, H., Bourhis, R. Y., & Taylor, D. M. (1977) Towards a Theory of Language in Ethnic Group Relations. In: H. Giles (ed.) *Language, Ethnicity and Intergroup Relations*. London: Academic Press, p. 307-348.

Gonzalez, A. . (2009). Ang Kahalagahan ng Wikang Pambansa sa Pagbubuo ng Kakanyahang Pilipino. *MALAY*, 22(1). Retrieved from <http://ejournals.ph/form/cite.php?id=7949>

Gusi, Beatriu Krayenbühl I, tran. (1995). *Universal Declaration of Linguistic Rights*. Orlando Florida: Harcourt Brace & Company. Web.

Headland, Thomas N. (2003) "Thirty endangered languages in the Philippines," *Work Papers of the Summer Institute of Linguistics, University of North Dakota* Session: Vol. 47 , Article 1.

Himmelmann, N.P. (2008). Reproduction and Preservation of Linguistic Knowledge: Linguistics’ Response to Language Endangerment. *Annual Review of Anthropology*. Vol. 37:337-350. Hinalaw noong Hunyo 11,2020 sa <https://doi.org/10.1146/annurev.anthro.37.081407.085226>

<https://www.businessinsider.com/15-languages-around-world-going-extinct-2018-3#patwin-4>



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

https://en.wikipedia.org/wiki/Mudbura_language

<https://livingtongues.org/os-chulym/>

<https://www.survivalinternational.org/news/11549>

<https://www.tomedes.com/translator-hub/world-most-endangered-languages>

<https://www.wanderlust.co.uk/content/worlds-most-endangered-languages/>

Know Cauayan City. <https://cityofcauayan.gov.ph/know-cauayan-city/>

Kobari, Yoshiro. (2016). The game of naming: A case of the Butuanon language and its speakers in the Philippines: Asia University.

Komisyon sa Wikang Filipino.(2016). *Atlas ng mga Wika ng Filipinas*. Manila 2016.

Krauss, Michael. 1992. The world's languages in crisis. *Language* 68.4–10

Laliberte ,M.. 2019. 15 of the Most Endangered Languages in the World. Hinalaw noong Hunyo 11, 2020 sa <https://www.rd.com/list/endangered-languages/>

Lewis, P. & Simons,G. (2009). Assessing Endangerment: Expanding Fishman's GIDS. *Revue Roumaine de Linguistique* for the special issue on endangered languages. Publication: http://www.lingv.ro/resources/scm_images/RRL-02-2010-Lewis.pdf . Hinalaw noong Hunyo 11, 2020 sa https://www.researchgate.net/publication/228384852_Assessing_endangerment_Expanding_Fishman's_GIDS

Lumbera, B. (2003). “*Ang Wika ay Kasangkapan ng Maykapangyarihan: Ang Wika bilang Instrumentong Politikal.*” Panayam, Seryeng Filipinolohiya, DLSU. Hinalaw noong Mayo 2,2020 sa <https://pdfcoffee.com/fil-40-readings-wika-at-politika-pdf-free.html>

Mallareddy, K. (2012). Poor performance of communicative skills in mother tongue resulted in failure of undergraduate students in Indian university examinations. *International Journal of Social Science and Humanity*, 2(6), 539. doi:10.7763/IJSSH.2012.V2.166

Marti, F.,Ortega, P.,Idiasabal, I., Barrena, A., Juaristi, P., Jenyet, C., Uranga, B. & Amorrortu, E. (2005). *World and Worlds:World Languages Review*. Hinalaw noong Mayo 20, 2020 sa

https://www.researchgate.net/publication/263458852_Words_and_Worlds_World_Languages_Review



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

- Medilo, J.C. (2017). The Experience of Mother Tongue-Based Multilingual Education Teachers in Southern Leyte, Philippines.
- Miano, T.A.G. (2014). Historical Development of the City of Cauayan, Province of Isabela. Hinalaw noong Hunyo 11, 2020 sa
<https://drive.google.com/.../0B9o28BXUiV2IMC1iS2x.../view...>
- Miroslav Černý. (2010). "Language Death versus Language Survival: A Global Perspective." In Beyond Globalisation: Exploring the Limits of Globalisation in the Regional Context (conference proceedings), 51-56. Ostrava: University of Ostrava Czech Republic, Hinalaw noong Hunyo 11, 2020 sa
<http://conference.osu.eu/globalization/publ/06-cerny.pdf>.
- Namanya, Sheri. (2017). The Effects of Mother Tongue-Based Multilingual Education on the English Literacy of Children in Silang, Philippines. Hinalaw noong Hunyo 11, 2020 sa
[https://www.researchgate.net/publication/337855312 THE EFFECTS OF MOTHER TONGUE-BASED MULTILINGUAL EDUCATION ON THE ENGLISH LITERACY OF CHILDREN IN SILANG PHILIPPINES](https://www.researchgate.net/publication/337855312_THE_EFFECTS_OF_MOTHER_TONGUE-BASED_MULTILINGUAL_EDUCATION_ON_THE_ENGLISH_LITERACY_OF_CHILDREN_IN_SILANG_PHILIPPINES)
- Nettle, Daniel, and Suzanne Romaine. 2000. Vanishing voices. The extinction of the world's languages. Oxford, UK: Oxford University Press.
- Noels, K.A. & Yang Fang, HK, (2014), Ethnolinguistic Orientation and Language Variation: Measuring and Archiving Ethnolinguistic Vitality, Attitudes, and Identity. Language and Linguistics Compass. 2014. Hinalaw noong Nobyembre 8, 2020 sa
<https://onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1111/lnc3.12105>
- Ortega, Karina Paula V. (2016). Ebalwasyon ng Patakarang Pangwika ng UP Integrated School (2003–2016): Implikasyon sa Patakarang Pangwika ng Pilipinas sa Edukasyon. University of the Philippines – Diliman. PDF sa:
<https://journals.upd.edu.ph/index.php/phr/article/view/6407/0>
- Paglaho ng Katutubong Wika. Hinalaw noong Mayo 20, 2020 sa
<https://news.abs-cbn.com/spotlight/07/30/19/paglaho-ng-mga-katutubong-wika-sa-pilipinas-layong-pigilan>
- Palting, Julievic D., "Pabburulun: Isang Dalumat- Leksikograpikal Tungo sa Pagbuo ng Panimulang Diksyunaryong Yogad Bilang Sangguniang Materyal". Dilimbag na disertasyon. De La Salle University, Manila.



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Pangilinan, M. (2012). *Kapampangan Lexical Borrowing from Tagalog: Endangerment rather than Enrichment*.
https://www.academia.edu/5419261/Kapampangan_Lexical_Borrowing_from_Tagalog_Endangerment_rather_than_Enrichment

Paz, Consuelo J. (1995). *Ang Wikang Filipino: Atin Ito, Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas-Sistema*.

Paz, Consuelo J. (2005). *Filipino: Pinagkaisahang Wika*. *Ang Wikang Filipino: ATin Ito. Sentro ng Wikang Filipino – Diliman*. Unibersidad ng Pilipinas. Web

Quakenbush, J.S., & Simons, G. (2009). *Looking at Austronesian language vitality and endangerment through EGIDS and the sustainable use model*.
<http://citeseerx.ist.psu.edu/viewdoc/download?doi=10.1.1.693.622&rep=rep1&type=pdf#page=6>

Quito, Emerita S. (2009). *Ang Kaugnayan ng Wikang Pambansa at Edukasyon. Sa Malay Natatanging Isyu sa Wika*. Tomo XXII Blg. 1. pp. 24-25). Manila: De La Salle University.

Republic Act 10333 or the Basic Education Act of 2013. (2013). Retrieved May 30, 2020 from <http://www.gov.ph>

Reyes, Ruben T. (2017). *Wika at Batas*. Metro Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.

Riefe, M. (2019). Multilingualism in Africa: Language contact, endangerment and cultural conceptualization. Hinalaw noong Hunyo 11, 2020 sa
<https://linguistlist.org/issues/30/30-2029/>

Santos, Bayani. (2008) "Linguistic Enfranchisement: Saligang Etika, Moral, at Pulitikal ng Karapatang Pangwika." Hinalaw noong Mayo 20, 2020 sa
https://www.academia.edu/191640/Linguistic_Enfranchisement_Web.

Sapir-Worf-Hypothesis: Examples and Definition. (2015). Hinalaw noong Setyembre 20, 2020 sa <https://study.com/academy/lesson/sapir-whorf-hypothesis-examples-and-definition-html>.

Sasse, H-J. (1990, August). Theory of language death. Arbeitspapier Nr.12 (Neue Folge). Institut für Sprachwissenschaft, Universität zu Köln. Hinalaw noong Setyembre 8, 2020 sa <https://www.researchgate.net/publication/308026111>

Saussure, F. (1972). *Langue and Parole*. <https://literariness.org/2020/10/11/langue-and-parole/>



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

- Sibayan, B. (1991). The intellectualization of Filipino. *Journal of the Sociology of Language*, 88,69–82.
- Sibayan, B., & Gonzalez, A. (1996). Post-imperial English in the Philippines. In J. A. Fishman, A.W. Conrad, & A. Rubal-Lopez (Eds.), *Post-imperial English: Status change in former British and American colonies, 1946-1900* (pp. 139–172). Berlin: Mouton de Gruyter.
- Sibayan, Bonifacio P. (2005). The Role and Status of English vis-à-vis Filipino and other Languages in the Philippines. Hinalaw noong Hunyo 11,2020 sa <http://lynchlibrary.pssc.org.ph:8081/bitstream/handle/0/2524/Sibayan,%20Bonifacio%20P.%20%20The%20status%20and%20role%20of%20English%20and%20Pilipino%20in%20the%20Philippines.pdf?sequence=1&isAllowed=y>
- Spolsky, Bernard. (2009) *Language Management*. Cambridge, New York: Cambridge University Press. Hinalaw noong Mayo 19,2020 sa <http://english.fullerton.edu/publications/clnArchives/pdf/LgMgmt.pdf>
- Sutherland, William J. (2003). Parallel extinction risk and global distribution of languages and species. *Nature* 423.276–9.
- Tajolosa, Teresita D. (2012). *Predicting the Ethnolinguistic Vitality of an Endangered Philippine Language: The Case of Three Batak Communities in Palawan*. Manila: De La Salle University.
- Tajfel, H. and Turner, J. C. (1986). *The social identity theory of intergroup behavior*. <https://psycnet.apa.org/record/2004-13697-016>
- Thompson, H. (2015, June 16). Half of all languages come from this one root tongue. Here's how it conquered the Earth. Hinalaw noong Nobyembre 28, 2019, sa <https://www.smithsonianmag.com/smart-news/watch-how-indo-european-languages-conquered-earth-180955578/>
- Whaley, L. (2019, August). *Endangered language revitalization*.
- Tupas, Ruanni & Martin, Isabel. (2016). Bilingual and Mother Tongue-Based Multilingual Education in the Philippines. 10.1007/978-3-319-02324-3_18-1.
- UNESCO Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages Vitality and Endangerment. UNESCO. Mula sa: <https://www.unesco.org/culture/ich/doc/src/00120-EN-pdf.2003>.
- Van Maanen, J. (1983). Reclaiming Qualitative Methods for Organizational Research: A Preface. *Administrative Science Quarterly*, 24(4), 520-526. doi:10.2307/2392358



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Wa-Mbaleka, S. (2014). Two proposed perspectives on mother tongue-based education in the Philippines. *International Journal of Academic Research in Progressive Education and Development*. 3(4), 302-312. doi:10.6007/IJARPED/v3-i4/1295

Wurm, S. (1998). "Methods of language maintenance and revival, with selected cases of language endangerment in the world". Hinalaw noong Hunyo 11, 2020 sa
https://www.researchgate.net/publication/294141422_Language_death_and_language_maintenance_problems_and_prospects

Zafra, Galileo S. at Enriquez, Ma. Althea T. (2019). PANDIWA: Lathalain Para sa Wika at Kultura. Metro Manila: Komisyon sa Wikang Filipino. Print



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

APENDIKS



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY


The National Center for Teacher Education

APENDIKS A

**Liham-Pahintulot sa Pangangalap ng Datos sa Tanggapan ng
National Commission on Indigenous Peoples
(Provincial Level)**

January 24, 2020

ATTY. LADYLANE M. BALLESTEROS-FROGOSO
ATTY. IV / OIC Provincial Officer
NCIP Isabela Provincial Office
Ground Floor, Queen Isabela Park
Capitol Compound, Barangay Alibagu
City of Ilagan, Isabela



Ginang:

Ako si Janine M. Villanueva, kasalukuyang kmukuha ng dikring Dalubhasa sa Sining sa Edukasyon Espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas – Hilagang Luzon. Sa ngayon, kasalukuyan akong nagsusulat ng aking tesis na may pamagat na Pakkawawan antare Pangisalak: Kaso ng Wikang Gaddang sa Siyudad ng Cauayan, Isabela.

Humihingi po ako ng pahintulot na ako ay mabigyan ng pagkakataong makangalap ng datos para sa aking pag-aaral. Nawa'y mapagbigyan ninyo ang aking kahilingan.

Salamat po.

Lubos na sumasainyo,

JANINE M. VILLANUEVA
Mag-aaral-Mananaliksik



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

APENDIKS B

Work and Financial Plan for IKSP Field Based Validation



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

APENDIKS C

Liham-Pahintulot sa mga Kalahok ng Pag-aaral

PAMANTASANG NORMAL NG PILIPINAS

Ang Pambansang Sentro ng Edukasyong Pangguro
Kolehiyo ng mga Wika, Linggwistika at Literatura
Hilagang Luzon

Ginigiliw kong Tagatugon:

Pagbati!

Kasakaluyan pong gumagawa ang inyong lingkod ng pag-aaral hinggil sa kalagayan ng wikang Gaddang sa Siyudad ng Cauayan.

Kaugnay nito, magalang ko pong hinihingi ang inyong tulong na makapangalap ng ilang impormasyon tungkol sa nasabing pokus ng pag-aaral. Mangyari lamang na tugunan ang mga hinihinging impormasyon.

Marami pong salamat!

Lubos na sumasainyo,

(sgd.) JANINE M. VILLANUEVA
Estudyante/Mananaliksik



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

APENDIKS D

Listahan ng mga Katutubong Gaddang na Kinapanayam

Pangalan	Edad	Impormante #	Lugar ng Tirahan
Resty Tuta Balog	66	1	Guayabal, Cauayan
Venus Jao	22	2	Duminit, Cauayan
Ericka Babaran	20	3	Duminit, Cauayan
Leticia L. Guzman	64	4	Guayabal, Cauayan
Sherly Talosig	50	5	Duminit, Cauayan
Dante Dela Peña	49	6	Duminit, Cauayan
Visitacion Castillo	51	7	Guayabal, Cauayan
Luz Ocasion	57	8	Guayabal, Cauayan
Marisol Dizon	31	9	Guayabal, Cauayan
Maribel Argonza	51	10	Guayabal, Cauayan
Annie Belga	41	11	Duminit, Cauayan
Leonard Gumiran	27	12	Duminit, Cauayan
Catherine Marcos	40	13	Duminit, Cauayan
Eligio Nestor Paraggua	60	14	Guayabal, Cauayan
Wilma Guzman	60	15	Guayabal, Cauayan
Jose Gammad	68	16	Guayabal, Cauayan
Joel Parallag	47	17	Guayabal, Cauayan
Sabino Calati	62	18	Duminit, Cauayan
Herminia B. Gammad	71	19	Guayabal, Cauayan



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Romalyn B. Ambatali	36	20	Guayabal, Cauayan
Teresita Duarte	50	21	Guayabal, Cauayan

APENDIKS E

Gabay na Tanong sa Isinagawang Panayam sa mga Gaddang sa Lungsod ng Cauayan

1. Anong pangalan mo?
2. Ilang taong gulang na sa kasalukuyan?
3. Anong etnolinngwistikong pangkat ang kinabibilangan?
4. Lahat ba ay gumagamit ng wikang Gaddang? O may mga bata nang hindi na sinasalita ito?
5. Ano ang nakikitang dahilan kung bakit may mga bata nang hindi na ginagamit ang wikang ito?



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

APENDIKS F

Talatanungang Ginamit para sa Sarbey sa Kalagayan ng Wikang Gaddang mula sa mga Napiling Kalahok



PAMANTASANG NORMAL NG PILIPINAS
Ang Pambansang Sentro ng Edukasyong Pangguro
Kolehiyo ng mga Wika, Linggwistika at Literatura
Hilagang Luzon

Ginigiliw kong Tagatugon:

Pagbati!

Kasalukuyan pong gumagawa ang inyong lingkod ng pag-aaral hinggil sa kalagayan ng wikang Gaddang sa Siyudad ng Cauayan.

Kaugnay nito, magalang ko pong hinihingi ang inyong tulong na makapangalap ng ilang impormasyon tungkol sa nasabing pokus ng pag-aaral. Mangyari lamang na tugunan ang mga hinihinging impormasyon.

Marami pong salamat!

Lubos na sumasainyo,

(sgd.) **JANINE M. VILLANUEVA**
Estudyante/Mananaliksik

**SARBAY SA PAKKAWAWAN ANTARE PANGISALAK: KASO NG
WIKANG GADDANG SA SIYUDAD NG CAUAYAN**



PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

The National Center for Teacher Education

Pangalan (opsyonal): _____

Edad: _____

Lugar ng Kapanganakan: _____

Mga Wikang Sinasalita: ☐ Gaddang ☐ Tagalog ☐ Ingles ☐ Iluko ☐ Iba pa:

I. Ang Kalagayan ng Wikang Gaddang sa Siyudad ng Cauayan

A. Kalagayan ng Wikang Gaddang sa Tahanan

A.1 Ang Dominanteng wika sa Loob ng Tahanan

Panuto: Lagyan ng tsek ang wikang pinakaginagamit (1) sa loob ng tahanan.

Wika	✓
1. Gaddang	
2. Ingles	
3. Tagalog	
4. Iluko	
5. Ybanag	
6. Iba pa: _____	

A.2. Ang Kalagayan ng wikang Gaddang sa Loob ng Tahanan

Panuto: Ang mga sumusunod na aytem ay may layuning matukoy ang kalagayan ng wikang Gaddang sa loob ng tahanan. Gamit ang kwalitatibong deskripsiyong nakalahad sa ibaba, tukuyin kung anong antas ng panganib ang kinakaharap ng wikang Gaddang sa loob ng tahanan. Lagyan ng tsek (/) ang kahong tumutugon sa iyong kasagutan.

